JACINTINA

Hiyas ng Panulat ni Emilio Jacinto



VIRGILIO S. ALMARIO

Pambansang Alagad ng Sining

University of Santo Tomas Publishing House

✈ JACINTINA ✈

Hiyas ng Panulat ni Emilio Jacinto

VIRGILIO S. ALMARIO

UST PUBLISHING HOUSE
Manila, Philippines
2011

Imprint ng University of Santo Tomas Publishing House

Karapatang-ari © 2011 ni Virgilio S. Almario
Reserbado ang lahat ng karapatan, kasáma na ang mga karapatan sa reproduksiyon at paggamit sa anumang anyo at paraan, maliban kung may nakasulat na pahintulot mula sa mga mayhawak ng karapatang-ari

Unang limbag ng unang edisyon, 2011, Adarna House, Inc.
Unang limbag ng ikalawang edisyon, 2011, University of Santo Tomas Publishing House
Inilimbag sa Filipinas

Guhit at disenyo ng pabalat ni Robert Dannielle J. Sinaban
Disenyo ng libro ni Eli F. Camacho

UNIVERSITY OF SANTO TOMAS PUBLISHING HOUSE
Beato Angelico Building
España, Maynila 1015 Philippines
Telefax: (63-2) 731-3522 • Tel. Blg. 406-1611 Loc. 8252 / 8278
E-mail: publishing@mnl.ust.edu.ph

Rekomendadong Lahok:

Almario, Virgilio S.
Jacintina : hiyas ng panulat ni Emilio Jacinto / Virgilio S. Almario. — Manila : UST Publishing House, c2011.
86 pp. ; 22.86 cm.

ISBN 978-971-506-613-6

1. Philippine literature (Filipino) — History and criticism
2. Philippine poetry (Filipino) — History and criticism. I. Title.,

At ang dila ng dungo ay aawit.
(Isaias, 35:6)

Ang kabuhayang hindi ginugugol sa isang malaki at banal na kadahilanan ay kahoy na walang lilim kundi man damong makamandag.

Ang gawang magalíng na nagbubuhat sa pagpipita sa sarili at hindi sa talagang nasàng gumawa ng kagalíngan ay di kabaitan.

Ang tunay na kabanalan ay ang pagkakawanggawa, ang pag-ibig sa kapuwa, at ang isukat ang bawat kilos, gawa't pangungusap sa talagang Katwiran.

Maitim man o maputî ang kulay ng balát, lahat ng tao'y magkakapantay; mangyayaring ang isa'y higtan sa dunong, sa yaman, sa ganda, ngunit di mahihigtan sa pagkatao.

Ang may mataas na kalooban, inuuna ang puri kaysa pagpipita sa sarili; ang may hamak na kalooban, inuuna ang pagpipita sa sarili kaysa puri.

Sa táong may hiyâ, salitâ'y panunumpa.

Huwag mong sasayangin ang panahon; ang yamang mawala'y mangyayaring magbalik; ngunit panahong nagdaan na'y di na muli pang magdaraan.

Ipagtanggol mo ang inaapi at kabakahin ang umaapi.

Ang táong matalino'y ang may pag-iingat sa bawat sasabihin; at matutong ipaglihim ang dapat ipaglihim.

Sa daang matinik ng kabuhayan, lalaki ay siyang patnugot ng asawa't mga anak; kung ang umaakay ay tungo sa samâ, ang patutunguhan ng inaakay ay kasamaan din.

Ang babae ay huwag mong tingnang isang bagay na libangan lámang kundi isang katuwang at karamay sa mga kahirapan nitóng kabuhayan; gamitin mo nang buong pagpipitagan ang kaniyang kahinaan at alalahanin ang inang pinagbuhata't nag-iwi sa iyong kasanggulan.

Ang di mo ibig gawin sa asawa mo, anak, at kapatid ay huwag mong gagawin sa asawa, anak, at kapatid ng iba.

Ang kamahalan ng tao'y wala sa pagkahari, wala sa tangos ng ilong at puti ng mukha, wala sa pagka-paring KAHALILI NG DIYOS, wala sa mataas na kalagayan sa balát ng lupa. Wagas at tunay na mahal na tao kahit laking-gubat at walang nababatid kundi ang sariling wika; yaong may magandang asal, may isang pangungusap, may dangal at puri; yaong di napaaapi't di nakikiapi; yaong marunong magdamdam at marunong lumingap sa bayang tinubuan.

(Emilio Jacinto, "Mga Aral Ng Katipunan
Ng Mga Anak Ng Bayan"*)

**Malimit na tawagin itong "Kartilya ng Katipunan," at nakasudlong ito noon sa sinusumpaang kasulatan ng sinumang nais sumapi sa Katipunan. Iba ito sa "Katungkulang Gagawin ng mga Z. Ll. B." na sinulat ni Andres Bonifacio.*

Unang Pasakalye

Bakit "Jacintina?" Ang simpleng sagot, sapagkat walang "Hasintina" sa alinmang diksiyonaryo ng mga wika sa Filipinas. Ang mas biyograpiko/historikong sagot, sapagkat lunggati ko na noon pang ihanap ng kaukulang pang-uri ang "Jacinto" para sa proyekto kong ito ng pagpapahalaga sa uri ng kamalayang taglay ni Emilio Jacinto, o higit marahil angkop, sa uri ng kamalayang nakakintal sa mga akdang may tatak na "Emilio Jacinto." Na higit kong pinroblema nang mabuntis ang aking anak na si Ani Rosa, isang masugid na tagahanga ni Jacinto, at nais ipangalan ang kaniyang panganay sa Utak ng Katipunan. Babae ang isinilang ni Ani at ayaw niya ng "Emilia"—masyadong karaniwan, lalo na'y ayaw niyang magkapalayaw ang anak ng tunog Kanluranin: "Emy," "Emily, "Emilie" (Ipagpaumanhin ng may ganitong mga pangalan. Wala pong layuning maliitin ang inyong magulang at lalo nang walang motibong husgahan ang marangal na kahulugan ng inyong pagkabinyag.) Kayâ ipinasiya nilá ng mister na si CP noong 22 Agosto 2009 na gamitin pa rin ang apelyido ng editor ng *Kalayaan*. Isinilang ang salitâng "Jacinta" sa aming pamilya, bagaman alam kong hindi ito nag-iisa dahil maraming relihiyosang ina at deboto ni San Jacinto (Tandaan ang isa sa tatlong batàng pinaghimalaan ng Birhen ng Fatima.) o parokyano ng Panciteria San Jacinto ang siguradong ipinambinyag na ito sa kanilang naging anak na babae.

[Dapat ko pang ihabol si Maestrang Jacinta, dahil ngayon ko lámang natitigan, ang huwarang guro sa satirikong kathang "La maestra de mi pueblo" ni Antonio Luna. Nalathala ito sa *La Solidaridad* (30 Abril 1890) ngunit walang nakapansin. Iminumungkahi ko ngayong pansinin sapagkat maaari itong ituring, katambal at kapanahon ng "Pahayag" ni Emilio Jacinto, bilang makabuluhang ugat ng maikling kuwento sa Filipinas. Mungkahi ko ring pansinin ang galíng ni A. Luna bilang pangunahing manunulat sa Panahon ng Propaganda at upang makawala táyo mula sa bilangguan ng pag-imahen sa kaniya bilang magiting na heneral.]

["Jacinta." Ang ganda! Gayunman, natitiyak ko na "Cinta" at hindi tulad kong "Sinta" ang pagsulat ng iba sa palayaw ng aking simpatikang apo.]

"Jacinta"? Walang ganitong anyo ang *jacinto* sa wikang Espanyol, mula sa Griyegong *huakinthos* at sa pangalan ni Hyacinthus, isang

napakagandang batang lalaki sa mitolohiyang Griyego na minahal ng diyos na si Apolo ngunit aksidenteng namatay nang matamaan ng inihagis niyang platong bakal (ang *discus* sa isports). Mula sa dugo ni Hyacinthus ay pinasibol ni Apolo ang halamang-tubig na *jacinto* (*Hyacinthus orientalis*) na karaniwang may bulaklak na mala-lilang bughaw. *Jacinto* rin ang tawag sa isang hiyas na tinawag ng mga French na *hyacinthe* na kakulay at napagkakamalang sapiro. May mineral ding tinatawag na *jacinto de Compostela* ang mga Espanyol para sa kristalisadong quartz na kulay *rojo oscuro*.

Ikalawang Pasakalye

Sa makapal na diksiyonaryo ng Real Academia Española ko rin unang natunghayan ang *jacintina/no*, isang pang-uring matulain para sa kakulay ng biyoleta.

Ngunit hindi ako interesado sa kulay ng bulaklak o uri ng hiyas na *jacinto*. Higit kong nais gamitin ang pang-uri upang ipantukoy sa proyekto kong "hinggil kay Jacinto" o sa isang uri ng kamalayang Filipino na nais kong bungkalin sa pamamagitan ng pagtitig sa akda ni Jacinto at pagsipat dito sa loob ng panahong nagpasiklab sa Himagsikang Filipino. Gayunman, nais ko ring ipaturing na bulaklak o hiyas ang akda ni Jacinto, bulaklak o hiyas ng sinilangan nitóng panahon at makabuluhan sa pagsipat ng kasaysayang pampanitikan ng Filipinas. Magulo ba?

E bakit nga "Jacintina"? Bakit hindi "Hasintina"? May "hasinto" naman sa *UP Diksiyonaryong Filipino* at maaaring idagdag na lahok sa diratíng nitóng edisyon ang pang-uring "hasintina."

Ang problema ko, hindi naman "hasinto" na halaman o mineral ang aking nais tukuyin. Wala akong interes botaniko at lalo na'y wala akong hilig heolohiko o alahero. Sa halip, panukala kong ipasok sa bokabularyo ng kritisismong pampanitikan at agham panlipunan ang "jacintina" bilang isang kislap-diwa, bilang pinakarebolusyonaryong paglagom sa mga konstelasyon ng kamalayang Filipino sa pagtatapos ng ika-19 dantaon at nakatanghal sa akdang may *by-line* ni Emilio Jacinto. "Jacintina" sapagkat ito'y mula/hinggil sa akdang "Jacinto."

Ikatlong Pasakalye

Bakit hindi "Jacintina/Hasintina"? Upang ipanukala ang isang tungkuling isa-Filipino mismo ang hiram na salitâ at upang itanghal ang isang makabuluhan at makabansang gampanin sa larangan ng leksikograpiya. Sa yugtong ito ng pagpapayaman at modernisasyon/intelektuwalisasyon ng Wikang Pambansa, isang mahalagang patnubay sa panghihiram ang pagpapaloob sa hiram na salitâ sa sistema ng palatitikan at palabaybayang Filipino, na isang masigasig at masagisag na gawain kaugnay ng pagsasaloob sa kailangang dalumat na banyaga.

Mahabà?

E, bakit hindi "J/H"? Mas mahiwaga. Halos kahawig ng naganap na transpormasyon sa pinakamahalagang pangalan sa loob ng 300 taon ng ating kasaysayang kolonyal: "Jesucristo/Hesukristo." Subalit parang *S/Z* (1970). Mabubulgar ang ginagawa ko rin ngayong pagsikil sa aking modelo, ang kahanga-hanga at napakaligayang pagbása ni Roland Barthes sa kuwentong *Sarrasine* ni Balzac. Mahirap iwasan ang dakilang ehemplo ni Barthes. Siyá ang aking unang matarik na bundok na dapat salungahin, lalo na sa paningin ng mga kritikong binabása siyá para sambahin samantalang napipilitan lámang na binabása si Jacinto para kutyain. Maaari niláng dagliang silipin ang aking tatlong konstelasyon ng kamalayan na isang muling pagbalangkas sa limang kodigo ni Barthes. Gayunman, maaari siláng magitla sa kasalungat na direksiyon ng aking pagsusuri, na maaari niláng hakaing isang higit na paglilimayon sa ligaya ng *Mythologies* (1957) kaysa gawaing post-estrukturalista ng *S/Z*.

Dalawang taon bago ang *S/Z*, ipinahayag ni Barthes ang diumano'y "Kamatayan ng Awtor":

> In the story Sarrasine, Balzac, describing a castrato, disguised as a woman, writes the following sentence: "*This was woman herself, with her sudden fears, her irrational whims, her instinctive worries, her impetuous boldness, her fussings, and her delicious sensibility.*" Who is speaking thus? Is it the hero of the story bent on remaining ignorant of the castrato hidden beneath the woman? Is it Balzac the individual furnished by his personal experience with a philosophy of Woman? Is it Balzac the author professing "literary" ideas on femininity? Is it universal wisdom? Romantic psychology? We shall never

> know, for the good reason that writing is the destruction of every voice, of every point of origin. Writing is that neutral, composite, oblique space where our subject slips away, the negative where the identity is lost, starting with the identity of the body writing. (mula sa "The Death of the Author" Mayo 1968, salin mulang Pranses ni Stephen Heath)

Panahon iyon ng maaalab na demostrasyon laban sa akademya sa Paris at sinasabing isang reaksiyon iyon ni Barthes sa malaganap na uri ng kritisismong pang-akademya na laging nakatuon sa "ang awtor at ang kaniyang obra." Ngunit hindi lámang niya tinanggalan ng biyograpiya ang awtor. Sa pamamagitan ng isang tila nihilistikong kompás ay pinulbos niya ultimong ang anino ng mangangatha. Marahil, nabagot na nga si Barthes sa pagbuo ng mga sistema't gramatika kayâ lumundag mula sa barkong Estrukturalista. Marahil, nais niyang laruin ang adhikang Marxista na lusawin ang indibidwalidad upang ganap na maibuklod ang sarili/panitikan sa walang-pangalang masa. Bagaman marahil, nais din niyang isagad ang pangarap noon pa ng New Critics na bungkalin ang organikong kasarinlan ng teksto.

Subalit kabaligtaran ang aking panukalang "Jacintina." Sa pamamagitan ng pagbungkal sa akda ay adhika kong aninawin ang may-akda. Higit na nais kong titigan ang tinatawag na *performance* ni Chomsky—na binanggit mismo ni Barthes noong 1966—na ikinaiiba ng isang salaysay sa ibang salaysay, na nagpapahiwatig sa pinagmulang semilya ng teksto, sa magulang nitó, sa hindi maitatatwang awtor nitó. Ibig ko ring hanguin ang "utak" ng Utak ng Katipunan mula sa kumunoy ng mito, haka-haka't pamahiin.

Ikaapat na Pasakalye

Nakatutuwang nakapangingilabot na inumpisahan ko ang pangungusap na ito ngayong 30 Nobyembre 2010. Araw ng mga Bayani/Araw ni Bonifacio, na ipinagdiwang kahapon dahil Lunes. (Ang dami kong digresyon! At dumadami tuloy ang aking pasakalye! Sabihin mang personal ang kahit obhetibong pag-aaral, totoong personal na personal ang ginagawa kong ito. Mula sa dibdib, wika nga.) Makahulugan para sa akin kahit ang pinagdudugtong na "Araw ng mga Bayani" at "Araw ni Bonifacio" o ang

"Araw ng mga Bayani" na ipinapaloob sa "Araw ni Bonifacio." Dapat pang kulitin sa ibang pagkakataon.

Kagabi, binása ko ang artikulong "Bonifacio of History and Myth" ni Ambeth R. Ocampo sa *Sunday Inquirer Magazine* (28 Nobyembre 2010). Makahulugan sa tatalakayin ko kahit ang kaniyang pamagat. Lalo namang importanteng paglimian ang kaniyang mga tanong kaugnay ng napanood niyang pagdiriwang sa Araw ni Bonifacio sa Maynila noong 1996:

> Where were the masses on Bonifacio Day? Why was Bonifacio wearing an embroidered *barong* instead of a white *camisa de chino* opened all the way to his navel to reveal six-pack abs? Where was the red neckerchief and red drawstring pants we associate with him and folk dances? Why was he wearing shoes instead of going about barefoot? Where was the gleaming *bolo* and the red flag, both symbols of the Philippine Revolution? Why did Tolentino depict Bonifacio with a quiet defiant dignity instead of the angry facial contortion that results from the silent rebel shout of other statues?

Nakasalalay ang mga sagot sa bawat tanong ni Ocampo sa ating kaalaman sa naganap na mga paglikha ng alamat (*myth-making*) sa nakaraang isang siglo pagkatapos ng Himagsikang Filipino. Isinasalungat niya sa Monumento ni Pambansang Alagad ng Sining Guillermo Tolentino ang bantayog ng *Grito de Balintawak* (1911) ni Ramon Martinez. Maaaring di-sinasadya ngunit naitatanghal din niya ang higit na malaganap na pagmaliit kay Bonifacio bilang bayani ng mga bakya (o nakabakya) at mararamdaman agad sa unang tanong: "Where were the masses on Bonifacio Day?" (Na isang pag-uulit sa sinipi din niyang lasing na pahayag ni Pambansang Alagad ng Sining Nick Joaquin.) Na ngayo'y maaari nating basáhin bilang pag-uyam sa imahen ni Bonifacio bilang Pambansang Bayani. Kung bayani nga siya ng masang bakya at nakabakya, bakit hindi dumagsa ang kaniyang masa sa pagdiriwang? Bakit ang iilang inimbitang miyembro ng mataas na lipunan lámang ang naroong kasáma nina Ocampo at Joaquin? Isang uroy na madalî ring masasagot sa tanong na: Bakit? Kung hindi ba sapilitang pag-aalayin ng bulaklak ang mga guro at estudyante ay may dumadagsa bang madla sa pagdiriwang ninyo ng Araw ni Rizal? Na masamâ sapagkat higit na lulubha ang diskusyon at mauuwi sa pag-aaway kung sino ang totoong Pambansang Bayani kina Rizal at Bonifacio.

Gayon kalubha at mapaghati ang naganap na mga paglikha ng alamat hinggil sa pinakadakilang yugto ng ating kasaysayan.

Ang totoo, ang patuloy na gayong pag-uusisa ni Ocampo ay hindi nakatutulong tungo sa muling-pagkatha ng ating bansa. (Na siyá ko ngayong proyekto.) Sa halip, nakagagatong ito sa naghaharing alinlangan hinggil sa awtentisidad ni Bonifacio at sa maikli ngunit napakadakilang kasaysayan ng Katipunan bilang totoong "mitsa"—kung bagá sa talinghaga ng lampara ni Simoun—na nagpasiklab sa Himagsikang Filipino. Ang alinlangang ito ang sinamantala ng isang mabusising Amerikano upang ipagyabang ang kaniyang makamandag na haka na "isang inimbentong" bayani si Bonifacio. "Inimbento" daw kahit ang kaniyang mga akda. Na para sa akin ay tumutuligsa sa awtentisidad ng itinuturing kong "tinig at panitikan ng Katipunan," kasáma na ang paksa ko ngayong tinig at panitikan ni Emilio Jacinto.

Hindi ko inasahang ikatuwa nilá (ng Amerikano at ng mga kapanalig niyang historyador) ang una kong pagtatangkang igiit ang tinig at panitikan ng Katipunan sa aking aklat noong 1993 na *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896)* bilang paghahanda sa paggunita sa ika-100 taon ng Katipunan at ng Himagsikang Filipino. Ano ang ginawa ng Philippine Centennial Commission? Tinanggal ang Katipunan sa pagdiriwang sa pamamagitan ng pagsisimula sa Kawit ni Emilio Aguinaldo. Lalo namang hindi ko inaasahang ikatuwa nilá ang itinuturing niláng pag-aaksaya ko ngayon ng panahon sa "Pahayag" ni Emilio Jacinto.

Ikalimang Pasakalye

Sang-ayon sa saliksik ni Epifanio de los Santos at ng anak na si Jose P. Santos, ang "Pahayag" ay isa sa dalawang akda ni Jacinto na nalathala sa *Kalayaan*. Ang sospetsa ko, tatlo ang akda doon ni Jacinto, dahil napakaposibleng siyá rin ang sumulat ng editoryal na ipinangalan diumano kay Plaridel. Ang masaklap, wala pang nakatutuklas hanggang sinusulat ko ito ng sipi ng peryodiko ng Katipunan na may petsang 1 Enero 1896 ang una't hulíng labas at inilimbag sa Yokohama. (Ang petsa at lugar ng pagkalimbag ay matagal nang nilinaw ni Teodoro A. Agoncillo, batay sa interbiyu niya kay Dr. Pio Valenzuela, na totoong nilimbag ito bandáng Marso 1896 sa bahay ni Valenzuela sa Kalye Lavezares, Maynila. Ang inilagay na petsa at

lugar ng pagkalimbag sa *Kalayaan* ay bahagi lámang ng panlilinlang upang hindi matunton ng awtoridad ang pinagmulan ng subersibong diyaryo.)

E, saan ko napulot ang kopya ng "Pahayag"?

Masuwerteng nalimbag ito nang buo sa salin sa Espanyol sa *Archivo Bibliofilo Filipino* ni Wenceslao Retana. Isinalin ng isang nagngangalang Juan Caro y Mora at may titulong "Manifiesto." Ang salin ni Caro y Mora ang sinipi-sipi at nilapatan ng salin sa Ingles bawat sipi sa artikulo ni Epifanio de los Santos noong 1918. Ang salin sa Ingles (pati komentaryo) ni E. de los Santos ang kinopya ni Teodoro Agoncillo sa *Revolt of the Masses* (1956) at pinalitaw na kaniya. Muli akong nakabása ng magaspang na salin nitó sa Espanyol mula sa mga ulat ng mga espiya noon at bahagi ng mga dokumento tungkol sa Katipunan na nabili ng National Commission for Culture and the Arts mula sa isang kolektor sa Espanya. Binabanggit ko ngayon ang ulat ng espiya bilang pruweba na may peryodikong *Kalayaan* at totoong may artikulong kahawig ng "Manifiesto" sa *Archivo.*

Noong 1993, ibinalik ko sa Tagalog ang salin ni Caro y Mora at inilathala kasáma ng mga akda nina Bonifacio at Jacinto sa *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896).* Nakatuwaan ni Dr. Zeus Salazar ang muling pagsasa-Tagalog ko ng "Pahayag" at inilabas niya sa kaniyang polyetong pangkasaysayan. Nabása ito ni Conrad de Quiros at galak na galak na ipinagbunyi ang pangyayari dahil sa akalang may nakatuklas na sa kopya ng *Kalayaan.*

Ibig kong dugtungan ngayon ang pagbubunyi ni de Quiros. Hindi upang palaganapin pa ang pagiging awtentikong-Tagalog-ni-Jacinto ang pagsasa-Tagalog ko ng "Pahayag." Manapa, upang ipanukala ang muling-pagbása nitó kaugnay ng matalik na pag-unawa sa isang maituturing na wika ng Katipunan, isang wika na nagtataglay ng angking kamalayan nina Jacinto at Bonifacio, o sa tahasang sabi, ng angkin niláng kamalayang Katipunero—ng kamalayang nagsúlong sa Himagsikang Filipino.

Dahil sa patuloy nating pagmaliit sa ideolohiya ng Katipunan ay sinasáyang natin ang pagkakataon upang tuklasin ang awtentikong tinig at panitikang Katipunero. Nahihiwagaan tuloy táyo hanggang ngayon sa ulat ni Agoncillo na biglang sumábo (tulad ng pagsábo ng gamugamong sumusugba sa ningas kapag nalalapit ang pag-ulan) ang kasapian ng Katipunan pagkalabas ng *Kalayaan.* Mula diumano sa pagkatatag ng

Katipunan hanggang noong 1 Enero 1896 ay umaabot lámang sa 300 ang kasapi ng lihim na kapatiran. Subalit noong malathala ang *Kalayaan* sa bandáng katapusan ng Marso 1896 ay daan-daan gabi-gabi ang nanumpang kasapi sa mga munisipyo ng San Juan del Monte, San Felipe Neri, Pasig, Pateros, Mariquina, Kalookan, at iba pang pook. Kayâ ayon sa gunita ni Valenzuela ay umaabot sa 3,000 ang kasapi ng Katipunan pagsiklab ng rebolusyon noong Agosto 1896.

Ano ang nilalamán ng *Kalayaan* na nagpasiklab sa kamalayan ng 3,000 Filipino? Ano ang mahiwagang kapangyarihan ng salitâ nina Jacinto na humámon sa dangal ng mga isip-busabos na kababayan, bumigkis sa kanila upang humawak ng sandata, at nagpakilos sa kanila upang humandang ibuwis ang búhay para mapalayas ang mga dayuhang panginoon? Paano ginísing ng "Pahayag" ang natutúlog na damdamin at isipan ng mga Filipino? Paano nakawala ang sambayanan mula sa kinalugmukang bitag ng kamulatang Espanyol at pananampalatayang Kristiyano? Paano tumulong ang "Pahayag" upang nakaigpaw ang sambayanan sa dahas at gahum ng kapangyarihang kolonyal?

Ito ang higit na makabuluhan at higit na kailangang mga tanong upang malurok ang halaga't saysay ng tinig at panitikan ng Katipunan. Hindi ito masasagot sa anyo noon ng "Pahayag" bilang "Manifiesto." Salamat at nanatiling buháy sa atin ang "Pahayag" sa pamamagitan ng salin ni Caro y Mora. Gayunman, nalusaw ang kahulugan at kapangyarihan ng salitâ ni Jacinto sa naganap na pagsasalin sa Espanyol. Nawalan ng awtentisidad. Naglahò ang bighani na nagpasigla sa tibok ng puso ng sambayanan. Dito naman masusubok ang pagiging angkop at sapat ng aking muling pagsasa-Tagalog kay Jacinto. Kailangang litisin kung naibalik ko nga ang mga salitâ't dalumat ng orihinal, na sa totoo'y mga haka kong salitâ't dalumat na nakalutang sa kalawakan ng karunungang-bayan at natipon at naisaayos ni Jacinto tungo sa isang maalab at mapagpaalab na akda, ang kabuuang *performance* ni Jacinto bilang awtor na Katipunero.

Sa Pagitan ng Dilim at Liwanag

Ibig kong magsimula sa magkabilâng dulo ng "Pahayag." Nag-umpisa ang teksto ni Jacinto sa dalawang talata na binubuo ng dalawang pangungusap:

Isa iyong gabing madilim.

Wala isa mang bituing nakatanglaw sa madilim na langit ng kagimbal-gimbal na gabing iyon.

Ang ikalawang talata at pangungusap ay malinaw na karugtong lámang at isang dagdag na paliwanag sa una. Isang paraan ng pagpapatingkad sa "gabing madilim." Nagwakas ang teksto ni Jacinto sa pagdatal ng umaga at sa kaugnay na paglalahò ng dilim. Ngunit ipinahihiwatig ng nagbagong anyo ng pangunahing tauhan, ng kabataan, ang napakahalagang pangyayaring naganap sa loob ng magdamag, sa pagitan ng gabi at ng umaga:

> Kinaumagahan, nang pawiin ng kaliwanagan ng araw ang mga lagim at karimlan ng gabi, may bagay na kumikislap sa mga matá ng kabataan na mistulang isang nagbabágang adhika.

Ang dilim at ang liwanag na metonimiya sa gabi at sa araw ay mistulang dalawang panuhay (*bracket*), ang simula at wakas na ipinang-ipit sa isang piraso ng pangyayari nang dalawin ng isang pangitain ang isang namimighating kabataan, ngunit simula at wakas ng isang pagtingin sa kasaysayan ng Filipinas kapag binása ang pangyayari bilang isang piraso ng **drama simbolika**—ang tawag sa alegorikong pagtatanghal ng kasaysayan na nauso sa pamamagitan ng mga Katipunerong mandudula nitóng bungad ng ika-20 siglo at isang malinaw na supling ng adhikang makabansa at malikhaing pagsulat na tulad ng "Pahayag." Ang dilim at ang liwanag ang magkabilâng pampang ng isang malaki't rumaragasang ilog na kailangang tawirin, ang kaliwa at kanan ng isang malawak at mapanganib na larangang kailangang bagtasin at salungahin.

Karaniwan nang ang dilim ang kapahamakan at kasawian; ang liwanag ang kaligtasan at luwalhati. Ito ang landas ng salaysay ni Jacinto. Násа gitna ng "kagimbal-gimbal na gabi" ang kabataan at walang tanglaw kundi ang munti't nanghihinàng ningas ng tinghoy. Hindi siyá makatúlog dahil sa malubhang pighati o ayaw niyang sumuko sa panglaw ng paligid. Dumatíng ang isang mahiwagang anino at tinulungan siyáng maglimi hinggil sa kaniyang nararamdamang matinding dusa. Anupa't namatay man ang tinghoy sa dulo ng eksena, mahihiwatigang may bago na siyáng tanglaw sa kalooban. Pumikit siyá upang magpahinga at gumísing kinaumagahan nang nag-aapoy ang paningin. Nakaraos ang kabataan sa dilim ng kasawian at hinarap ang liwanag ng umaga na tigib sa manigong adhika.

Gayon lámang ba ang pagtatanghal (*performance*) ni Jacinto? Narito ang panganib sa ganitong payak na paraprase—mapanlagom, marikit ngunit simplistiko. Malimit nang ikahon ang tinig at panitikan ng Katipunan sa ganitong mapanlagom na paglalahad, pinarikit na pahayag, ngunit makamandag—hitik sa makamandag na layunin—dahil nais pigain ang kapangyarihan ng tulad ni Jacinto sa ilang pangungusap upang mapalitaw na hamak. Halimbawa nitó ang unang papuring inihandog kay Jacinto ni Agoncillo:

> And Jacinto, the product and continuation of the literary tradition* founded by Marcelo H. del Pilar, embodied in his writings the soul-stirring passion of his time—not frail with beauty, but beautiful with pagan strength. He was not polished, but he had power. (p. 83)

May asterisko pa ang "literary tradition" at ito ang kaniyang talababâ,"**I use 'literary tradition' advisedly, for rightly looked upon, there never has been a tradition in Philippine literary history.*" Sa pamamagitan lámang ng naturang talababâ ay naganap ang pag-aalis ng balatkayo sa mapanlinlang na papuri (o higit na angkop, pambobola) ni Agoncillo. Sa pamamagitan din ng pagsasabi niyang "*there never has been a tradition in Philippine literary history*" ay sumingaw ang angkin niyang prehuwisyo hindi lámang laban kay Jacinto kundi laban sa buong panitikan ng Filipinas. Wala nga bang tradisyong pampanitikan ang panitikan ng Filipinas? Maraming guro, edukador, at kritiko ang hanggang ngayon ay may paniwalang tulad ni Agoncillo kayâ dapat pang balikan ang isyung ito sa ibang pagkakataon. Ngunit masdang muli ang kaniyang hungkag na paraprase sa pag-akda ni Jacinto. Ano ba ang ibig sabihin ng "not frail with beauty"? Bakit sinabi niyang "not polished" ang panulat ni Jacinto? Pinaniwalaan ito ng maraming humanga sa *Revolt of the Masses* kahit wala naman kahit sampariralang dagdag na paliwanag si Agoncillo. Biktima silá at si Jacinto ng magdarayang alindog ng paraprase.

Ilang Salitâ Hinggil sa Paraprase

Isang patibong ang paraprase, isang maalindog na bilangguan para sa malikhaing paksa ng paglagom, isang mapagpalayaw na katwiran para sa katamarang bumása ng mahabà at masalimuot, isang mala-anakondang trabaho upang ipagmalaki ang kakayahang sumakmal sa kahit gaano

kalaki at ga-mundo mang katotohanan, isang matiyagang pagpiga sa prutas—hindi upang pakinabangan ang katas kundi—upang sinupin ang sapal. Kailangan nitó laging maging maikli't matipid sukdang maging simplistiko, mahigpit sukdang maging didaktiko, nagpaparangalang sapat sapagkat parang lobo itong sasabog kapag nilagyan ng dagdag na hangin. Wala itong kakayahang tumanggap ng alternatibong pagbása; lalong wala itong kakayahang magbigay ng puwang para sa dagdag na kahulugan.

Ilang Salitâ Hinggil sa Kahulugan

Isang ugali ng paraprase ang pagtitiwala sa isahang tumbasan ng salitâ at kahulugan. May pananaw itong sepulturero at tinatanaw ang kahulugan bilang nitso ng bawat salitâ. Ang talahulugan o diksiyonaryo bilang sementeryo ng mga salitâ. Tulad ng isang konserbatibong sepulturero ay matiyaga nitóng binabantayan ang kapayapaan ng bawat nitso. Subalit ikaiinis nitó ang pakahulugan, o ang dagdag na mga nitso para sa isang salitâ. Bakit kailangang magkaroon ng ibang katawang-lupa ang isang bangkay? Ang malaking problema'y buháy ang salitâ o nagkakaroon ng ibang búhay kapag ginamit sa panitikan. Sinusuplingan ito ng bagong pakahulugan at patuloy na sinusuplingan ng bago at bagong pakahulugan hábang nabubúhay sa sinapupunan ng panitikan.

Bawat makabuluhang pagbása sa akda, bukod at sa kabilâ ng paraprase, ay isang bagong pakahulugan sa kahulugan ng akda. Isang pagdurog sa nitso ng kahulugang nais ipataw at paglibingan ng paraprase sa akda, isang nararapat na himagsik upang higit na pakinabangan ng mundo ang akda, upang higit na mapairal ang pagiging pampanitikan ng panitikan.

Sa Pagitan ng Dilim at Liwanag (2)

Nangangailangan ng iba't higit na makabuluhang pagbása sa "dilim" at sa "liwanag" ng akda ni Jacinto. Malimit ko na itong gawin sa aking pagtuturo at nais kong ulitin. Ang mga salitâng ito lámang, laban sa payo ni Agoncillo, ay nagtatanghal ng isang tradisyong pampanitikan.

Nakatimo sa "dilim" at sa "liwanag" at sa kombinasyon ng mga ito ang isang mahabàng kasaysayan na naglalagos sa buong panahon ng kolonyalismo at isang sanhi ng natatanging pakahulugan sa akda ni Jacinto. Higit ito sa didaktikong kasabihan: "May gintong liwanag/ Sa likod ng ulap"—ang kasabihang malimit na gamiting sangkalan sa paghihintay ng awa at pagwawaksi ng kusa upang maghanap ng mabuti't sariling kapalaran. Hindi ito paglalaro lámang sa binaryong dilim/liwanag. Sa halip, maaari itong bakasín sa unang-unang engkuwentro ng katutubo at ng Kanluranin noong ika-16 siglo.

Masagisag at mapanlinlang ang wika ng kolonyalismong Espanyol. Sang-ayon sa wikang ito, hindi sinakop ang kapuluan upang alipinin o dambungin. Sa halip, masigasig ang pabigkas at pasulat na pangungusap ng kolonyalismo upang palaganapin ang mga biyayang idudulot ng pagdayo ng mga kongkistador at misyonerong Europeo. Itinanim ang Espada't Krus sa kapuluan upang iligtas ang katutubo. Sa talinghaga ng wikang ito, ang kapuluan ay dinatnan niláng isang "bayan ng dilim"—mangmang at dukha ang sambayanan, alipin ng masasamâng hilig at kaugaliang dulot ng masasamâng sinaunang paniniwala. Ang Espada't Krus, samakatwid, ay tagapagdulot ng "liwanag"—ng kambal na kaligtasan dahil sa taglay na kabihasnang Europeo at pananampalatayang Kristiyano. Sa ganitong katwiran, ang kolonyalismo ay isang kailangang pananakop. Sa gayon, kahit ang aklat na inilimbag ng mga misyonero ay isang kailangang kasangkapan upang magdulot ng "liwanag" sa madilim na kamalayan ng mga katutubo. Sa unang limbag na tula ng isang naniwalang makata noong 1605, nagpugay siyá sa libro ng isang misyonero bilang isang mahalagang tungkod at patnubay sa kaniyang paglalakbay "may bagyo ma,t, may rilim." Ipinagpasalamat niya ang pagkakalimbag ng aklat na nagmulat diumano sa kaniya sa mapagkandiling pagsampalataya,

> Cun dati nang nabulag
> aco,y, pasasalamat,
> na ito ang liuanag
> Dios ang nagpahayag
> sa Padreng nagsiualat
> nitong mabuting sulat.

Isa pang makata noong 1627, si Pedro Suarez Ossorio, ang nagpugay rin "nang ualang hoyang" sa isang aklat ng misyonero dahil nagdulot ito ng "auang mahal," "cabanalan," at "pag aaliuan" sa kaniyang búhay:

Nang caming manga binyagan
May basahin gabi,t, arao
Na aming pag aaliuan
Dito sa bayan ng lumbay.

Ganap na sumamba sa dayuhang "liwanag" ang mga katutubo. Silá mismo ang nagpapahayag na isa ngang "bayan ng lumbay," isang bayang "may bagyo (at) may rilim" ang kanilang lupang tinubuan. Hanggang tumatag na tulad ng mga moog ng simbahan at bahay-na-bato ang kolonyalismo at Kristiyanismo sa kamalayang Filipino. Tumatag at umiral sa kabilâ ng manaka-nakang pagtutol at pag-aalsa sa pagdaraan ng 300 taon. Pagtutol at pag-aalsa na tumutukoy sa mapambulag at mapambusabos na katangian ng nagdaang 300 taon. Na dilim sa halip na liwanag ang idinulot ng tambalang kolonyalismo't Kristiyanismo.

Ang pagkatantong ito sa kasawian ng búhay sa panahon ng kolonyalismo ang isang malalim na ugat ng tinatawag kong "malungkuting salamisim"—ang manipestasyon ng sikil na katwiran, ang luha bilang simbolo ng matinding pagdurusang hindi maipahayag nang tahasan, ang bálong na pinagmumulan ng mga hibik, harana, at kundiman. Si Balagtas ang sumulat ng unang malinaw na pahiwatig sa naturang kasawian sa pamamagitan ng kaniyang alegorikong gubat sa Albanya, ang "isang madilim gubat na mapanglaw"—lumalagom sa bayan ng dilim at lumbay nina Suarez Ossorio—ngunit ngayo'y tumutukoy sa katotohanang naghihirap pasukin ng kahit liwanag ng araw ("ang kay Pebong silang") sapagkat isang gubat/bayang pinaghaharian ng bangis at kawalang-katarungan:

Sa loob at labas, ng bayan kong saui
Caliluha,i, siyáng nangyayaring hari
Cagalinga,t, bait ay nalulugami
Ininis sa hucay ng dusa,t, pighati.

Ang magandang asal ay ipinupucol
Sa laot ng dagat ng cut-ya,t, linggatong
Balang magagalíng ay ibinabaon
At inililibing na ualang cabaong.

Nguni, ay ang lilo,t, masasamâng loob
Sa trono ng puri ay inilulucloc
At sa balang sucab na may asal hayop
Mabangong incienso ang isinusuob.

May iisang sanhi ang naturang serye ng malulubhang kabalighuan ni Balagtas. Hindi totoo ang liwanag na dulot ng mga dayuhan. Dilim ang totoong naghahari. Nababalot ng karimlan ang isip at damdamin ng nakapugal na si Florante, nababálot ng kamangmangan, ng muslak at mababaw na pagkaunawa sa bagay-bagay, kayâ madalî siyáng nabihag at naipugal ng panlilinlang. Ang buong awit ni Balagtas at ang mga hibik ni Florante ay mga pagmumuni sa karanasan, mga paghahanap ng totoong liwanag sa nararamdamáng magkahalòng poot at pighati. Pagkatapos nitó, noong makíta niya ang totoong liwanag, sakâ siyá iniligtas mula sa piitang punongkahoy at naupô sa trono ng Albanya nang may bait at katwiran.

Hindi nalingid kay Rizal ang subersibong mensahe ng *Florante at Laura*. Wika nga niya, sa pamamagitan ni Pilosopo Tasio, si Balagtas ay isang mahusay na makata at palaisip. Sa pamamagitan ng tauhang si Ibarra Crisostomo, igïnawa ni Rizal ng bagong edukasyon sa búhay si Florante ni Balagtas. Sinikap mismo ni Ibarra na magdulot ng liwanag sa pamamagitan ng pagtatayô ng paaralan. At nabigo siyá. Ngunit may higit na masugid na mandirigma para sa liwanag, si Elias, na iniukol ang búhay upang tumulong sa proyekto ni Ibarra. Bago namatay, humarap si Elias sa Silangan, lumuhod, at inihibik na:

> "Mamamatay akong hindi nakítang sumilay ang bukang-liwayway sa aking bayan! Kayóng makakikíta, salubungin siyá... Huwag ninyong lilimutin ang mga nabuwal sa dilim ng gabi!"

Nása hulíng paalam ni Elias ang kalatas na kailangan ng mga Katipunero. Hindi maglalahòng kusa ang dilim. Kailangan ang mga sakripisyo, "ang mga nabuwal sa dilim ng gabi," upang magkatotoo ang umaga. Tungkulin ng bawat nagmamahal sa liwanag na ialay ang sarili sa paghawi ng karimlan at pagsalubong sa matagal nang nakabimbing bukang-liwayway. Sa salaysay ni Jacinto, ito ang aral na isinaloob ng kabataan kayâ dumilat kinaumagahan nang nanlilisik ang paningin at "nagbabága sa adhika"—ang adhika ng himagsik, ang proyekto, wika ni E. de los Santos, ng Katipunan.

Tinghoy/Kandila/Lampara

Sa gitna ng kagimbal-gimbal na karimlan ng gabi ay isang aandap-andap na tinghoy ang tanglaw ng naglalamay na kabataan. Bakit tinghoy? Sapagkat hindi maaaring kandila, lalong hindi maaaring lampara.

Sa kabilâ ng naganap nang indihenisasyon sa kandila, isang malakas pa rin itong simbolong Kristiyano. Hanggang ngayon, kasangkapan pa rin lámang ito sa mga ritwal at okasyong mistikal. Sa altar at misa. Sa Todos los Santos. Sa panghuhula at pakikipag-usap sa mga patay. Inaapuhap lámang ito kung bagyo, naputol ang koryente, at walang naihandang ibang pantanglaw sa oras ng kagipitan.

Ang lampara, tulad ng lampara ng poot ni Simoun, ay pangmariwasa at edukado. Kakatwang ipahiyas ito sa isang dampa ng dukha.

Ngunit hindi dahil sa ngalan ng Realismong pampanitikan ang paggamit ni Jacinto ng tinghoy. Higit na simboliko't alegoriko ang dahilan: Ito ang taal na ilaw ng pag-asa. (O mas angkop yatang nagsimula sa malaking titik ang "Pag-asa" bilang pag-alinsunod sa kumbensiyong alegoriko. Gaya ng ginawa rin ni Jacinto sa "Kalayaan" na inilimbag pa ang buong pangalan sa malalaking titik: KALAYAAN.) Ito ang nalalabíng ningas sa lumipas na panahon ng liwanag—ang panahong bago dumatíng ang kolonyalismo—ang natitirang alaala, kukurap-kurap, sinisiil ng hangin at dilim (ng pananakop), ngunit pinanatiling buháy sa kaloobang bayani ng mga ayaw humimlay sa karimlan. Munti't gusgusin ang tinghoy, ngunit maipagpaparangalang sarili ito ng maralita, hindi hiram at lalong hindi utang na gaya ng kandila o lampara. Sarili ito at nakasasapat sa pangangailangan. Anupa't simbolo ito mismo ng Dangal (tinatawag ding Puri nina Jacinto)—ang hindi nalulupig na pagmamahal at paggálang sa sarili ng tao, ang kabuuan ng mga birtud upang tumutol siyáng maging alipin at busabos at upang kusang humanap ng higit na karunungan at higit na maunlad na kabuhayan.

Ang Liwanag Bago ang Dilim

Ipinagugunita rin ng tinghoy ang isang panahon ng liwanag bago dumatal ang dinadanas na mahabàng dilim, ang maluwalhating araw bago kinain ng lahòng dulot ng pananakop. Paano nga ba maaaring ihaka na may liwanag sa kabilâ ng ulap? Sa tulong ng gunita, sa pamamagitan ng gunita ng isang kahapon na walang dilim. O sa kasaysayan, sa pamamagitan ng kahit sampirasong gunita (gaya ng ningas ng tinghoy) na nakapagbabalik sa isang lumipas na walang dayuhang pananakop. Ganito ang diyalektikong pag-uulat ni Andres Bonifacio sa naging kasaysayan ng Filipinas sa "Ang

Dapat Mabatid ng mga Tagalog." Sa loob ng isang maikling sanaysay ay naihanay niya ang miyural ng búhay ng mga Filipino: noon, na puspos ng luwalhati; ngayon, na tigib sa lagim at dalamhati sa ilalim ng mga Espanyol; at kayâ kailangan ang marahas na himagsik upang mapaalis ang mga dayuhan at muling magkaroon ng isang maligayang hinaharap.

Kayâ hindi limitado sa binaryong dilim/liwanag ang tunggalian sa salaysay ni Jacinto. Ipinahihiwatig ng tinghoy ang gunita ng nakaraang liwanag o ang kamalayan sa kasaysayang may tatluhang partisyon ng liwanag/dilim/liwanag. Nakatanim ang lohika ng kasaysayan, alinsunod kay Bonifacio, sa pakana ng salaysay ni Jacinto. Ang "nagbabágang" liwanag na inaasam sa hinaharap ay pinag-aalab ng umaandap na ningas ng "tinghoy" mula sa nakaraan. Ang gunita bilang katwiran o *rationale* para sa paghihimagsik.

Kahapon, Ngayon, Búkas

Sa yugtong ito ay kailangang muli kong ipakilála ang tinatawag kong tatlong konstelasyon ng kamalayan na nagsilang sa mga akdang Katipunero. Ipinaliwanag ko na ito sa ikalawang kabanata (mp. 34-35) ng aking *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896)* at higit na kapaki-pakinabang na kasangkapanin ko sa pagpapahalaga ng pagtatanghal ni Jacinto sa pamamagitan ng kaniyang "Pahayag."

Sa maikling salitâ, ang unang konstelasyon ay binubuo ng kamulatang Kanluranin ngunit progresibo at liberal, na dinukal ng mga Propagandista sa mga kaisipang nagpasiklab sa Rebolusyong Pranses. Ang ikalawang konstelasyon ay ang maituturing noong kamulatang popular at tigib sa doktrinang Kristiyano. Ang ikatlong konstelasyon, na hindi napag-uukulan ng maingat at masinop na pagsusuri hanggang ngayon, ay ang daigdig ng sinauna't katutubong tradisyon na nasikil ng mga aparato ng kolonyalismo ngunit patuloy na pumipintig sa kalooban ng sambayanan. Sa pamamagitan ng naturang mga konstelasyon ay nais kong ilarawan ang kamalayan bilang isang kalawakan ng nag-aagawang liwanag at dilim at nagtitimpalakang mga bukal ng liwanag. Ang manaig na sinag o kimpal ng dilim ang humuhubog sa ugali, paniwala't hálagáhan ng isang tao. Tatlong bukal lámang ng liwanag ang hinirang at minahalaga ko; ngunit dapat ipaunawang marami pang ibang konstelasyon na maaaring pagtuunan ng ibang saliksik at pagsusuri. Sa loob ng pagtitig kong muli ngayon ay nais ko pang usisain ang silbi ng naturang mga konstelasyon kaugnay ng

mga sumusunod na tanong: Paano ba umiiral o pinaiiral ang naturang konstelasyon? Paano ginagamit o paano lumilitaw sa ugali, kilos, at pananaw ng tao? Paano naman maaaring muling isaayos o iposisyon tungo sa pagbuo ng bagong pananaw? Malimit nang sagutin ang unang dalawang tanong ng mga pag-aaral sa pangingibabaw ng isang kapangyarihan o panlasang popular. Ang ikatlong tanong ang higit na mahalaga para sa pagtitig sa akdang Katipunero.

Sa lohika ng kasaysayan ni Bonifacio, ang binanggit kong ikatlong konstelasyon ang dapat mauna at kumatawan sa "kahapon." Ang ikalawang konstelasyon ang umiiral noong panahon ng kolonyalismo at katumbas ng kanilang "ngayon." Ang unang konstelasyon ang pangarap na "búkas" ng Katipunan kapag nagtagumpay ang kanilang pagkilos. Ganitong-ganito ang padron ng salaysay ng "Pahayag" bagaman sa paraang binabaliktanaw ang kahapon, nilalagom ang luha ng ngayon, at inaasam ang mithing búkas. Susi ang pagdestrungka at pagtitig sa naturang mga sangkap upang ganap na maunawaan ang naiiba't malikhaing pagtatanghal ni Jacinto sa programang Katipunero.

Ang ibig ko pang sabihin, may didaktikong balangkas ang "Pahayag." Didaktikong tulad ng mga biblikong parabula at dulang relihiyoso na pinaghuwaran nitó. Didaktiko ring tulad ng diyalektika sa kasaysayan, katulad ng direksiyon ng kasaysayan ni Bonifacio. Ngunit ang malikhaing pagtatanghal ay nasusukat sang-ayon sa mahusay at kapani-paniwalang muling-pagsasaayos ng mga sangkap na alam na natin, at sa panig noon ni Jacinto, sa mahusay at kapani-paniwalang muling pagsasaayos ng mga kamalayang nása likod ng utak ng target na madlang mambabasá upang maipahiwatig ang kanilang di-batid. Kinakatawan ng mga sangkap mula sa ikalawa't ikatlong konstelasyon ang mga kamalayang alam na ng madla, samantalang kinakatawan ng mga sangkap mula sa unang konstelasyon ang kanilang di-batid. Tatak ng galíng ni Jacinto ang matalinong pagsasanib ng mga sangkap mula sa ikalawa't ikatlong konstelasyon upang antigin ang simpatiya ng mambabasá at akitin siláng tanggapin ang kanilang di-batid mula sa unang konstelasyon.

Kalayaan

Pinakamarikit na tauhang nilikha ni Jacinto si Kalayaan. Kailangan pa niyang ilimbag sa malalaking titik, KALAYAAN, ang pangalan nitó upang ipahiwatig marahil ang kaniyang nadaramáng napakahalagang

papel nitó sa kaniyang salaysay. Napakadramatiko pati ang paglabas nitó sa tanghalan:

> Sa yugtong halos isuko na ng kabataan ang sarili sa matinding poot at sa pag-iisip na kahila-hilakbot at palagiang gumigiyagis sa kaniyang puso, na waring nakabaon sa kaibuturan ngunit sapilitan nang ibinubulalas ng dibdib, sa yugtong ito niya naramdamán ang isang mabining haplos sa isa niyang balikat at naulinigan ang isang mahinàng tinig, matamis at malungkot, na nag-uusisa:

"Mabini," "mahinà," "matamis at malungkot." Ang mga pang-uring iniukol sa pagkadamá sa paglitaw ni Kalayaan ay pawang kabaligtaran ng umiiral na dahas at lagim sa paligid at loob ng tahanan ng kabataan. Hinanap ng kabataan ang pinagmulan ng tinig at nagitla sa namasdan: "isang anino na waring nababálot ng maputîng ulap ang kabuuan." Isang misteryosang anino, isang hulagway na hindi makilála ng kabataan.

Isang multo? Isang aparisyon? Isang bisyon?

Ang bawat isa at ang lahat. Dito pa lámang ay pinaglalaruan na ni Jacinto ang tatlong konstelasyon ng kamalayan. Isang multo? Nililitawan noon pa ng mga diwata't engkantadong nilaláng ang mga bayani ng panitikang-bayan. Kayâ tinanggap nang karaniwan ang paglitaw ng mga anghel, ada't ermitanyo sa landas ng panganib upang tulungan ang mga prinsipe't kabalyero sa metriko romanseng Kristiyano. Nagsasanib naman sa mahiwagang anino bilang multo ang sinauna at ang popular na kamalayan. Isang halimbawa ang paniwalang may bahid Kristiyano na nagsasabing kaluluwa ng isang hindi makapasok sa langit ang multo. Isang aparisyon? Ganito nagpakíta si Kristo sa mga apostol upang patotohanan ang Kaniyang pangakong muling-pagkabuhay. Ipaliliwanag ko mamaya ang subersibong pagkasangkapan ni Jacinto sa tagpong ito ng pasyon upang isakatutubo ang anyo't kabuluhan ng Kalayaan. Isang bisyon? Ito ang higit nating sauladong pananagisag: ang Kalayaan bilang isang konseptong dulot ng konstelasyong progresibo't liberal at isang pangitaing panghinaharap ng Katipunan.

Ang Kalayaan ang puso ng Katipunan. Ang totoo, tila ito isang salitâng ipinanganak dahil sa pangangailangan ng panahong iyon. Walang "kalayaan" o ang ugat nitóng "layà" (binibigkas nang malumi) sa alinmang mga talasalitaang nalimbag para sa alinmang katutubong wika sa Filipinas.

May pang uring "layâ" (binibigkas nang maragsa) at nangangahulugan nang ilahas, walang disiplina, at may asal hayop; dili kayâ'y lantá sa Bikol, Hiligaynon, Sebwano, at Waray. May "layá" (binibigkas nang mabilis) ang Iluko na tawag sa halamang luya. May "láya" (binibigkas nang malumay) ang sinaunang Tagalog na ngangahulugang dahan-dahang pag-uunat ng bisig at sa mga wikang Bisaya ay isang uri ng lambat pangisda.

Naengkuwentro ni Rizal ang problemang ito noong 1886 at kaniyang isinasalin ang dulang *Wilhelm Tell* ni Schiller. Ipinagtapat niya sa isang liham kay Paciano na may mga konsepto sa Aleman na hindi niya maihanap ng angkop na katumbas sa Tagalog. Isang konsepto ang *Freiheit* at katapat ng *libertad* sa Espanyol. Ilang ulit daw niyang binása ang dalá-daláng *Florante at Laura* ngunit nabigo siyáng makatagpo ng pantumbas. Inisip daw niya ang **kaligtasan**, ngunit ipinasiya niyang hindi angkop. Ipinapanukala ng kaligtasan ang pagsisimula sa isang kagipitan o panganib na dapat lagpasan. Sa kabilâng dako at alinsunod sa pagdalumat nina Rousseau, ang kalayaan ay isang likás na katangian ng tao. Sa gayon, karapatan ng tao na alagaan ito, ipagtanggol sa panlulupig, at bawiin sa anumang paraan kapag inagaw ng iba. Salamat diumano at naalala niya ang salin ni Marcelo H. del Pilar ng kaniyang "El Amor Patrio" na inilathalang "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa" sa isyung 20 Agosto 1882 ng *Diariong Tagalog*. Sa naturang salin ginamit ni M. del Pilar ang "kalayaan" at mga anyo nitóng "layà" at "malayà." Isinunod ni Rizal sa salin ni M. del Pilar ang kaniyang pantumbas sa *Freiheit* ni Schiller.

Sa aking saliksik hanggang sinusulat ito, sa naturang salin ng "El Amor Patrio" unang nalimbag ang salitâng layà/ malayà/ kalayaan. Saan ito napulot ni M. del Pilar? Maraming haka. Ngunit ang higit na mahalaga ngayon ay kung paanong natuklasan ito ng Katipunan at ginamit na wika ng himagsik. *Kalayaan* ang peryodiko ng Katipunan, ang salitâ na gumísing at bumigkis sa 3,000 Filipino upang pasiklabin ang Himagsikang Filipino.

Malinaw sa pinaggamitang sanaysay ni Rizal at isinalin ni M. del Pilar na supling ang kalayaan ng konstelasyong Europeo at liberal. Ngunit totoong subersibo si Jacinto. Sa kaniyang salaysay, igigiit niyang matalik nang bahagi ng sinauna't katutubong kamalayan si Kalayaan. Halos nanghilakbot ang multo/pangitain nang hindi siyá makilála ni kabataan. Ngunit upang mapagwari pagkaraan ng ilang saglit na bunga iyon ng matagal na niyang paglalahò sa píling ng mga Filipino:

> "Ay, sa aba ko! Diyata't hindi mo pa ako nakikilála hanggang ngayon? Ngunit hindi ako magtataká, sapagkat mahigit nang tatlong daang taon magmula nang dalawin ko ang tinatahanan mong lupain at kusain ng iyong mga kababayan na sumampalataya sa mga huwad na idolo ng relihiyon at ng mga tao, ng mga kapuwa mo nilikha, at kung kayâ naglahò sa inyong mga gunita ang pagkakilála sa akin...

Lumayas si Kalayaan o nilayasan niya noon ang mga Filipino dahil nabighani ang mga ito ng mapanlinlang na Liwanag na dulot ng mga mananakop. Nabura naman siyá sa gunita ng madla dahil sa pagsampalataya nilá sa "mga huwad na idolo ng relihiyon" (ang opyo ng masa, wika ni Marx). Kay Jacinto, si Kalayaan ang luwalhati ng naunang panahon ng liwanag, ang Mutya o Perlas ng ating naglahòng paraiso—*nuestro perdido eden*, ang umaandap-andap na ningas ng tinghoy sa ating gunita na dapat bantayan at sariwain, ang pag-asang bagong umagang dapat salubungin. Sa pamamagitan ng isang pangungusap ay naipagunita ni Jacinto si Kalayaan bilang isang katutubong multo, hindi isang dayuhan (o hiram na dalumat) kundi isang taal na saloobin at lunggati ng tao. Hindi huminto sa gayong subersiyon ang pagtatanghal ni Jacinto. Sa pamamagitan din ng naganap na pagbabalik ni Kalayaan ay nasariwa ang popular at Kristiyanong resureksiyon ng Manunubos ng tao. Si Hesus din ang nagwika na hindi nakikilála ang propeta sa kaniyang sariling bayan. Gaya ng masaklap na pangyayaring hindi napagsino ng kabataan ang imahen ng kaniyang sariling katubusan.

Tila isang nakaprogramang makinarya ng himagsik ang kaisipang Katipunero ni Jacinto. Anumang kainin nitó ay nginunguya, dinudurog, at kinakatas upang magsilbi sa adhikaing mapanghimagsik. Ganito ang naganap sa konsepto mismo ng kalayaan, na tulad ng nabanggit na, kung tutuusin, ay isang konseptong banyaga. Bilang puso ng Katipunan, hindi lámang ito tinumbasan ng angkop at walang-pinagmulang salin. Sa naganap, tila ito tinanggalan ng identidad upang maging bahagi ng danas na pambalana ng madla, bukod sa binihisan ng kariktan na mula kapuwa sa sinaunang gunita at sa nangingibabaw na kamalayan sa loob ng kairalang kolonyalista. Anupa't nang magpakilála si Kalayaan ay waring noon lámang siya tinalakay bilang nilikha at dalumat:

> "Ako ay ang simula ng mga bagay na higit na dakila, higit na maganda at higit na kapuri-puri, marangal at iniingatan, na maaaring matamo ng sangkatauhan. Nang dahil sa akin

ay nalaglag ang mga ulong may korona; nang dahil sa akin ay nawasak ang mga trono at napalitan at nadurog ang mga koronang ginto; nang dahil sa aking adhikain ay nabigo at namatay ang sigâ ng "Santa Ingkisisyon" na ginamit ng mga fraile para busabusin ang libo at libong mamamayan; nang dahil sa adhikain ko'y napagkakaisa ang mga tao at kinalilimutan ng bawat isa ang pansariling pakinabang at walang nakikíta kundi ang higit na kabutihan ng lahat; nang dahil sa akin ay natimawa ang mga alipin at nahango mula sa lusak ng pagkalugami at kalapastanganan; at napugto ang kayabangan at kayamuan ng kanilang mababangis na panginoon; kailangan ako sa bawat naisin at lasapin ng mga bayan at sa ilalim ng aking kalinga ay may ginhawa at biyaya at kasaganaan ang lahat, katulad ng idinulot ko sa Hapon, Amerika, at ibang pook; nang dahil sa akin ay umiimbulog ang diwa upang siyasatin at tuklasin ang mga hiwaga ng siyensiya, saanmang pinaghaharian ko ay napaparam ang mga pighati at nakasisinghap nang daglian ang dibdib na nalulunod sa pang-aalipin at kabangisan. Ang pangalan ko ay KALAYAAN."

Sa isang pangungusap, isa siyáng nilikhang mitiko:

"Ako ay ang simula ng mga bagay na higit na dakila, higit na maganda at higit na kapuri-puri, marangal at iniingatan, na maaaring matamo ng sangkatauhan."

Sa susunod na pangungusap, isa siyáng tauhan sa awit, korido, at moro-moro:

"Nang dahil sa akin ay nalaglag ang mga ulong may korona;
nang dahil sa akin ay nawasak ang mga trono at napalitan at nadurog ang mga koronang ginto."

Sa susunod pang mga pahayag, isa siyáng anak ng tunay na kasaysayan sa Kanluran, ngunit kasaysayang may matalik na kaugnayan sa naging kasawian ng Filipinas:

"(N)ang dahil sa aking adhikain ay nabigo at namatay ang sigâ ng "Santa Ingkisisyon" na ginamit ng mga fraile para busabusin ang libo at libong mamamayan; nang dahil sa adhikain ko'y napagkakaisa ang mga tao at kinalilimutan ng bawat isa ang pansariling pakinabang at walang nakikíta kundi ang higit na

> kabutihan ng lahat; nang dahil sa akin ay natimawa ang mga alipin at nahango mula sa lusak ng pagkalugami at kalapastanganan; at napugto ang kayabangan at kayamuan ng kanilang mababangis na panginoon."

Nagsasalitâ siyá sa paraang hindi ginamit ng mga Propagandista (maliban marahil sa propetikong pangangarap ni Isagani sa *Fili*) at higit na nakakapara ng mga teknokrat sa ating kasalukuyang politika:

> "(K)ailangan ako sa bawat naisin at lasapin ng mga bayan at sa ilalim ng aking kalinga ay may ginhawa at biyaya at kasaganaan ang lahat, katulad ng idinulot ko sa Hapon, Amerika, at ibang pook; nang dahil sa akin ay umiimbulog ang diwa upang siyasatin at tuklasin ang mga hiwaga ng siyensiya, saanmang pinaghaharian ko ay napaparam ang mga pighati at nakasisinghap nang daglian ang dibdib na nalulunod sa pangaalipin at kabangisan."

Pagkaraan ng lahat, kailangan din ni Jacinto na gumamit ng impormasyon mula sa kasaysayan upang higit na maging kapani-paniwala. Hindi laging nananalig lámang sa karunungang-bayan ang sambayanan. May mga pagkakataong nag-uusisa ito hinggil sa katunayan ng bagay-bagay, naghahanap ng ebidensiyang nakasulat at itinuro mismo ng kolonyalismo na higit na mapagtitiwalaan kaysa mga argumentong mula sa salawikain, pasyon, dupluhan, at panitikang pabigkas. Kayâ nakabudbod sa salaysay ni Jacinto, na tila palamuti't pampalinamnam na niyog at kesong puti sa bibingka, ang ilang makabuluhang alusyong pangkasaysayan.

Ilang Salitâ Hinggil sa Alusyong Pangkasaysayan

Isang importanteng sangkap sa retorikang politikal ang alusyong pangkasaysayan. Sa tinig ng Katipunero, na minamaliit hanggang ngayon at laging násа bingit mapagkamalang mangmang, ang paminsan-minsang pagbanggit ng kaalaman mula sa kasaysayan ay isang paraan ng pagpapakilála ng nakamit na antas ng edukasyon. Hitik sa ganitong kasangkapang panretorika ang wika ng mga ilustradong Propagandista, bunga na rin ng pagiging ilustrado, at dahil nais niláng patunayan unang-una ang kanilang kakayahang intelektuwal na maipapantay sa mga Espanyol. Kay Jacinto, ang alusyong pangkasaysayan ay hindi lámang dagdag na katibayan sa nais niyang patunayan; isang paraan din ito ng

edukasyon, at pagtutuwid sa baluktot na edukasyong kolonyal, para sa kaniyang kinakausap na madlang mambabasá. Upang maging paksa ng kanilang pag-uusap sa tahanan, sa bukid, sa bodega, at saanmang lihim na pulungan. [Isang kapansin-pansing kahinaan ng mga de-kahong pagtitipon ng mga Katipunero sa komiks, dula, at pelikula ang larawan ng mga Anak ng Bayan na nanlilisik ang mga matá at tikom ang mga kamaong isinusuntok sa langit o ipinupukpok sa mesa hábang nagsisisigaw ng islogan ng rebolusyon. Hindi kayâ silá nagpupulong upang paglimian ang kanilang layuning pampolitika at talakayin ang kanilang balak gawin? Ang gayong de-kahong larawan ay produkto ng laganap na kaisipang ang mga Katipunero at ang masa ay hindi nag-iisip.] Kung sakali, ang ganitong banggit o sipi ay inaasahan pang uusisain ng mambabasá noon, at maaaring pagsimulan ng isang higit na malalim na diskusyon tungo sa higit na ikalilinaw at kabuluhan nitó sa kanilang búhay. Anupa't ang alusyong pangkasaysayan, sa gamit ni Jacinto, ay limitado at laging nakatuon sa impormasyon at pangyayaring makabuluhan sa búhay ng madla at sa pagsusulong ng adhikaing mapanghimagsik.

E, saan niya napulot ang mga binanggit na alusyong pangkasaysayan sa "Pahayag"?

Halimbawa, ang "Santa Ingkisisyon." Tiyak na natunghayan niya ito sa diyaryong Propagandista. Ginamit itong halimbawa hinggil sa masamâng gawain ng mga fraile sa Europa sa tulang "Sagot ng Inang Espanya sa Hibik ng Filipinas" ni Plaridel. Ang ibig sabihin, malaking bahagi ng kamulatang Europeo at liberal ng mga Katipunero ay inihasik sa kanila ng panitikang Propagandista. Gayunman, may mga ebidensiya ring nagpapatunay sa sarili niláng pagbabasá, gaya ng banggit ni Kalayaan sa higit na maginhawang búhay sa Hapon at Amerika, bukod sa kanilang pansariling paglilimi sa kasalukuyan noong mga pangyayari sa Filipinas: ang pagbitay sa Gomburza, ang pagpapatapon kay Rizal sa Dapitan. Bahagi ng kasaysayan noon ang kahulugang pampolitika ng binanggit na "tulisan," "bandido," at "filibustero" at nagmumulat hinggil sa malupit at mapandustang bokabularyo ng maykapangyarihan.

Dalumatang-Bayan

Higit pa ring kaakit-akit titigan at bungkalin ang orihinal na pakahulugan sa mga salitâng supling ng dalumatang-bayan. Halimbawa, ginamitan

ng mga pang-uring "dakila," "maganda," "kapuri-puri" at "marangal" ang paglalarawan ni Kalayaan sa kaniyang gawain. Sa loob ng naturang pagpapakilála sa sarili, binanggit pa ni Kalayaan ang adhika para sa "ginhawa," "biyaya," at "kasaganaan." Natitigan ko na ang ilan sa mga ito upang patunayan na ang bawat isa ay isang balon ng mayaman at katutubong karanasan na humuhubog sa ugali, paniwala't hálagáhan ng ating mga ninuno sa kanilang pang-araw-araw na búhay at pagtanaw sa daigdig. Ang mga salitâ at kaakibat na pakahulugan sa mga ito ang nabubura sa salin sa Espanyol ni Caro y Mora at sa salin sa Ingles ni E. delos Santos sapagkat inihahanap lámang ng katumbas na kahulugan sa bokabularyo ng naturang mga wikang banyaga. Na sa kabilâng dako ay naging misyon naman ng aking muling pagsasa-Tagalog ang pagsisikap na maibalik ang orihinal na salitâ at ang pakahulugang taglay ng teksto ni Jacinto. Mahalagang kasabwat sa misyon kong ito ang ibang teksto ni Jacinto at ang kapanalig na mga akda ni Bonifacio.

Ang lahat, halimbawa, ng mga binanggit na pang-uri kaugnay ng gawain ni Kalayaan ay mga inaasam na katangian ng isang "mahal na tao" at hinahanap sa bawat kasapi ng Katipunan. Nakatitik ito sa dulo ng "Mga Aral ng Katipunan sa mga A.N.B." na akda ni Jacinto at nagsasaad na:

> Ang kamahalan ng tao ay wala sa pagkahari, wala sa tangos ng ilong at putî ng mukha, wala sa pagka-paring KAHALILI NG DIYOS, wala sa mataas na kalagayan sa balát ng lupa. Wagas at tunay na mahal na tao kahit laking-gubat at walang nababatid kundi ang sariling wika; yaong may magandang asal, may isang pangungusap, may dangal at puri; yaong di napaaapi't nang-aapi; yaong marunong magdamdam at marunong lumingap sa bayang tinubuan.

Nasabi ko na rin sa ibang pagkakataon na bilang isang kapatiran, ang Katipunan ay isang kapisanang moral at may mithing magtatag ng isang lipunang nagtataglay ang bawat kasapi ng nabanggit na mga katangian ng "mahal na tao"—may dangal at puri, may isang pangungusap, may magandang asal, hindi napaaapi at hindi nang-aapi, marunong magdamdam sa problema ng bayan sapagkat marunong lumingap at may mataos na pag-ibig sa bayan. (Ito ang tinaguriang "rebolusyong panloob" ni Apolinario Mabini, ang kailangang muling paghubog sa pagkatao ng mga Filipino, upang totoong magtagumpay ang Himagsikang Filipino.) Ididiin din ng "Katungkulang Gagawin ng mga Z.LL.B" ni Bonifacio ang mataas na pagtingin sa puri, gaya sa atas na "Paingat-ingatan gaya ng puri

ang mga bilin at balak ng KKK" at gaya ng paghahayag sa kaniyang tula na nagiging "mahal na tao" ang kahit dukha at taong-gubat kapag may pag-ibig sa bayan:

> Banal na pag-ibig! Pag ikaw nag nukal
> Sa tapat na puso ng sino't alinman,
> Imbi't táong-gubat, maralita't mangmang,
> Nagiging dakila at iginagálang.

Sa pamamagitan din ng naturang pamantayan ng pagkatao ay natatalimuwang ng aral ng Katipunan ang baluktot na hálagáhang inihasik ng mga mananakop, gaya ng lubhang pagpapahalaga sa panlabas na anyo—maputîng kutis at matangos na ilong—at ari-ariang materyal ng maykapangyarihan ("pagkahari" at "pagka-pari"), nakapag-aral, at mariwasa. Ano ba ang "kabanalan" alinsunod sa pasyon at mga sermon? Ang pagdarasal, pagrorosaryo't pagsisimba, pagpepenitensiya, pagbibigay ng limos sa Simbahan? Sa ikatlong aral ng Katipunan, ang "tunay na kabanalan ay ang pagkakawanggawa, ang pag-ibig sa kapuwa, at ang isukat ang bawat kilos, gawa't pangungusap sa talagang Katwiran"—o yaong uri ng kabanalang sinusukat sang-ayon sa taos na pakikipagkapuwa-tao at pag-alinsunod sa Katwiran. Napakahalaga ng pag-iral ng katwiran, gaya ng itinaghoy noon ni Florante dahil nalilihis ang lahat ng nangyayari sa Albanya sa tunay na katwiran, at gaya ng isasadula sa pagtatálo ni kabataan at ni Kalayaan sa "Pahayag." Ang diskusyon sa salaysay ni Jacinto ay isa mismong *exemplum* kung paanong natatamo at pinaiiral ang "talagang Katwiran."

Sa iba pang dako, ang ganitong pagpapahalaga sa pakahulugang pandalumatang-bayan ng wika ng Katipunan ay maaaring humantong sa pagpapahalaga ng disiplinadong paggamit sa wika ng mga awtor na tulad ni Jacinto. Hindi silá "mabulaklak," (ang "mabulaklak" bilang hibas para sa "madaldal at mababaw") gaya ng mainiping paratang ng mga kritiko, na sasabihin kong mga kritikong limitado ang oryentasyon sa dalumatang-bayan. Hindi kasi nilá batid ang halimbawa'y pagkakaiba ng "dakila" sa "marangal." Hindi rin abot ng kanilang edukasyon sa teoryang Kanluranin (O bakâ binubúlag nga silá nitó!) ang nagaganap na intelektuwalisasyong pangwika sa akdang Katipunero. Lalong hindi nilá paniniwalaan na maraming dukha't mangmang ang sumapi sa Katipunan at nagbuwis ng búhay dahil sa mithing muling maangkin ang kanilang Dangal. Kung bagá, at kung tunay na umapekto sa kanila ang wika ni Jacinto, sumapi silá sa Katipunan at sa Himagsikang 1896 dahil nagsasanib na sa kanilang

kamalayan ang pagpapahalaga sa kalayaan bilang bahagi ng kanilang pagbawi sa nawala nilang dangal bilang tao at bilang Filipino.

Kabataan

Lingunin nating muli ang kabataan. Bakit siya "kabataan"? Kung isa nga itong dulang alegoriko, kailangang nagsisimula din sa malaking titik ang kaniyang pangalan. Dapat na "Kabataan," tulad ni Kalayaan. Ngunit hindi iyon ginawa ni Jacinto. Ano kayâng subersiyon ang kaniyang iniisip? Marahil, (at isa lámang itong marahil) nais niyang ipakatawan sa kaniyang pangunahing tauhan ang madla o sambayanan bilang isang masang walang-pangalan. Ilang taon na siyá? Ano ang suot niya? Kamisang sinamay at salawal na kundiman (bilang preparasyon sa kaniyang pagsapi sa Katipunan)? Ni wala siyang pang-uri. Marahil muli, dahil nais ng awtor na lumitaw siyáng di-kilala. Nása pagiging anonimo ang kaniyang katauhan, ang kaniyang indibidwalidad bilang kinatawan ng sambayanan, ang kaniyang katangiang pangmaramihan.

Sa halip na maikling talambuhay o paglalarawang pisikal, waring higit na interesado ang salaysay na itanghal ang kaniyang estadong sikolohiko: isang iniimpit na deliryo dahil sa isang mahirap ipaliwanag na nakapanlulumong damdamin, isang matinding poot na dahil hindi maibulalas ay sumasakmal sa kaniyang buong katawan upang hindi makakilos, maubusan ng sigla at lakas, at upang mapatdang tila tunggak na nakatitig sa malamlam na tinghoy. Ipinakilála siyá sa atin sa sandali ng halos kawalang-pag-asa, sa yugtong malapit na siyáng mabaliw:

> Sa yugtong halos isuko na (niya) ang sarili sa matinding poot at sa pag-iisip na kahila-hilakbot at palagiang gumigiyagis sa kaniyang puso, na waring nakabaon sa kaibuturan ngunit sapilitan nang ibinubulalas ng dibdib...

Ito nga ba ang estado ng kabataan sa yugtong iyon ng kolonyalismong Espanyol? Wika ni Rizal, "Ang kabataan ang pag-asa ng bayan." Paanong magiging pag-asa ang kabataang nakatunghay sa kumukurap-kurap na tinghoy ng pag-asa?

E, bakit nga ba kabataan ang pinilì ni Jacinto? Bakit hindi tigulang? O isang ermitanyo? O kung sensitibo na siyá sa kasarian, bakit

hindi ginawang dalawa ang tauhan at pinasamáhan si kabataan sa isang babae? (Ang totoo, hindi naman tinukoy na kabataang lalaki ang tauhan. Ipinalagay lámang nating lalaki siyá bunga ng ating sariling prehuwisyo. Gaya ng pangyayaring hindi naman tinukoy na babae si Kalayaan ngunit ipinalagay nating gayon ang kaniyang kasarian.) Bakit hindi anak ng obrero o anak ng mangingisda? Bakit hindi Moro o Igorot? Bakit hindi Negrito? (Nais kong unahan ang ganitong usisa na napakaposibleng magmula sa mga eksperto natin ngayon sa araling pangkultura.) Kayâ wala siyáng pang-uri. Wala siyáng kasarian, uri, lahi. Iisa lámang ang tiyak—kabataan siyá.

[Isang marikit na parikala ngayon sa atin ang kumbensiyon ng dulang alegoriko alinsunod sa gamit ni Jacinto. Mula pa sa modelo nitóng Midyibal, simbolo ng birtud o bisyo, kabutihan o kasamaan, ang tauhan ng dulang alegoriko. Si Matiyaga at si Asal-Hayop ay gaya ng pangalan nilá. Puwede siláng babae kung itatanghal sa isang kolehiyong pambabae. Puwede siláng Negro kung itatanghal sa Kenya. At maaari nating isipin ngayong babae o anak ng karpintero si kabataan at marahil hindi ito ikagagalit ni Jacinto.]

Kabataan siyá at naalaala ko ngayon ang tulang "A la Juventud filipina" ni Rizal, lalo na ang saknong na pinagkunan ko kanina ng sipi hinggil sa "pag-asa ng bayan":

> Alza su tersa frente,
> Juventud Filipina, en este día!
> Luce resplandeciente
> Tu rica gallardia,
> Bella esperanza de la Patria mía!

Ang orihinal paláng pangungusap ay *"Bella esperanza de la Patria mía."* Pinitas ng palasak na ngayong sipi ang simuno, ang "kabataan," mula sa ikalawang taludtod ng tula, sa *"Juventud filipina,"* upang buuin ang tila epigrama ngayong saludo ni Rizal para sa kabataan ng bayan.

[Naalaala ko rin ngayon ang dulang *Isang Panaginip na Fili* ni Floy Quintos na pinanood ko nitóng nakaraang Biyernes, 26 Nobyembre 2010. Hindi ko maiwasang iwangki ang tagpo ni Quintos sa tagpo ni Jacinto. Si Rizal mismo ay násа isang mumurahing silid sa Paris, nilalamay ang ikalawang nobela sa tanglaw ng lampara, at malimit na nakakatúlog dahil sa págod. Kayâ lumilitaw sa kaniyang panaginip, at itinatanghal sa

entablado, ang ninanais niyang maganap sa sinusulat na nobela. Siyempre, may ipinasok nang interpretasyon sa *Fili* si Quintos. Isang dumikit sa isip ko ay ang pangyayaring mga kabataan—sa pangunguna nina Basilio, Huli, Isagani, Paulita, at mga estudyanteng nagpetisyon sa pagtuturo ng Espanyol—ang marami sa naging kasangkot sa anarkiyang nilunggating mangyari ni Simoun. Itinanghal ni Quintos ang iba-ibang uri ng kabataan sa *Fili* na maaaring lumahok o bumigo sa isang balak na rebolusyon.]

Kapag binalikan si kabataan sa "Pahayag," mapagliliming hindi na interesado si Jacinto sa pagsusuri ng salungatang lunggati't mithi ng mga kabataan, alinsunod sa iskalpel-panitik ni Rizal, sa panahon ng kolonyalismong Espanyol. Ginawa na ni Rizal iyon. Mga tauhang Realista sina Basilio, Isagani, atbp. Higit na interesado ang Katipunerong awtor na lurukin ang pangkalahatan at nangingibabaw na kaloobang lugmok ng kabataan upang bigyan ito ng bago't naglalagablab na ningas ng himagsik. Para dito, higit niyang kailangan ang tauhan sa dulang alegoriko.

Sa kabilâng dako, si Florante pa rin si kabataan. Nakapugal sa poot at pighating ipinataw ng kasaysayan. Hindi makakilos. Ang malaganap na dilim ng "kagimbal-gimbal na gabi" ang kaniyang gubat ng Albanya. Isang munting tinghoy ng pag-asa ang tanging sumusubaybay sa kaniya upang hindi ganap na sumuko sa antok—tandaan ang pahayag ni Elias na hindi lahat ay natutúlog sa gabi ng ating mga ninuno—at saklutin ng karimlan.

Igigiit ko pang si Hesus ng pasyon si kabataan. Si Hesus na nagdarasal sa Hetsemane, nag-iisa rin sa gitna ng dilim, ginigiyagis ng hindi ganap matantong balísa sa nakikini-kinitang magaganap na tadhana. Sa Hesus bago ipinasiyang harapin ang kaniyang misyon sa pagpanaog sa lupa. Alinsunod mismo sa pasyon na ginagamit pa tuwing Semana Santa, may nanaog na anghel (si Kalayaan?), kinausap si Hesus sa halamanan, ipinahayag ang kalatas ng napipintong pagdurusa para sa pagtubos sa sangkatauhan (ang Himagsikan?), at sakâ iniwang muli ang Manunubos na natigib naman sa hindi maipaliwanag na matinding damdamin:

> Dito sa winikang ito
> ng anghel sa Nasareno
> ang siyáng ipinanlumo,
> nangatal ang tanang buto
> hinayang sa ibang tao.

Natigilan na ang puso
at hindi na nakakibo
pinawisan na ng dugo
dating pawis ang kahalo,
sa lupa ay tumutulo.

Tulad ng ideolohiya ng Katipunan, produkto si kabataan ng pinagsanib na edukasyong repormista at popular; ng pinaglangkap na mga gunita ng panitikang-bayan, panitikang relihiyoso, at panitikang Propagandista. (Pahabol: Hindi kayâ si Jacinto mismo si kabataan? Labingwalong taong gulang lámang at pinakabatà nang sumapi sa Katipunan, isa siyáng *boy wonder* ng Himagsikang Filipino. Hindi kayâ ang "Pahayag" ay isang akdang kumpesyonal, isang gunita ng personal at pinagdaanan niyang hirap upang igpawan ang lumang kaisipan at yakapin ang ningas ng Himagsikan?)

Sapin-Saping Kamalayan

Dapat nang lumiwanag sa yugtong ito na hindi magkakabukod na pangkat ng diwain ang aking tatlong konstelasyon ng kamalayan. Sa halip, tila mga sapin-saping dalumat, imahen, sipi, sitwasyon, personahe, atbp ang mga ito na nagkakabuklod/nagbubuklod sa isang piraso ng teksto. Ang tatlong konstelasyon ng kamalayan ay isang paraan lámang ng pagtukoy sa pag-iral ng mga ito, isang pinagtatlong kodigo sa pagbása ng mga tiyak na tekstong Katipunero at sa kabuuang mga teksto ng wakas ng ika-19 siglo hanggang bungad ng ika-20 siglo, na maaaring magtaglay din ng tatlo o ng dalawa lámang sa mga ito, na isang paraan ng balorisasyon sa pagiging progresibo o konserbatibo ng nakatanglaw na kamalayan alinsunod sa kung paano kinasangkapan ang tatlo. Nais kong ipalagay na pinakaprogresibong paraan ng pagbubuklod sa tatlong kodigo ang tekstong Katipunero. Na nagtatanghal kung paano muling hinuhubog ang mga sangkap ng tatlong konstelasyon alinsunod sa lunggati't mithiing rebolusyonaryo ng Katipunan. Ipinagpatuloy ang direksiyong ito ng tekstong tulad ng mga sinulat ni Apolinario Mabini hanggang ika-20 dantaon, ng drama simbolika, ng mga politikal na dagli sa peryodikong tulad ng *El Renacimiento*, sa mga kontra-Amerikanong akda ng mga Balagtasista, atbp at magkakaroon ng dagdag at susog sa pagpasok ng mga dalumat ng demokrasya, unyonismo, karapatang agraryo, nasyonalismong pangkabuhayan, at atbpang katulad. Maituturing namang konserbatibo't reaksiyonaryong aplikasyon nitó ang

mga sinulat ni Pedro Paterno pagkatapos sumiklab ang Himagsikang Filipino hanggang sa pagbuo niya ng kaisipang Federalista, ang popular na mga nobelang gaya ng *Nena at Neneng* at *Child of Sorrows*, ang seryeng gaya ng *Mga Kuwento ni Lola Basiang*, at ang maraming kuwentong higit na nakatuon ang kamalayan sa pagluwalhati lámang ng pamanang Kristiyano at ng mga gapok nang alaala ng sinauna.

Patnubay na kodigo lámang ang tatlong konstelasyon sa pagbuklat, pagbungkal, pagtitig ng teksto. Na hindi laging natatagpuang tila matingkad at nagsasariling kaakuhan ng teksto, sapagkat maaaring matalik at mahigpit na nakasanib, nakayakap, naglalagos, bumabálot, pumipintig, ipinahihiwatig, o iwinawaksi't sinisikil ng teksto, bukod sa pangyayaring maaari itong maengkuwentrong tila isang mumunting piraso ng kislap, retaso ng alaala, pingás na larawan, bibinga, náligáw na bulong, sumisinghap na alipato, nanlalabò na't mahirap aninawing bakás, magdaraya, doblekara, at may tatluhang kabuluhan. Kayâ ang pagsusuring tulad ng isinasagawa ko ngayon ay tila isang hakang balangkas at kailangang mag-ukol ng titig sa bawat salitâ, bawat bantas, bawat parirala't sugnay, bawat talata ng pahayag at sa paraang paulit-ulit, pabalik-balik, katulad ng pamumulot ng alingawngaw ng isang matagal nang binigkas na pahayag. At kung babalikan ang pinaghambingan kong kakanin, ang teksto bilang sapin-sapin, ang ganitong kritisismo/pagbása ay tila pagkagat sa puto upang lasapin ang hakang linamnam nitó alinsunod sa inaasahang katangian ng tatlong sapin at mga sangkap (galapong, asukal, pulut, gata ng niyog, latik, linga, butil ng mais, atbp) ng ganitong kakanin. Maaaring masorpresa sa malikhaing sangkap na idulot ng kakanin, maaaring mas makapal ang isang di-karaniwang sapin, masarap na uri ng malagkit ang galapong, nilagyan ng giniling na ube ang panggitnang sapin. Maaari namang magaspang ang galapong. De-lata ang gatas. May *food coloring*. Subalit malaki ang kinalaman ng dila ng kakagat (kritiko/mambabasá) upang masiyahan ito sa kinakagat na sapin-sapin. Magrereklamo ito kung namihasa lámang ito sa isang uri ng sapin. O sadyang mapaghanap ito ng bago't naiibang lasa. Mapanganib na ipakagat ang kakaning mula sa palengke sa isang kritiko/mambabasá na nasanay ang dila sa pinedido, espesyal, at *branded*.

Entabladong Minimalista

Kung iisiping isang dula ang "Pahayag," at tunay namang maaaring isadula, napakadalî nitóng itanghal. Hindi kailangang gastusan ang entablado. O

ni hindi kailangan ang entablado. Maaaring gamitin ang isang sulok ng silid, bodega (ang tirahan ni Bonifacio), o silong ng isang bahay, o kahit bakuran. Dapat lámang tabingan ng itim na kumot ang likod ng tanghalan upang isagisag ang malagim na atmospera ng produksiyon. Maglagay ng isang mesita, dulang, baul, o kahit kahon sa gitna ng tanghalan at ipatong doon ang isang tinghoy. Tapos na ang disenyo sa produksiyon. Iposisyong lumupagi sa tabi ng mesita (dulang, baul, o kahon) ang artistang si kabataan. At ihudyat ang simula ng dula.

Ganito ang tagpuan ng karilyo. O ng kahit anong dula na mabilisan at hindi ginagastusan ang pagtatanghal. Marami na akong napanood na ganito sa silid-aralan at maging sa lansangan noong panahon ng aktibismo laban kay Marcos. Tinatawag itong minimalista, gaya halimbawa sa tanghalan ng absurdong *Waiting for Godot* ni Beckett. Tinatawag ko itong dulaang-bayan, ang teatro ng mga nasaksihan kong huwego de prenda at duplo sa aming nayon. Sa duplo, may mesa at silyang luklukan ng hari at magkaharap na hilera ng mga silya na uupuan ng mga belyaka at belyako. Ginaganap iyon sa bakuran ng bahay. Kung minsan, may kulandong upang hindi mahamugan ang mga gumaganap. Ngunit sa haraya ng mga gumaganap at mga nanonood, isang korte o maharlikang bulwagan iyon at isang malaking paglilitis ang itatanghal.

At tulad sa duplo, matapos tukuyin ang minimalistang tagpuan ay nagpatuloy ang salaysay ni Jacinto sa pamamagitan ng diyalogo nina kabataan at Kalayaan. Tulad ng duplo, isa ring tagisan ng katwiran ang pag-uusap ng dalawang tauhan. Hindi ninakaw na ibon ng hari ang paksa. Sa halip, nagtálo silá sa higit na nararapat gawin hinggil sa ninakaw na kaligayahan ng bayan. Halos hindi nakialam ang direktor/tagapagsalaysay sa debate. Paminsan-minsan, isinisingit sa mga talatang nakapaloob sa mga panipi ang kaniyang pagunita bilang direktor/tagapagsalaysay sa pamamagitan ng marker na "sabi ni" o "sagot ni" (alalahanin ang ganitong taktika sa sinasabing Realismo ni Hemingway sa "The Killers") upang wari'y magkapanahong mag-isip sa narinig/binása ang madla o magkaroon ng puwang upang maglimi ang nagdedebate.

Ang arketipikong tagpuan sa duplo ang magugunita sa batalya ng moro-moro. Nag-uumpisa ang kasukdulang ito ng mahabàng komedya sa pamamagitan ng pagpasok at pagpapakilála sa madla ng magkalabang hukbo (ang mga belyako at belyaka sa duplo, sina kabataan at Kalayaan

sa salaysay ni Jacinto). Sa tugtog ng musiko, mayabang na magmamartsa silá paikot-ikot sa entablado. Pagkatapos ng palakpakan, at sa hudyat ng direktor, magbabáka ang dalawang panig, sa saliw pa rin ng musiko, sa paraang tila sayaw, isinayaw na arakyo (arnis o estokada)—ang pagtatálong berbal ng duplo na isinadula ngayon sa pamamagitan ng kinoreograpiyang aksiyon.

Ilang Salitâ Hinggil sa Katwiran

Hindi ito binibigkas at binabaybay nang "**katwiran**" noon. Sa mga unang kasulatan, matutunghayan itong "**catouiran**," na naging "katuwiran" nang lumaon, mula sa salitâng-ugat ng pang-uring "**tuwíd**": ang katangian ng isang anyong walang baluktot, anggulo, bakô, o bukol; may karaniwang pakahulugan sa salitâ o asal na makatotohanan at wala ni bahid ng panlilinlang. Sinasaklaw ng "**katuwiran**" (ka+tuwid+an) ang paliwanag sa sanhi o dahilan ng isang ikinilos, mabuti man o masamâ, gaya sa "pangangatuwiran," ngunit higit na ikinapit ng dalumatang-bayan sa salitâ, kilos, o pasiyang nakabatay sa wastong **bait**—sa taal na pagwari sa tama o malî—at tungo sa **kagalíngan** ng kapuwa-tao at nakararami sa lipunan. "Katuwiran" pa rin kung isulat ito hanggang sa dulo ng ika-19 siglo, gaya sa sumusunod na taghoy ni Florante:

> Caliluha,t, samâ ang ulo,i,nagtayô
> At ang cabaita,i, quimi,t, nacayuco,
> Santong catouira,i, lugamî at hapô
> At luha na lámang ang pinatutulo.

O gaya sa saknong na ito ng "Dupluhan" ni Marcelo H. del Pilar:

> Katuwiran lamang sa bunying Monarca
> Ang magagamit kong mabisang sandata,
> Pagka't siyáng lalo bagáng may halaga
> Sa balang may bait na punò't justicia.

At gaya sa argumentasyong ito sa saknong ni Bonifacio:

> Dapwat kung ang bayan ng Katagalugan
> Ay linapastangan at niyuyurakan
> Katuwiran, puri niya't kamahalan
> Ng samâ ng lilong tagaibang bayan

Di gaano kayâ ang paghihinagpis
Ng pusong Tagalog sa puring nilait?
Aling kalooban na lalong tahimik
Ang di pupukawin sa paghihimagsik?

Ang "santong katuwiran" sa saknong ni Balagtas ay higit kaipalang makahulugan kaysa ordinaryong "santong dasalan" at kalahati ng kasabihang "santong paspasan," sapagkat nagpapahiwatig ng paggamit ng higit na malawak na pag-iisip at hinahon ng damdamin. Sa tula ni Bonifacio, ang "katuwiran" ay inihanay sa "puri" at "kamahalan" ng bayang Tagalog na nilalapastangan at niyuyurakan diumano ng kasamaan ng mga dayuhan kayâ dapat ipaghimagsik ng "pusong Tagalog." Ipinahihiwatig na sa naturang paghahanay ni Bonifacio ang pagtuturing sa "katuwiran" bilang isang aspekto o bahagi ng pambansang dangal, at kasáma ito sa mga katangian ng tao at ng lipunan na naglahò sa panahon ng kolonyalismo. At sa ganitong mga pagkakataon, waring nais nang ipatungkol sa "katuwiran" ang *justicia* (**hustisya**), gaya ng takbo ng panaghoy ni Florante, danga't waring tinutunton pa rin ng gamit ni Bonifacio at ni Jacinto sa "Pahayag" ang higit na limitadong aplikasyon nitó sa pagpapairal ng wastong bait at wastong pagmuni sa bagay-bagay.

Nilutas ni Lope K. Santos at mga kabarkadang neolohista nitóng ika-20 siglo ang ekstensiyon ng "katuwiran" tungo sa *justicia* nang imbentuhin nilá ang "**katarungan**" (ka+tarong+an) upang itapat sa konsepto ng *justicia*. Hiniram nilá ang "**taróng**" sa mga Bisaya na kung tutuusin ay nangangahulugan din ng "tuwid." Ngunit simula noon, ang "katuwiran"—at sa pamamagitan ng bagong anyo nitóng "katwiran"—ay higit na itinumbas sa lohika at lohikong pag-iisip. Wala namang nawala sa integridad nitó; naging higit lámang tiyak ang pakahulugan natin kahit sa "katwiran" at pangangatwiran ni Jacinto.

Katwiran/ Kabaitan/ Kagalingan

Sa retorikang Katipunero, pawang nása landas ng tama at wasto ang "katwiran," "kabaitan," at "kagalingan." Anupa't sa maraming pagkakataon ay maaaring magkapalit ang mga ito at maaaring ipalit sa katangiang tama at wasto. Halimbawa, ang unang aral ng Katipunan:

> Ang kabuhayang hindi ginugugol sa isang malaki at banal na kadahilanan ay kahoy na walang lilim kundi man damong makamandag.

ay maaaring muling ipahayag sa ganitong paraan:

> Ang kabuhayang hindi ginugugol sa kagalingan (o kabaitan) ay kahoy na walang lilim kundi man damong makamandag.

Na maaari ding ipahayag na:

> Ang kabuhayang hindi ginugugol sa katwiran ay kahoy na walang lilim kundi man damong makamandag.

Ipinapanukala din nitó ang isang sistema ng pagpapakahulugang Katipunero na buo at iba (salungat) sa pagpapakahulugang Kristiyano. Hindi maaaring magsáma sa isang bariles ang wikang Katipunero at wikang Kristiyano. Gaya ng pangyayari ngayong ang nabanggit na katangiang "mahal at banal" ng mga Katipunero ay hindi maaaring "masunurin," "mapagkumbabâ," at "madasalin" alinsunod sa kodigong Kristiyano. Gamitin man ng mga Katipunero ang naturang mga birtud ay hindi sa paraang magbubunga ng mabuting seminarista o kahit matiyagang sakristan. Dahil sa magkaibang sistema ng pakahulugan, magkaiba (magkasalungat) ang wika ni Miguel Lucio y Bustamante at ang wika ni Jacinto kahit magkaroon ng mga magkaagapay na gamit at interseksiyon.

Pagpapakahulugang Filipino

Naikuwento ko nitóng 5 Disyembre 2010 kay Randy David ang *Jacintina*, lalo na ang masigasig kong pagbungkal sa kahulugan at pakahulugan ng salitâ. "Ang totoo," wika niya pagkatapos kong ipaliwanag ang orihinal na pilosopiya sa "ginhawa" at ang susog ni Bonifacio upang maipasok ang kalayaan, "parang *hermeneutics* ang ginagawa mo." Oo nga, "parang *hermeneutics*." Parang. Malaki ang aking agam-agam sa naturang etiketa. Ang totoo, hindi sa etiketa, kundi sa kinakatawan nitóng kapangyarihan, ang labis na alindog ng wikang Kanluranin, kayâ parang laging may katapat na salitâng Griyego ang lahat at kahit bagong haka ng isip. Ay, ang hilig ko ring maki-Griyego! *Hermeneutic* ang pang-uri. Sa Griyego *hermeneutikos*, mula sa *hermeneirein*, "magbigay ng kahulugan," "unawain." Ngunit paano ang mga salitâng katutubo na walang ugat na

Griyego? O ang higit na ibig kong sabihin, hindi dibdibang tinitititigan at inuunawa ang bawat kahulugan at pakahulugan sa ating katutubong wika dahil walang San Agustin at dalubwika na nagtatag ng sining at agham ng **pagpapakahulugang Filipino**.

Higit ko rin ngayong panukala ang aking pagkaunawa sa pilosopiya ng pagpapakahulugan alinsunod kay Hans-Georg Gadamer, bagaman isa rin siyang magiliw na disipulo ni Plato at ng pilosopiyang Griyego. Ang aking tatlong konstelasyon ay maaaring ituring na pagsisikap gagapin ang kamalayan na alinsunod sa kaniya, at sa paniwala ko rin, ay apektado ng kasaysayan. Nais kong tistisin ang wika ni Jacinto upang isiwalat ang nilalamán nitóng pagpapakahulugan sa kamalayan ng sambayanang Filipino sa yugtong iyon ng pambansang kasaysayan sa loob at pagkaraan ng 300 taon ng kolonyalismong Espanyol. Kaugnay nitó ang haka kong tagumpay ng wika ni Jacinto na ipahayag ang kamalayan ng target na madla, batay sa estadistika ng pagdagsa ng sumasapi sa Katipunan matapos malathala ng subersibong peryodikong *Kalayaan* at batay sa totoong kaganapan ng adhika nitó—ang Himagsikang 1896.

Sa panukala kong pagpapahalaga, itinuturing kong ganap na kaganapan ng diwa ang anyo hindi lámang dahil sa dalubhasang pagkasangkapan sa wika at sa pagpilì ng angkop na anyong pampanitikan kundi higit na dahil sa wastong pag-agapay ng wika ng akda sa kamalayan ng target na madla. Ang tinatawag na kamalayan ng madla/mambabasá, tulad ng wika, ay produkto ng kasaysayan, binabago ng o nagbabago sa kasaysayan. Masigasig ang haraya na tuklasin ang naturang wika ng kamalayan upang iagapay sa hakang pagkatanto ng wika at kasaysayan ang anyo't wika ng akda. Malinaw ito sa panitikang popular at sanhi ng komersiyal nitóng tagumpay. Hindi ito namamalayang ginagampanan—sa pamamagitan ng pagsalungat, pag-ismid, atbpang kunwa'y pakikipag-usap sa sarili—ng nagpapanggap na Sining-Para-sa-Sining lámang, na kung tutuusin ay isa ring paraan ng pag-agapay, bagaman patunggali, sa hakang kamalayan ng madla. Makabuluhang oryentasyon ito sa tipo ng pagsulat ni Jacinto at akdang Katipunero. Ang pagpapakahulugan ko sa pagbása kay Jacinto ay isang hakang pagbása rin sa kamalayan ng sambayanang binighani ng wika at tinig ng Katipunan. Ang madlang ito ang haka kong madla ng progresibong kamalayang Filipino bago matapos ang ika-19 siglo.

Bakit may "Filipino" ang aking panukalang pagpapakahulugan? (Kauri ito ng pang-uri sa haka kong Bagong Pormalismong Filipino noon pang 1982.) Sapagkat pangunahing interes nitó ang pagbása sa wikang Filipino at pag-unawa sa akdang produkto ng kamalayan at kasaysayang Filipino. Kung bagá sa tubig, bumabatis ito mula sa bukal na kagandahang-loob, ang taal na saloobing ihandog ang sarili, ang likás na mithing itanghal ang diwaing mahal at marangal. Sapagkat makíling itong pagitawin ang mga tinig at anyo ng wikang Filipino mula sa pinakaunang panahong maaaring masaliksik hanggang sa kasalukuyan. Sapagkat umiiwas itong mamihasa sa pagpapakahulugang nabuo na, lalo na yaong isinusubò at kailangan na lámang lunukin mulang Kanluran, at sapagkat nagsisikap itong tumuklas ng mga bagong palatandaan at batayan ng pakahulugan sa kalawakan ng kamalayang Filipino. Na sa ngayon ay isa nang napakahirap na tungkulin ng pagbása dahil nakakulapol sa kalawakan ng edukasyon at kaisipang Filipino ang oryentasyong banyaga't Kanluranin at dahil dito'y hitik sa alingawngaw ng pagpapakahulugang banyaga ang saliksik at pagsusuri ng mga iskolar ng bayan. Gayunman, hindi nilulunggati ng "Filipino" ang dalisay lámang at katutubong pagpapakahulugan, bagkus nakahanda itong tumanggap at sumipi ng kaalyadong kaisipang banyaga ngunit sa paraang hindi ipinapailalim ang sariling mga adhikang malikhain at mapagpalaya. Baliw ang dalisay, bagaman bulág naman ang lubhang pag-asa sa naturalisado't hiram. Sapagkat, sa dulo, ang "Filipino" ay isang panukalang muling pagkatha sa kasalukuyan at malaki ang posibilidad na magaganap ito mula sa sinapupunan ng halò-halòng katutubo't banyaga, sinauna't makabago, agnostiko't relihiyoso, unitaryo't federal, balintuna't sentimental, atbp.

Malungkuting Salamisim

Isang sulyap lámang sa teksto ni Jacinto at manlalabo ang paningin sa bakás ng luha. Literal na nalulunod ang katwiran sa balde-baldeng luha ng sentimentalidad. Bisà ito ng binanggit ko na sa unahang "malungkuting salamisim." Nakasaad mismo sa teksto ang sikil na katwiran, isang kalagayang dapat bakáhin, baligtarin sa loob ng tekstong Katipunero upang makairal muli ang masayáhing diwa o ang mithing pananaig ng katwiran.

Matutunton kay Balagtas ang panimulang subersiyon sa malungkuting salamisim. Sa isang tula, tinipon niya wari ang lahat ng

patak ng luha at isa-isang binigyan ng magkakatulad na kahulugan, isang taktikang tiyakang umuuyam sa target ng eksaherasyon:

> Hirap, Kalungkutan, Dalita't Hinagpis,
> Pighati at Dusa, Dalamhati't Sákit
> Panibugho't Sindak, Bagabag, Ligálig,
> Umiiwang lahat sa abâ kong dibdib.

Titigan ang nakangising katalogo ni Balagtas sa itinuturing niyang "Labindalawang Sugat ng Puso." Nakasulat pang lahat ang mga ito sa malaking titik, mistulang pangalan ng mga birtud sa dulang alegoriko, na siyempre ay dapat isiping ang kabaligtarang mga bisyo, at ikinukumpisal na tila mga tinik na dumudurog sa kaniyang kalooban. Sino ba ang maaaring makapag-isip nang matino kung may gayon karaming alalahanin? Lima lámang ng naturang sugat ay sapat nang ikabaliw. Hindi kataká-takáng naging lubhang malungkutin ang panitikang Filipino at ang sambayanang Filipino pagkaraan ng 300 taon ng pagtitiis. Higit pang nilinaw ito ni Balagtas sa *Florante at Laura*, at isinadula kung paanong nakaraos si Florante, sa tulong ng masidhing pagmumuni, mula sa pagkapugal sa malungkuting salamisim tungo sa katatagan ng kalooban. Hitik sa mga larawang kontrapuntal ang salitâ ni Florante upang magtanghal ng malaganap na kabalighuan, at ang ganitong salungatan mismo ay nagpapahiwatig ng *nararapat* o ng pangarap na sitwasyon. Anupa't paglaruan lámang ang sinipi ko nang mga hibik ni Florante, pagpalitin ang kinalalagyan ng birtud at ng bisyo, at kaagad mababanaag ang subersibong lunggatî sa likod ng pagtagulaylay:

> Ang masamâng asal ay ipinupucol
> Sa laot ng dagat ng cut-ya,t, linggatong
> Balang asal-hayop ay ibinabaon
> At inililibing na ualang cabaong.
>
> Nguni, o ang bait at magandang-loob
> Sa trono ng puri ay inilulucloc
> At sa balang banal at pusong mairog
> Mabangong incienso ang isinusuob.

Di ba? Ngunit nakalupasay pa rin sa pusali ng malungkuting salamisim ang pambungad na teksto ni Jacinto. Muli niyang inilista ang bokabularyo ng lungkot ni Balagtas: Dalita, kirot, lumbay, pighati, dalamhati, panglaw, lugami, hibik, dusa, pasakit, hirap, abâ, alipusta, gimbal,

gitla, atbp. Kalakip ng katalogo ang listahan ng mga pang-uri't pandiwa sa mga instrumento ng pagsasamantala't pananakop: Bangis, tampalasan, sukab, yumuyurak, lapastangan, dumudurog, humahamak, atbp. Kailangan niyang pagbaliksulyapan ang katalogo ng hibik ni Balagtas, ng tagulaylay sa pasyon, ng panambitan sa dasal at harana: sapagkat nakatimo sa mga anyong ito ng malungkuting salamisim ang mapait na karanasan at kasaysayang idinulot ng kolonyalismo. Bakit pa? Kailangan ni Jacinto ang ganitong baliksulyap upang higit na luminaw ang bigat ng tungkulin para maganap ang pagbabago. Ang lungkot ay isang piitang sikolohiko, isang moog na mahirap mabuwag sapagkat ang bilanggo, ang sákop at biktima ng paniniil, ang nagpipiit sa sarili. Sa matagal na panahon ng lungkot, ikinasisiyá na ito ng biktima bilang taal na katangian at tadhana, bunga na rin ng pangyayaring ganap na niyang nalimot ang pagiging di-piit. Kailangan ni Jacinto ang ganitong baliksulyap dahil sa pangkalahatang katwirang pakasaysayan ng "Pahayag." Ito ang kasalukuyan, ang karima-rimarim na ngayon. Mula rito, dadaloy ang "Pahayag" para sa tambalang pagtatanghal ng kahapon at búkas.

Ilang Salitâ Hinggil sa Lugami

Kailangan kong titigan sandali ang "lugami" alinsunod sa pagkagamit ni Balagtas. Iba-iba ang naririnig kong bigkas nitó kapag Araw ni Balagtas. May malumi, may maragsa. May hinala din akong bunga iyon ng hindi tiyak na pagkaunawa sa kahulugan ng naturang salitâ. Sa *Vocabulario* (1754) nina Noceda at Sanlucar, may entring "logámi" (malumay): "*Flaqueza notable por hambre o enfermedad.*" Sa tesauro ni Panganiban (1972) may lahok na "lugamì (malumi), lugamî (maragsa)":"*sunk in, fallen into (a misfortune, some suffering or set back) and cannot easily get out.*" Sa *UP Diksiyonaryong Filipino* (ikalawang edisyon, 2010), naitalâ ang mula sa Noceda na may malumay na bigkas at may kahulugang "payat na payat dahil sa gútom o sakít." Ngunit imposibleng malumay ang "lugami" ni Balagtas dahil sa saknong 14 ay ipinantugma niya ang "nalulugami" sa maragsang "sawî" at "pighatî" at maluming "harì." Ginamit niya itong muli sa saknong 17 sa taludtod na: "Santong catouira,i, lugami at hapo." Sa saknong 14, nása anyo itong pandiwa ("nalulugami"); sa saknong 17, nása anyong pang-uri kasáma ng pang-uring "hapô." Ibig kong ipanukala ang pagsunod sa dalawang bigkas sa Panganiban, malumi ito (lugamì) kapag pangngalan o pandiwa gaya sa gamit ni Balagtas sa saknong 14; maragsa naman (lugamî) kapag pang-uri gaya sa gamit niya sa saknong 17. Maraming

ganitong salitâ na malumay o malumi kapag pangngalan (balísa, tigátig, úhaw, gísing, hapò, gapì, sirà) at nagiging mabilis o maragsa kapag pang-uri. (balisá, tigatíg, uháw, gisíng, hapô, gapî, sirâ). Ibig ko ring ipanukala na idagdag sa *UP Diksiyonaryo* ang kahulugan mula sa Panganiban: "nalubog o nalugmok sa isang kasawian, paghihirap, o kabiguan, at hindi kaagad kusang makalaya." Kay-gandang salitâ! Sa lahat ng bokabularyo ng lungkot, angkop na angkop ito sa sitwasyon ni kabataan nang lapitan ni Kalayaan. Lubhang lugmok ang lugamî, ngunit may ipinahihintulot ding pag-asa ang kahulugan, ang pag-asa na maaari itong makaahon at makatayô mula sa kinalugmukan.

Pagpapalaya sa Katwiran

Kailangang ibalik ang panahon ng katwiran. Ito ang tungkulin sa salaysay ng paglitaw ni Kalayaan, ang di-nakikilálang katangian ni kabataan, ang kaniyang di-nakikilálang sarili. Ang makinarya ng pagpapalitaw kay Kalayaan, sa gayon, ay mistulang isang salamangka sa pamamagitan ng bentrilokismo. Isang mahiwagang anino ang ipinasok sa eksena upang kumatawan sa di-málay ng kabataan, upang usigin ang umiiral na málay ni kabataan (at upang maging tagapagsalitâ rin sa lunggati ng direktor/tagapagsalaysay), upang supilin ang huwad at umiiral na Katwiran (ang mapaniil na ngayon) sa pamamagitan ng tunay na katwiran. Bahagi ng papel ni Kalayaan ang pagiging tinig ng kasaysayan o pagtutuwid ng kasaysayan, kayâ kailangang ibalik niya sa gunita ni kabataan ang nawala at nalimot na kahapon:

> "Noong unang panahon, noong ang karuwagan at pagkaalipin ay hindi pa pumapalit sa magagandang kaugalian ng iyong mga ninuno, násа lilim ko ang bayang Tagalog at násа ilalim ng aking pangangalaga, at siyá ay maligaya at sinisimsim ang simoy na nagdudulot sa kaniya ng búhay at lakas ng katawan; tinatanglawan ng aking liwanag ang kaniyang pag-iisip at iginagálang siyá ng mga kalapit bayan."

Ito rin ang panahon ng "kasaganaan at kaginhawahan," ang noon alinsunod sa "Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog" ni Bonifacio. Ngunit ngayon, sa loob ng tinig ni Kalayaan, ang noon ay naging panahon ng kalayaan. Na ang ibig sabihin, tinamasa ng mga Tagalog ang naturang panahon ng kasaganaan at kaginhawahan sa ilalim ng pangangalaga

ni Kalayaan, sa loob ng isang kaligirang malaya at walang dayuhang mananakop. May susog si Jacinto sa kasaysayan ni Bonifacio at sa pagdalumat ng mga Pranses. Kung taal nga namang katangian ng tao ang kalayaan, natural ding ituring na isang panahon ng kalayaan ang panahon ng lipunan o lahing walang namamahalang dayuhang awtoridad. Hindi ito pagmamarangal sa sariling kabuluhan ni Kalayaan. Manapa, ito ang pangunahing tesis na mapagpalaya ng salaysay ni Jacinto. Una sa lahat, kailangang mabawi ang kalayaan. Susunod ang pag-iral ng tunay na liwanag, ang ligaya, at kahit paggálang ng ibang bansa, kapag ganap nang natamo ang kalayaan. Kaugnay nitó, kailangan din ang kalayaan upang mapairal ang katwiran.

Ngunit paano nga lalaya ang katwiran kung nakapiit ito sa pusali ng malungkuting salamisim?

Ang tagisan ng kaisipan nina kabataan at Kalayaan ang isang paraan. Sa iba't ibang anggulo't antas, ang tagisan ay isinadula upang hawiin ang namamayaning dilim sa paningin/isip ni kabataan, upang hanguin ang lugamîng sakop mula sa kumunoy ng makitid at nakamihasnang pananaw, upang ibalik ang liwanag sa paligid, upang sikilin at durugin ang malungkuting salamisim, upang makapuslit ang ngiti ng diwang masayáhin, upang lumaya ang katwiran. Sa isang bandá, ang tagisan ay isang ritwal na eksorsismo upang palayasin ang masasamâng espiritu ng huwad na kabanalan; sa kabilâng bandá, isang paghawan ng dawag upang muling lumitaw ang landas na matuwid tungo sa kasaganaan, kagalíngan, at kaginhawahan.

Subersiyon Bilang Pang-uuyam

Sa takbo ng tagisan ng katwiran unti-unting namilaylay ang pangil ng himig na mapang-uyam ni Jacinto. Waring isang kailangan itong yugto, isang kailangang kondisyon, upang matutuhan ng isip ang katwiran. Si Kalayaan bilang tinig ng katwiran ang pangunahing instrumento sa pang-uuyam. Ngunit si kabataan, sa pamamagitan ng paglalantad sa sarili nitóng kamuslakan/kamangmangan ang tila di-sinasadyang kasabwat upang patunayan ang inuuyam ni Kalayaan. Sa bentrilokistang salamangkang ito, si Kalayaan bilang papet at ekstensiyon ng kabataan ang higit na matalino't nakalilirip sa pagkalugamì ng orihinal na bukal ng tinig nitó, ng tinig na namimighati ni kabataan. Ang baligtad na sitwasyong ito ng

karaniwan at kairalan ay maitituring na isa nang pakana ng subersibo't diwang masayáhin.

Hindi mahirap isiping sinadya ito ni Jacinto. Sinadya upang lumitaw na katawa-tawa ang kairalan, upang mawalan ito ng lambong ng kapangyarihan, at upang maging bulnerable sa pananalakay ng pang-uuyam ni Kalayaan. Tandaan: sa puntong ito, hindi ang mananakop na awtoridad ang inuuyam. Higit na tinutuligsa ang sákop—ang biktima ng dayuhang awtoridad na nahirati sa pighati kayâ't itinuring nang di-maiiwasang tadhana't di-mababagong búhay ang pagiging sákop. Gayunman, isang nakatutuwang taktika itong higit pang makirot kaysa sinasabing pasaring o "sablay sa kalabaw, sa kabayo'ng latay." Ang pasaring sa sákop ay kalkulado upang sumugat din sa mananakop. Daig pa ang sablay na lumalatay kapuwa sa kabayo at sa kalabaw.

Sinimulan ito ni Kalayaan sa isang tila patay-malîng pag-usisa kung bakit lumuluha si kabataan. Wala-sa-loob namang ipinagtapat ni kabataan ang muslak na paglulumagak sa kaniyang pamimighati, sa pighating itinuturing niyang walang lunas at walang-hanggan bagaman batid din niyang maaaring ituring ng ibang tao (tulad ni Kalayaan) na walang halaga.

> "Bakit ka lumuluha? Anong kirot o dalita ang dumudurog sa iyong puso at yumuyurak at humahamak sa iyong kabataan at lakas?"
>
> • Nag-angat siyá ng ulo at natigib sa panggigilalas: may kapíling siyá at halos apat na hakbang ang lapit, at nabanaagan niya ang isang anino na waring nababálot ng maputîng ulap ang kabuuan.
>
> "Ay, mahabaging anino! Ang mga pighati ko'y walang lunas, walang katighawan. Maaaring kung isiwalat ko sa iyo ay sabihin mo o isipin mong walang anumang halaga. Bakit kailangan mong lumitaw ngayon upang antalahin ang aking paghibik?"
>
> "Hanggang kailan," sagot ng anino, "ang kamangmangan at ang katunggakan ay magiging sanhi ng mga hirap at pasákit ng mga tao at ng mga bayan?
>
> "Hanggang kailan kayó makasusunod magbangon pabalikwas mula sa kabulagan ng pag-unawa tungo sa tugatog ng katwiran at adhika? Hanggang kailan ninyo ako hindi makikilála at hanggang kailan kayó magtitiwalang umasa na kahit wala sa

aking píling ay maaaring matamo ang tunay at wagas na ligaya tungo sa kapayapaan ng sangkalupaan?"

Titigang muli ang pasaring ni Kalayaan:

"Hanggang kailan," sagot ng anino, "ang kamangmangan at ang katunggakan ay magiging sanhi ng mga hirap at pasákit ng mga tao at ng mga bayan?

Hindi niya tahasang pinangalanang "mangmang" at "tunggak" si kabataan. Inusig niya ang isang pangkalahatang kondisyon—ang lumaganap na pambansang kultura noon (at kahit hanggang ngayon)—na naiiralan ng kamangmangan at katunggakan at nagiging sanhi ng malaganap na paghihirap ng mga tao at mga bayan. Disimulado ang tinig ni Kalayaan. (*Disimulatio.*) Pigíl na pigíl. Sa katutubong retorika ng pasaring na pang-uuyam, ito ang **pasilambang**, na kunwa'y nag-uusisa lámang, walang malinaw na layunin, at kunwa'y ipinatutungkol sa lahat at karamihan, tila palasong pinaigkas para sa madla, ngunit tulad ng alinmang pasaring (na ayaw tumukoy sa nais patamaan) ay may tinutukoy na tiyak na target.

Ngunit igigiit ngayon ng kabataan na kailangan niyang lumuha, tulad ng kaniyang mga kababayan, kailangan niyang lumuha dahil sa dinanas na mga abuso ng mananakop, at inisa-isa ang kalupitang tinamo ng bayan. Gayunman, ginanti ito ng bagong hagkis ni Kalayaan, muli sa paraang pasaring, ngunit higit nang nakaumang kay kabataan:

"Dapat magdamdam at lumuha," tugon ni KALAYAAN sa himig na nangungutya at ginagagad ang mapaghimutok na paraan ng pagsasalitâ. "Lumuha! Lumuha ay dapat kung ang may sugat ay walang dugong maitigis, kung ang mga sukab ay wala nang búhay na maaaring putulin, kung tinatanggap nang ang kawalanghiyaan at katampalasanan sa pagbitay kina Padre Burgos, Gomez at Zamora, sa pagpapatapon kay Rizal, ay hindi nangangailangan ng makatwiran at maagap na paghihiganti, na maaaring mabúhay sa píling ng mga kaaway, at na may mga pagmamalabis na dapat pang ipagmakaawa ng katubusan. Lumuha sa sariling tahanan, sa katahimikan at kadiliman ng gabi, ay hindi ko maunawaan. Hindi ito ang nararapat para sa isang kabataan...hindi ito ang nararapat."

Oo, wika niya, maaaring magdamdam at lumuha ang sinumang may sinapit na kasawian. Ngunit hindi nalulutas ang kasawian sa pamamagitan ng pagluha. Sa halip, nananatiling api ang api, patuloy na nagsasamantala ang maykasalanan, at hindi naihahanap ng karampatang katarungan ang naganap na pagkakasala. At idiniin pa niya: "Lumuha sa sariling tahanan, sa katahimikan at kadiliman ng gabi, ay hindi ko maunawaan." Na kakatwa o katawa-tawa para sa kaniya ang ginagawa ni kabataan. Na hindi ito gawain ng táong may pagmamahal sa sariling dangal. Na walang mangyayari sa gayong gawain. At sinundan pa ito ng higit na tahas at mapangutyang pahayag: "Hindi ito ang nararapat para sa isang kabataan...hindi ito ang nararapat." Na ngayo'y tumutukoy sa "nararapat." Tahasang hinihiyâ si kabataan sapagkat ginagawa nitó ang isang bagay na hindi nararapat para sa kaniya. Na higit na kahiyâ-hiyâ ang pagluha ni kabataan dahil hindi iyon nababagay sa kabataang tulad niya. Pinapasok ng pang-uuyam ni Kalayaan ang antas at daigdig ng hálagáhan: ang nararapat at hindi nararapat.

Isinagot dito ni kabataan ang halaga ng kaugalian ("naugalian"). Lumuluha siyá nang tahimik sapagkat iyon ang kaniyang nakamihasnan, iyon ang itinuro sa kaniyang paraan ng pagtanggap sa kasawian. Na kaagad binara ni Kalayaan ng malumanay ngunit matigas na:

> "Hindi lahat ng naugalian ay mabuti," paliwanag ni KALAYAAN, "may masasamâng kahiligan at ang mga ito'y dapat iwaksi lagi ng mga tao."

Nawala ang hibo ng ekibokasyon sa tinig ni Kalayaan; naglahò ang pang-uuyam. Pumalit ang tinig na pawatas at matatag. Itinuturo mismo ng pahayag na ito ang pangunahing diwa ng salaysay: Transpormasyon. Kailangan ang radikal na transpormasyon upang totoong maibalik ang katwiran. At sa ganitong transpormasyon, pangunahin ang muling pagsusuri sa hálagáhan, lalo na yaong may napakalalim na't napakatandang mga ugat at itinuturing nang taal na katangian ng tao—ang kaugalian—ang sinusunod nang hindi na pinag-iisipang totoo, ang iginagálang nang hindi nililimi kung bakit, sapagkat marami sa mga ito ang natural ding konserbatibo, samakatwid, mahigpit na kaaway at ayaw ng transpormasyon. Kailangang suriin ang kaugalian, wika ni Kalayaan, sapagkat marami dito ang nagdudulot ng masamâng hilig at lunggati (na ipinahihiwatig ang kaugaliang dulot ng kolonyalismo) at sa gayo'y kailangang itakwil.

Pamimighati Bilang Kaugalian

Alin ba ang tama at alin ang malî? Sa ganito nililitis ang katumpakan ng bait ng tao—kung paano siyá napapatnubayan ng taal na pagtimbang sa tama at sa malî. Ngunit ang bait, tulad ng katwiran, ay maaaring malugamì, maaaring maibulid ng malalakas na puwersa ng kapangyarihan tungo sa makikitid at baluktot na pagtanaw at pagpapasiya. Halimbawa nga, ang pamimighati. Hindi masamâ ang pighati kung may dinadamdam. Ngunit mula sa pasyon, naging pangunahing tuon at birtud ito ng "malungkuting salamisim," naging dahilan upang hindi kumilos at humanap ng lunas sa sanhi ng pamimighati. Ang paglulunoy sa luha, tulad ng ibang itinuturing ni Kalayaan na masasamâng hilig, ay tumiim sa katauhang Filipino, o pinatiim ng kolonyalismo sa katauhang Filipino, upang sa dulo ay maging kasangkapan tungo sa pagtatakwil ng katotohanan. Narito ang subersibong banggit sa Gomburza at kay Rizal bilang sanhi ng malaganap na pamimighati ngunit bilang ebidensiyang pangkasaysayan na nangangailangan ng pagkilos na higit kaysa pamimighati. Ang pagbanggit ni Kalayaan sa kasaysayan ay isang patotoo hinggil sa kawalang silbi at kahungkagan ng pamimighati; ang sampirasong kasaysayan ("santong katuwiran") ay ipinang-uusig sa nagaganap at laganap na pagtatakwil sa katotohanan at pagsikil ng bait dahil sa nakaugalian. Kailangang ituro, sa pamamagitan ng sangkislap mula sa konstelasyong liberal, ang katotohanan na sinasamantala ng dayuhang maykapangyarihan ang pamimighati upang lumikha ng higit at higit na panlulupig sa mga karapatan ng tao, ang katotohanan na nagpapatuloy ang pagsasamantala dahil sa itinuro at nakaugaliang pamimighati ng bayan.

Panggagagad

Napakarikit ang banggit sa Gomburza at kay Rizal bilang talibang bituin ng konstelasyong liberal at mapagpalaya. Bago ang pangungusap na naglalamán nitó, nakalutang ang teksto ni Jacinto sa kalawakan ng tradisyonal na gunita, walang katiyakan, nangangailangan ng mapag-arugang titig ang kahit ekibokasyon ng pang-uuyam. Ang wika ni kabataan ay nakabálot sa kalabuan ng bugtong at salawikain, kayâ't nangangailangan ng higit na matiyagang titig upang hindi mapagkamalang lantay na ekspresyong sentimental. Halimbawa, ang litanya ng mga sanhi ng dusa ni kabataan ay purong tagulaylay lámang sa unang bása:

"'Ako,' sabi nilá, 'ay nagugútom,' at siyáng nagturo sa akin na pakainin ang nagugútom ay tumugon: 'Kainin ang mga labí at mga mumo sa aming masaganang mga piging, sa aming mariwasang hapag.'

"Sabi ng aking mga kapatid: 'Ako'y nauuhaw,' at siyáng nagturo sa akin na painumin ang nauuhaw ay tumugon: 'Lagukin ang inyong mga luha at ang pawis, sapagkat dudu- lutan namin kayó ng sapat na kalinga nitó.'

"Hibik ng aking mga kapatid: 'Wala akong damit, ganap na akong hubad' at siyáng nag-utos sa amin na damitan ang hubad ay tumugon: 'Ngayon di'y babalutin ko ang buong katawan ng patong-patong na mga tanikala.'

"Sabi ng aking mga kapatid: 'Nahalay ang aking puri ng isang *kura*, ng isang *Kastila*, ng isang *mariwasa*,' at ang hukom na matibay na haligi ng hustisya ay tumutugon: 'Ang táong iyan ay tulisan, isang bandido at isang masamâng tao: ikulong sa piitan!'

"Sasabihin ng aking mga kapatid: 'Kaunting awa at kaunting lingap,' at mabilisang tutugon ang mga maykapangyarihan at pinunòng makatwiran at mabuting loob kung mamahala: 'Ang táong iyan ay filibustero, isang kaaway ng Diyos at ng Inang Espanya: Dalhin sa Iligan!'

"Pansinin at pagmasdang mabuti, KALAYAAN; pagmasdan at pansinin kung dapat magdamdam ang aking puso at kung may sanhi ang pagluha..."

Ngunit taglay nitó ang isang importanteng bahagi ng pasyon at senakulo—ang alingawngaw ng Hulíng Pitong Wika, ang kasukdulan ng paghihirap ng Manunubos sa Kalbaryo. Sinisipi ng salaysay ni kabataan ang hulíng dramatikong yugto sa Kalbaryo ni Hesukristo. Gayunman, muli, sa paraang subersibo, sapagkat ginagamit ang diwa ng pasyon at senakulo laban sa makinaryang nagpalaganap ng Kristiyanismo—laban sa *kura*, *Kastila*, at *mariwasa*. Ginagamit sa paraang sinasalungat at tinutuligsa ang bukal nitó ng kapangyarihan. Ginagagad, hindi ginagaya.

Ang **panggagagad** (*parodia*, *parody*) ay isang mekanismo ng diwang masayáhin. Ginagaya ang isang huwaran ngunit hindi upang parangalan at sambahin kundi upang bukalan ng katatawanan. Ang huwaran ay kailangang alam ng lahat, kinikilála bilang huwaran, nag-aangkin ng kapangyarihan at alindog, upang tumalab ang panggagagad. Naglalaro naman ang diwang masayáhin ng panggagagad sa pagitan ng pagbibiro at ng pagtuligsa.

Nása dulo ng pagtuligsa ang panggagagad ng "Pahayag" sa Hulíng Pitong Wika ng pagpapakasákit/pagpapasákit kay Hesus. Nakapabuod sa limang (sa halip na pito) pagdurusa ang pagkakait—ang pagkakait ng tatlong pangunahing pangangailangan (tubig, pagkain, damit) upang mabúhay at ang pagkakait na igálang ang pagkatao ng tao (ipagtanggol ang puri at bigyan ng awa at pagmamahal)—salungat sa iniaaral ng pasyon at mga sermon sa Simbahan. Nahihitik sa uyam at halakhak ang puwang sa gitna ng nagtutunggaling doktrina at praktika ng Kristiyanismo. (Pansinin din ang munting alipato ng kasaysayan sa "Iligan"—isang pook na destiyero sa Mindanao at nakatutuwang isa sa mga unang pook na dumamay sa Sigaw sa Balintawak—na nagpatingkad sa katotohanan ng panggagagad.)

Ilang Salitâ sa Sangguniang Kapangyarihan

Utilitaryo ang pagsangguni ng tinig at akdang Katipunero sa salitâ't diwa ng tatlong konstelasyon. Utilitaryo at alinsunod sa pangangailangan nitó. Ang akda bilang isang kaganapan ng anyo ng nilalamán. Sapagkat nagsusúlong sa konstelasyong liberal at mapagpalaya, malaki ang paggálang nitó sa salitâ ni Rizal at mga Propagandista, bukod sa matapat na matapat sa diwa ni Bonifacio. Ang pangangailangan sa naturang konstelasyon ang pumapatnubay sa paraan ng paggamit nitó sa dalawang ibang konstelasyon. Inaasahang kritikal ang paggamit nitó sa pasyon bilang halimbawa ng akdang popular at Kristiyano. Ang ibig sabihin, iginagálang kung kailangan ngunit inuuyam ang kapangyarihan kung hinihingi ng pangyayari. Si Balagtas, kung tutuusin, ay isa ring tinig ng popular at Kristiyano ngunit pansinin ang pagkilála nitó kay Balagtas bilang isang bukal ng masayáhing diwa at isang huwaran ng panimulang pagsisikap na humanap ng katwiran. Si Balagtas ang hindi sinasambit na Ama ng tinig ng Katipunero ngunit sinisipi ang mga salitâ at anyo ng katwiran. Dagdag pa, sinisipi nina Bonifacio at Jacinto si Balagtas bilang isang tugatog ng pinagsanib nang anyo't diwa ng sinauna at ng Kristiyano, bilang marikit na sintesis ng katutubong nakahabi sa popular at kolonyal, at lunggati niláng sundan upang susugan alinsunod sa bago niláng diwa ng Katipunan.

Ilaw ng Hilaga

Si Balagtas ang maiituturing natin ngayong halimbawa kung paano sinisikil ng masaganang liwanag na Kanluranin ang gunita ng sinauna't

katutubo. Nakalutang si Balagtas sa konstelasyong kolonyal at Kristiyano, nababálot ng makintab na palara ng metriko romanse, nagsasalitâ sa naturalisadong pantigan ng lalabindalawahin, ngunit iginiit (o iginigiit ng tinig Katipunero para sa atin) ang katutubong henyo na kumukuha ng lakas mula sa gunita ng napakalayò nang lumipas. Ang panukalang pagbásang ito kay Balagtas ang itinuturing kong radikal na saloobing kontra-kolonyal ng tinig Katipunero at matalik na kaagapay ng mithiin ukol sa Himagsikang Filipino. Isang parikala rin sa unang malas na ang sinilangang liwanag ng tinig Katipunero—ang konstelasyong liberal at mapagpalaya—ay nagtataglay rin ng ilaw ng Hilaga; bagaman sa palagay ko'y nagkakaroon nga ito ng awtentisidad dahil sa naturang saloobing radikal. Ang "himagsikan" ng 1896 ay Filipino hindi dahil lámang sa inspirasyon ng Rebolusyong Pranses; Filipino ito dahil naunawaan ito ng sambayanang lumahok—ang unang "naliwanagang" 3,000 na nakabása ng *Kalayaan* (at ng "Pahayag"), at naunawaan nilá dahil sa mga liwanag (paliwanag) ng wika't diwang katutubo't popular na ginamit ng tinig Katipunero.

Nais kong balikan ang naganap na pagdalumat kay Kalayaan sa tekstong Katipunero. Orihinal itong *Freiheit* ni Schiller na kailangang isalin ni Rizal, na salin ng *liberté* ng Rebolusyong Pranses, at naihanap ng katumbas (likha man o katutubo) na "kalayaan" ni Marcelo H. del Pilar. Sinusugan ito ni Jacinto sa "Pahayag." Itinanghal niya si Kalayaan bilang multo ng isang maluwalhating panahon, ang kahapon ng kasaganaan at kaginhawahan bago dumatal ang pananakop na banyaga, na nagpapanukala ng muling pagdalumat sa kalayaan. Sa tinig Katipunero, at mula kaipala sa depinisyon mismo ng kalayaan bilang isang katutubong katangian ng tao, binubura ang alaalang banyaga sa kalayaan, nilulundagan ang kasaysayan nitó bilang salin, at ipinapanukala ang dugo nitóng Filipino. Sa teksto ni Jacinto, ang kalayaan ay taal na katangian ng isang panahon ng kasaganaan at kaginhawahan bago dumatal ang pananakop, na ito ang tagapangalaga ng naturang panahon, na hindi maaaring magtamasa ng gayong kasaganaan at kaginhawahan kung walang kalayaan, kayâ (at alinsunod sa programang Katipunero) kailangang ibalik ang kalayaan upang muling magkaroon ng kasaganaan at kaginhawahan ang bansa.

Ang panukalang radikal at kontra-kolonyal (post-kolonyal din?) na saloobin ng tinig Katipunero ang panukala ko rin ngayong pagbása sa tatlong konstelasyong nagsasalimbayan sa "Pahayag." Higit pa, at sa yugtong ito, panukala ko ring titigan ang sinag (ang kumukurap na

tinghoy) ng sinauna sa kabilâ ng nakasisilaw na ningning ng mga ilaw (ng kagimbal-gimbal na dilim) na Kanluranin. [Ito kung tutuusin ang pangkalahatan at batayang suliranin ng kritisismo/pagbása hanggang ngayon dahil sa nabigong Himagsikang Filipino. Muling nalambungan ang liwanag ng makabayang kalayaan ng "Liwanag" (ibig sabihin, dilim) na banyaga't Kanluranin.] Anupa't tulad ni Balagtas, ang karaniwang pagbása natin sa tekstong Katipunero ay nakabálot na sa "Liwanag" ng pagbásang Kanluranin. Nasisikil. Ang pagsasalin mismo ni Caro y Mora sa "Pahayag" ay isang pagsikil sa orihinal ni Jacinto tungo sa wikang Espanyol, at hindi naman napalaya ng pagsasalin sa Ingles ng kung tutuusi'y mapagkalingang pagbása kay Jacinto ni E. de los Santos. Ang pagsasa-Tagalog kong muli sa teksto ni Jacinto ay maituturing na isang simbolikong kilos ng rekuperasyon mula sa naturang pagsikil.

Nakalulungkot ding kinulang sa wastong pagpapahalaga ang pagbása ni Agoncillo. At dito marahil kailangan ang paliwanag sa sinipi ko nang mapanganib na komentaryo ni Agoncillo. Nabanggit ng historyador na produkto at ipinagpatuloy ni Jacinto ang "tradisyong pampanitikan" na itinatag ni Marcelo H. del Pilar. At isinudlong niya sa talababa na kailangang pag-ingatan ang pagkagamit niya ng "tradisyong pampanitikan" dahil naniniwala siyáng walang maituturing na tradisyon ang panitikan ng Filipinas (*"for rightly looked upon, there never has been a tradition in Philippine literary history"*). Sa isang bandá, marahil nga, dahil wala pang paglilinaw sa kasaysayang pampanitikan ng Filipinas noong sulatin niya at malathala ang *Revolt of the Masses* (1956). Sa kabilâng bandá, at ito ang panukala ko pang paglilinaw sa tatlong konstelasyon, kinakatawan ng tatlo ang mga tipak ng kaalamang pangkultura na nakatimo sa mga tekstong pampanitikan na nalathala sa Filipinas noong bago sumiklab ang Himagsikang 1896. Maaaring pangalanang "tradisyong pampanitikan"ang bawat konstelasyon. Nabulagan mismo si Agoncillo sa pagbása ng teksto ni Jacinto sapagkat sinisilaw siyá ng kaalaman sa mga buo na't nagpapakilálang "dakilang tradisyon" sa panitikang Kanluranin. Binása niya si Jacinto sa "Liwanag" ng "dakilang tradisyon" sa panitikang Kanluranin. Sa gayon, wala siyáng makítang tradisyong pampanitikan sa Filipinas sapagkat pinipilit niyang ipasok sa kahon ng mga "dakilang tradisyon" sa panitikang Kanluranin ang panitikan ng Filipinas. Sa "tanglaw" ng kaniyang Amerikanisadong panlasa't edukasyon, imposibleng magkaroon ng tradisyong pampanitikan na hindi kahawig, at lalo na'y naiiba, sa kaniyang hinahangaang tradisyon sa Kanluran. Samantala at kaugnay ng paglilinaw kong ito, panukala kong dagdag na suliranin ang higit pang tiyaga't sikap sa pagtitig sa tradisyong

katutubo't sinauna dahil malimit na mabulagan táyo ng "Liwanag" na likha ng ating edukasyong Amerikanisado. Napakahirap lumaya. Sadyang maalindog at maningning, makapangyarihan at mapang-akit, ang mga tradisyong naturalisado't Kanluranin. Hindi sapat ang pagkakaroon lámang ng saloobing makabansa upang makaigpaw sa "Liwanag" ng Amerikanisasyon. Malungkot na halimbawa para sa atin ngayon si Agoncillo. Kailangan ang higit na tatag ng kalooban upang ganap na masalungat ang mapanlinlang na bighani ng Amerikanisasyon at ang higit na kagandahang-loob upang itanghal ang sariling dangal at bigyan ito ng higit na mapagkalingang pagsusuri. At hindi bago ang aking panukalang gawain sa pagbása. Sinusundan ko lámang sa bagay na ito ang mga bakás ng saloobing kontra-kolonyal mula sa teksto ni Jacinto.

Ganito ang paglalarawan ni Jacinto, sa pamamagitan ni Kalayaan, sa nakabibighaning alindog ng Kanluranin:

> "Dumating man siyáng nakabihis ng balatkayo ng kagandahan at kabutihan, at mapayapa at magiliw sa kaniyang mga paggalaw at pagkilos, ay nakilála ko kung sino siyá. Nabatid kong ang kaligayahan ng bayan ay nagwakas na; na ganap nang napakò sa kaniya ang kapuspalad na bayan...at inalayan siyá ng mga kapatid ng papuri at halos pagsamba...at ako ay nakalimutan at halos itakwil nang may pagkamuhi at..."

Bilang tagapangalaga ng orihinal na kasaganaan at kaginhawahan ng bayan, matâlas ang pakiramdam ni Kalayaan, mabilis na napagtanto niya ang kunwa-kunwariang kabutihan ng mga dayuhan, ang ningning ng dulot nitóng "Liwanag." Ngunit hindi ang muslak na bayan, ang bayang walang muwang sa panlilinlang. Tinanggap nilá ang nakabalatkayong mananakop, at "napakò" silá sa kanilang katunggakan. [Titigan pa ang naganap: "napakò." Sa panitikang kolonyal, ito ang naging tadhana ng martir na Mesiyas. Sa panitikang katutubo, isang kasabihan din "ang pangakong napapakò" ng estapador o sinumang manlilinlang. Naglalaro sa gitna ng dalawang kamalayan ang pahayag ni Jacinto. Ang kapalaran ng bayan ang "ipinakò" sa kapangyarihan ng mananakop. Ang nabiktima at pinangakuan ang "napakò" sa halip na ang nambibiktimang nangangako.]

Supling na ng pagkapakò si kabataan.

Kahanga-hanga ang "Pahayag" kahit sa pagtatanghal ng pangunahing suliranin ng saloobing kontra-kolonyal. Itinanghal ito ni Jacinto sa pamamagitan ng isang parikala, ang nakatutuwang pagtatagpo nina kabataan at Kalayaan. Parang si Agoncillo si kabataan: Hindi nakilála ang sarili. Ang halos baligho na sa naturang engkuwentro, kailangan pang ipakilála ni Kalayaan ang sarili upang patunayan na isa siyáng bahagi ng gunita ng kabataan. Tulad ngayon, na dahil sa talamak na pagkasilaw ng mga edukadong kabataan/kritiko/mambabasá sa ningning ng Kanluranin ay mapagkakamalan niláng banyaga kung hindi magpapakilála sa kanila ang awtentikong katutubo. Ngunit paanong makapagpapakilála sa atin ang nakalipas? Mula sa leksiyon ng engkuwentro nina kabataan at Kalayaan, ang panukala kong pagbásang kontra-kolonyal ay nangangahulugan ng higit na inisyatiba sa panig ng kritiko/mambabasá. Naghihintay si Kalayaan sa ating masigasig na pagbungkal, naghihintay sa ilalim at bundok ng mga sapin-saping tabon ng basura't buhanging Kanluranin, naghihintay tungo sa ating sariling kalayaan.

[Naaalala ko ngayon ang ritwal nating pag-usisa hinggil sa "kabayanihan" at "dangal ng bayan" tuwing Araw ni Bonifacio/Araw ng mga Bayani. Nagkakaroon ng mga artikulo o *talk show* hinggil sa "pagiging Filipino." Sino ba talaga ang "Filipino"? Nagkakaroon ng mga maiinit na diskusyon, nagkakaroon pa kung minsan ng mga pangakong magsisikap maging "Filipino," ngunit upang ipagpatuloy ang pagiging "di-Filipino" sa mga linggo at buwan bago at pagkatapos ng Araw ni Bonifacio/Araw ng mga Bayani. Bakit nga ba waring kulang táyo sa pag-ibig sa bayan? Siyempre, may magsasabing sinasáyang natin ang mga pagkakataóng tulad ng paglitaw ni Tita Cory. (Gaya ng pag-aksaya natin sa dakilang pagkakataóng idinulot ng Himagsikang 1896.) Ngunit hanggang sa itataas natin ang mga kamay bilang pagsuko at pag-amin sa "katotohanan" na biktima táyo ng edukasyong Kanluranin (na isang maningning na parikala ang pagpaparangalan nating matinik sa Ingles at matalik na kaibigan ng mga Amerikano), na para bang habàng-panahon na nga táyong hindi makaaalis sa pagkapakò sa ating sariling katunggakan. Na para bang imposibleng maging Filipino.]

Ang "Pahayag" ay isang huwaran para sa atin ngayon ng tunay na pagsusuri-sa-sarili na kailangang isagawa't pagdaanan upang maisaloob ang tungkuling mapagpalaya ng Himagsikan Filipino noon at ngayon.

Ngunit mapanganib na gawain ito. Malimit humantong sa hakbanging "natibista" at "folklorista." Marami nang nangyaring ganitong pagkatha sa kahapon na humangga sa makitid na "nasyonalistang barong tagalog" sa ika-20 siglo. Na maaaring bunga rin ng kawalan natin ng malasákit (dahil sa ating matinding pagkabighani sa Kanluranin) sa naturang adhika. Ngunit higit ding dulot ng mababaw na pagkaunawa ng mga tagapag-adhika sa kanilang sarili. Kulang ng masinop at maingat na pagsusuri-sa-sarili, kayâ mababaw rin ang ginagawang pagkilos sa muling-pagkatha ng ating bansa. Dahil purong paglingon lámang ang naisasagawa, nagiging kataká-taká o kakatwa ang pagtanaw nilá sa nakalipas. Hindi nilá nalilitis ang kabuluhan ng nililingon alinsunod sa aktuwal na kahingian at gampanin ngayon. Hindi nilá naitutugma ang gunita ng kahapon sa pangangailangan ng kasalukuyan; hindi nilá natutupad ang halimbawa ng paggunita ni Jacinto sa "Pahayag."

Kakalasan

Dahil may kahandaang kontra-kolonyal ang saloobin ng paggunita ni Jacinto ay higit na pakikinabangan ang kabuluhan ng kaniyang nais iwagayway na pangitaing panghinaharap. Hindi ito basta programang mapanghimagsik ng Katipunan. Sa loob ng wika at balangkas ng "Pahayag," ito ang pagbabalik at pagpapairal ng katwiran. Noon pang bago isalaysay ang kahapon ng mga Tagalog ay idiniin na ni Kalayaan na siyá ang tinig ng katotohanan, ang tunay na katotohanan ng "katuwiran" at kasalungat ng binaluktot na katotohanang pinalaganap ng mananakop, kayâ siyá ang katotohanang hindi maaaring magapi "sapagkat hindi maaaring ang wasto at tuwid ay maging kalaban ng wasto at tuwid." Dumating sa kasukdulan ang engkuwentro sa salaysay nang magwakas ang paglalantad ni Kalayaan sa naganap na kabuktutan ng mananakop at sa kaawa-awang kamangmangan ng sambayanan. Nagwagi na ang kaniyang panig ng katwiran, natupad na ang kaniyang sadya, ang misyon sa arketipo ng naglalakbay na bayani, ang ika-XIX funsiyon sa morpolohiya ni Vladimir Propp. Sa gayon, tinangka niyang lumisan. Ngunit nanikluhod si kabataan na mahabag at muling kalingain ang mga kababayan. Ano ang sagot ni Kalayaan?

> "Unawain akong mabuti. Bagaman hindi mo nababanggit, walang ibang naririnig ang aking tainga at walang ibang nakikíta ang aking mga matá, sapagkat iisa ang pinagbubuhusan at dinaramdam ng aking puso at kung kayâ

maagap akong dumadamay at humahanap sa mga naaapi at tuwing may naririnig na dumaraing. Ngunit walang tao na karapat-dapat sa aking pangangalaga at kalinga kung hindi siyá pumipintuho sa akin at umiibig sa akin, at kung wala siyáng kakayahang mamatay para sa aking adhika. Maaari mo itong ipahayag sa iyong mga kababayan o katinubuang lupa."

Kung bagá sa maikling kuwento, ito ang kakalasan. At hindi nangaral si Kalayaan tungkol sa himagsikan alinsunod sa pormularyong pinipirmahan sa dugo ng mga Katipunero. Sa halip, nag-iwan siyá ng isang mabigat na hámon para sa kabataan at sa mga kababayan. Dumadamay siyá sa lahat ng inaapi; ngunit, at ito ang malaking hámon, kinakalinga lámang niya ang umiibig sa kaniya. At ang pag-ibig sa kalayaan ay tila isang kabanalan sapagkat inaasahan niyang walang-hanggahan. Ang umiibig sa kalayaan ay handang magbuwis ng búhay dahil sa pag-ibig. (Na kung tutuusin ay siyá ring ibig sabihin ng pagsugat sa bisig at paglagda sa sariling dugo ng sumasapi sa Katipunan.)

Ilang Salitâ Hinggil sa Kontrabida

Hanggang sa bahaging ito ay masigasig ang aking pagbása na ipaturing ang diwang kolonyal at Kristiyano bilang kaaway. Ang kontrabidang kailangang puksain sa pamamagitan ng pagbabalik ng bait at katwiran. Ngunit Pansinin: Hindi kailanman binanggit ni Jacinto ang "kolonyal at Kristiyano." Binanggit niya ang "Pang-aalipin" na may malaking titik. Binanggit din niya ang "fraile." Binanggit niya sa tipong italiko ang "*kura*," "*Kastila*," at "*mariwasa*" na mga tagabaluktot ng katwiran. Ngunit upang ipahiwatig lámang ang mga manipestasyon ng mapang-aliping pananakop. Dahil hindi pa ginagamit noon ang "kolonyal at Kristiyano"? Imposible. Hitik sa mga salitâng ito ang tekstong Propagandista. Ang higit na posible, hindi kailangang tukuyin ni Jacinto ang pangalan ng kaaway. Bahagi ito ng bugtong ng tinig ng Katipunan. Hinahayaang ang erehe at filibusterong bahagi ng utak ng madlang mambabasá ang lumurok sa pangalan ng tinutukoy na sanhi ng kasawian ng bayan. Upang silá ang bumigkas sa hindi nilá mabigkas.

Ang Wakas

Kailangang ipinid na ang tabing. Inihudyat ang napipintong wakas ng paglamlam ng tinghoy, ng paghihingalo ng ningas. Ng ganap na paghahari ng dilim? Nagdudulot ng pananabik ang salaysay ni Jacinto hanggang sa pangwakas na pangungusap. Nakabitin kahit ang wakas. Ano ba ang ibig sabihin ng "nagbabágang adhika" na kumikislap sa mga matá ni kabataan?

Ngunit bago sagutin ang pangwakas na usisa, saan napunta si Kalayaan? Sa presentasyon ng "Pahayag," bahagi siyá ng gunita na bumalik sa kamalayan ni kabataan. Kung gayon, nang maglahò siyá pagkamatay ng tinghoy, kinain ba siyáng muli ng dilim? Nagbalik ba siyáng muli sa limot? Limot/gunita. Gunita/limot. Isang piitan ang naturang binaryong estruktura. Isang piitang kailangang igpawan ng maharayang pagbása.

Ang totoo, ito ang pakana ng salaysay kapag naghinto. Wala talagang "wakas," dahil nagpapatuloy ang daloy ng salaysay sa ibang salaysay, sa ibang mga salaysay, maisip man ito o hindi ng mambabasá. Sa daloy ng kasaysayan, halimbawa, alam nating isang episodyo lámang ang istorya ni Jacinto sa higit na mahabàng tanikala ng mga pangyayari bago sumiklab ang Himagsikang 1896. Alam na natin. Alam na natin pati ang isinalaysay ni Jacinto sa "Pahayag." At ito ang parikala sa pagbabasá kahit ng pinakakathang katha. Salungat sa itinuro sa ating pananabik sa magaganap na hindi natin alam, inaakit táyo ng isang salaysay upang tuklasin ang alam na natin. Pagbása natin sa unang pangungusap ng awtor, nagkukunwari lámang táyong walang-muwang sa gagawin niya. Parang panonood sa isang salamangkero na napanood na natin. Alam na natin ang lahat. Ngunit inaakit táyo ng ating pansariling pananabik hinggil sa gagamiting paraan ng salamangkero. Paano ba niya palilitawin ang bulaklak o kalapati? Paano ba isasalaysay ang alam na nating salaysay? Paano? Paano? Iyon ang hiwaga ng katha. Iyon ang hiwagang tinutuklas sa pagbása ng katha. Iyon ang hiwagang sinisikap ding tuklasin para sa madla ng kritisismo. At napakaraming imbensiyon ang awtor, mula sa paggamit ng titik hanggang sa pagbuo ng balangkas, at napakarami pang natutuklasang imbensiyon hanggang ngayon, kayâ hindi tumitigil ang ating pagbása sa kahit nabása na nating akda. Ang tungkulin ng ganitong kritisismo ay dagdagan pa ang paliwanag sa alam na nating imbensiyon ng awtor upang maakit táyong muling basáhin ang nabása na natin.

Sa ganitong paraan kaakit-akit ang teksto ni Jacinto sa kabilâ ng alam na nating dalá-daláng programa ng Katipunan. Hindi siyá nangungunang bait. Hindi niya idinikta ang nais niyang "wakas." Hindi niya, halimbawa, tinukoy na kailangang mamatay na ang tinghoy dahil hindi na kailangan. Kailangang maglahò si Kalayaan (na mistulang Cinderella) ngunit hindi dahil mamamatay na ang tinghoy kundi dahil nagtagumpay na siyáng ipasaloob kay kabataan ang taglay niyang katwiran. Na ang ibig sabihin, muli siyáng natunaw bilang aninong pisikal ngunit ngayo'y pumasok nang isang bagong espiritu sa utak ni kabataan—ang bagong diwang mapagpalaya at mapaghimagsik na magdudulot ng bagong pag-asa—ang tinutukoy ng "nagbabágang adhika" na kumikislap sa mga matá ni kabataan kinaumagahan. Pinagsanib na simbolo ng nawalang tinghoy at ni Kalayaan ang "nagbabágang adhika," ang inaasam pa lámang noon ng teksto ni Jacinto na mitsa at ningas ng Himagsikang 1896.

Kislap-Diwa

Malimit na lumiliwanag ang kabuluhan ng danas pagkamatay ng tinghoy. May mistulang bága na naiiwan sa inla, dumidikit sa utak, kukuti-kutitap, aanti-antilo, nagpapahiwatig, naghuhudyat ng mga hakang anyo, hanggang muling magningas, magbanyuhay...

Panitikang Itutuloy

May isang malaking bentaha ang pagbása sa isang matagal nang ipinabásang akda, tulad ng "Pahayag" na mahigit sansiglo nang nalathala, nagkaroon na ng ibang mga pagbása, at may sarili nang kasaysayan sa loob ng kasaysayang pampanitikan. Higit na malawak ang ipinahihintulot na bista o tanawin sa pagsipat ng pagbása. Ngunit ang pagpapakahulugan, lalo na sa ganitong pagkakataón, ay hindi paglikom lámang ng mga sinag mula sa matagal nang patay na bituin. (May patama ang "Dead Stars" sa gayong kritisismo.) Higit na dapat maging masinop ang pagpapakahulugan upang alagaan ang mga liwanag na hindi nakasilay dahil sa makapal na ulap ng panahon, lalo na dahil sa magdarayang ulap ng prehuwisyo bunga ng nagtutunggaling mga simoy ng pananalig, at upang magdulot ng dagdag na kabuluhan sa akda tungo sa patuloy nitóng pagkabúhay. Kailangan ang muling pagbása sa kahit matagumpay nang binása upang maiwasan ang

pagbibilanggo sa akda/mga akda sa isahang pagpapakahulugan. Naniniwala ako sa makapangyarihang pagbása, ngunit naniniwala rin akong hindi masamâ ang ikalawa, ikatlo, at kahit ilang muling pagbása—Marxista man, sikolohiko, estrukturalista, post-estrukturalista, banyaga man o natibista, atbp—at magdulot man ng mga "malîng-pagbása" (sa pakahulugan man ni Nietzche o ni Harold Bloom), sapagkat gayon "kadulas" ang kahulugan ng salitâ. Gayon "kalalim," tulad ng gabi sa bugtong na hábang hinuhukay ay lalong lumalalim. Sa ganito lumulusog ang kasaysayang pampanitikan. At ikinatutuwa ito ng tekstong pampanitikan.

Nasisipat din sa ganitong pagkakataón kung paano nagpatuloy ang kabuluhan ng isang akda sa pamamagitan ng mga naging muling pagsulat dito sa sumunod na panahon. Nabanggit ko na halimbawa ang pagpapatuloy sa tatlong-yugtong balangkas ng kasaysayan na nagsimula sa "Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog" ni Bonifacio, isinadula sa "Pahayag" ni Jacinto, at itinanghal bilang dula sa drama simbolika nina Aurelio Tolentino, Juan Abad, at Tomas Remigio sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano. Dapat pang idagdag ang awit na kasaysayan ng Filipinas sa *Sa Dakong Silangan* (1928) ni Jose Corazon de Jesus. Sa ibang pagkakataón ay hinaka kong hango sa anyo ng "Pahayag" ang maraming dagling politikal na gaya ng "Maria Clara" (1905) ni Fernando Ma. Guerrero at "Ang Kaakbay sa Daan" (1908) ni Gonzalo C. Malay. Nakatutuwa ring ang retorikang mapang-uyam ni Kalayaan hinggil sa labis na pagluha ay siyá mismong hulmahan ng popular na "Lumuha ka Aking Bayan" (1932) ni Amado V. Hernandez ngunit ngayo'y upang ipang-udyok sa bayang kasalukuyang "nananahimik" sa ilalim ng mga Amerikano.

Maaaring hindi mismo ang "Pahayag" ni Jacinto ang tahasang modelo ng mga naturang muling-pagsulat nitóng ika-20 siglo. Sa halip, maaaring ibang akda ngunit may kawangking anyo't diwa ang nagdulot ng kislap-diwa kina Fernando Ma. Guerrero at Amado V. Hernandez. Iyon din iyon. Ang ibig kong sabihin, ang "Pahayag" ay maaaring ituring na pagkatawan sa isang kodigo ng pagsasanib sa tatlong konstelasyon ng kamalayang nakalukob sa panahon ng pagsiklab ng Himagsikang 1896. Ang naturang kodigo ng pagsasanib ang panitikang itinuloy sa awit ni Jose Corazon de Jesus at sa dagli ni Gonzalo C. Malay. Marami pang ibang maihahanay na pagbúhay sa kodigong kinakatawan ng "Pahayag" kapag lumusog pa ang pagpapakahulugan sa kodigo. Samantala, maaari ding sipatin ang kabilâ at ibang panig. Maaari ding maghanay ng mga akda sa

ika-20 siglo na sumisikil sa gunita ng kodigo ng "Pahayag," na marahil ay siyáng higit na dominante gaya ng mahihiwatigan sa pailalim na pagmaliit sa panitikang Katipunero ni Agoncillo at lalo na sa pagpapairal ng bagong konstelasyong Kanluranin na nagwawaglit sa diwang mapagpalaya. Hindi ba't nabigo nga ang Himagsikang Filipino?

Nagsisimula pa lámang ang aking proyekto.

Nagpapatuloy ang búhay ng akda hangga't pumipintig ang wika nitó. Ang wika bilang anyo't diwa. Ang wika bilang isang ganap na sistema, mula sa kamalig ng bokabularyo, pagpapatunog at sagisag ng mga titik sa salitâ, paraan ng pagsasaayos ng mga salitâ, paraan ng pagpapakahulugan sa mga salitâ, hanggang sa hiwaga ng pananalinghaga na mahirap isalin sa ibang wika, at mga tradisyon at kasaysayang nakakarga sa bawat nabuong pahayag nitó. Bawat akda, sa gayon, ay nakikinabang at matalik na nakapaloob sa naturang lawas ng wika. Kaugnay nitó, tungkulin ng pagbása ang pagkilála sa bahagi ng wika na nakatimo sa lawas ng akda, sa lawas ng wika na kinakatawan ng bahagi ng akda, bahagi ng wika na nakatanim sa bahagi ng akda, o lawas ng wika na sinasagisag ng lawas ng akda. Maaaring maganap ang bawat uri ng pagbása sa iba-ibang pagkakataón at iba-ibang pagbása. Kung ang akda ay isang daloy ng enerhiya, ang titig at sipat ng pagbása ay katulad ng pag-inom, at may prase o pangungusap na dagliang tumitighaw sa uhaw ng pagbása, samantalang may organikong sustansiya na maaaring magdaan muna ang mahabàng panahon bago mapansin ang idinulot na kalusugan sa katawan.

Sa kasaysayang pampanitikan ng Filipinas, isang halimbawa ang wikang Katipunero ng nauntol na pagdudulot ng kalusugan sa kamalayang Filipino. Tinighaw nitó ang uhaw sa diwang mapagpalaya ng mga lumahok sa Himagsikang 1896. Ngunit sinikil ito ng naganap na gawaing kontra-Katipunero pagkatapos ng kudeta sa Cavite at pagpaslang sa Supremo at ng sumunod na mabilisang pagwawagi ng pananakop na Amerikano. Nagsabwat ang mga interes na kontra-Katipunero at Amerikanisasyon upang siilin ang mapagpalayang mga lunggati ng wikang Katipunero. Inilayô sa isip ng sambayanan. Gaya ng simbolikong epekto ng pagsasalin sa Espanyol at sa Ingles ng "Pahayag" ni Jacinto. Ngunit hindi ganap na namatay ang nalugamìng wikang Katipunero. Patuloy na pumintig ang mga bahagi nitó bilang sipi, bilang paggunita, sa pusod, sa gilid, at sa singit ng iba't ibang akdang may nagiging kaagapay na kamalayan hanggang sa kasalukuyan. Palingid o palihim na nangangalaga sa anumang kamulatang

mapagpalaya. Ngunit patuloy ding dinudurog, hinahamak, dinudungisan ng malakas na makinarya ng mapanakop na pagbásang Kanluranin. Na ang ibig ding sabihin ay dinudurog, hinahamak, dinudungisan ang akda't kamalayang may kahit ga-binlid man lámang na katangian ng wikang Katipunero.

Sa ganitong pangyayari, hindi maaaring maging lubhang mapagpaubaya ang pagpapakahulugang Filipino. Kakambal ng pagtatanggal ng sapin-saping dungis at pag-aaruga sa mga piraso ng gunita ay dapat na mahigpit din itong lumitis/umusig ng titig sa bawat dayuhang kasangkapang pangkultura upang mailantad ang mapaniil na bighani at doblekarang layunin nitó. Kung hindi, mabibigo ito; o kayâ, maliligaw ng landas at, tulad ng mga naunang natibistang kilusan, mabubulid lámang sa bangin ng pagsintang didaktiko't sentimental.

Kinaumagahan...

Sa *Noli*, malapit na ang oras ng Pasko, násа batalan si Hermana Rufa at naghahanda para magsimba nang matanaw niya ang pumapailanglang na makapal na usok sa gubat—ang usok ng sigâ na sumusúnog sa bangkay nina Elias at Sisa—at lipos ng banal na gálit siyáng napabulalas: "Sino kayâng erehe ang nagkakaingin sa araw ng pangingilin? Kayâ dumarating ang maraming kasawian! Subukin mong pumunta sa Purgatoryo at tingnan mo kung hanguin kitá doon, salbahe!"

Sa ating kasaysayan, hindi nailibing ni Basilio ang mga bangkay nina Sisa at Elias. Nabulok silá sa gubat ng dilim at panglaw. Hindi dumating ang umaga.

Sirena, Sirena

Katulad ng salitâng "kalayaan," ang kabuuang anyo ng "Pahayag" ay isang anomalya sa kasaysayan ng panitikan ng Filipinas. Parang putok-sa-buho. Sapagkat walang malinaw na pinagmulan, walang pangalan. (Pinagdududahan nga kahit ang magulang.) Parang isang sirenang iniwan ng alon sa dalampasigan ng ika-20 siglo. Sapagkat hindi matukoy ang anyo bilang Lehitimong Panitikan.

Sa Lehitimong Panitikan, tula ba o tuluyan ang anyo ng "Pahayag"? Sa panahong iyon, sa dulo ng ika-19 siglo, ang tula ay mga saknong na may tugma't sukat. Ito ang maningning na halimbawa nina Balagtas at Bonifacio sa harayang Katipunero. Ngunit walang tugma't sukat ang "Pahayag." Tuluyan? Ang maituturing na halimbawa, bukod sa *Noli* at *Fili*, ay ang *Urbana at Feliza*. Ngunit napakaikli ang "Pahayag" para ihanay sa mga nobelang Realista ni Rizal at akdang epistolaryo ni Modesto de Castro.

Malinaw na maikling salaysay ang akda ni Jacinto. Patula? Kung gayon, isa itong tulang tuluyan? Ngunit hindi kapani-paniwalang nasagap din niya ito sa mga Pranses kasáma ng konsepto ng *liberté*. Kahit ang "kalayaan" ay nagdaan muna sa pagkatas nina Rizal at Plaridel mula sa mga Pranses. Ang "tulang tuluyan" ay ni wala sa hinagap ni Rizal. At ni walang rekord na posibleng di-sinasadyang naidaong dito ng mga galeon ang kopya ng *Gaspard de la Nuit* (1842) ni Louis "Aloysius" Bertrand o kahit ang *Le Spleen de Paris* (1869) ni Charles Baudelaire. Si Baudelaire ang nagpangalang *petit poemes en prose* sa kaniyang koleksiyon, ang maituturing na batayan ng salin sa Ingles na *prose poem* at isinalin namang "tulang tuluyan" ng ating mga makatang Modernista nitóng ika-20 siglo. Isa pang posibleng batis Kanluranin ang *Azul* (1888) ni Ruben Dario, na bunga ng kaniyang malabis na pagkabaliw sa mga Simbolistang Pranses, ngunit wala ring ulat kung nakaabot sa Nicaragua ang literasi ng mga Propagandista't Katipunero. Atrasado't nakapakò pa ang paninging matulain ni Rizal kina Becquer at Espronceda. Alam lámang natin na tiyakang binása si Dario ng mga makata natin sa Espanyol at sa Tagalog nitóng bungad ng ika-20 siglo. Hindi natin tuloy maipagbunyi ang akda ni Jacinto bilang lehitimong amain man lámang ng tulang tuluyan sa Filipinas.

Maikling kuwento? Hindi maaari. Bilang *genre*, anak ang maikling kuwento ng Amerikanisasyon. Kayâ sa Ingles sinulat ang "Dead Stars" (1925) ni Paz Marquez Benitez, ang kinikilálang unang makabagong maikling kuwento sa Filipinas. Ito ang bunga ng edukasyon sa panitikang Ingles, na itinuro sa mga paaralang itinatag ng mga Amerikano, at pagkabihasa ng mga edukadong manunulat ng Filipinas sa mga akda nina Edgar Allan Poe, Sherwood Anderson, atbpang modelong Amerikano. Ayon sa opisyal na kasaysayang pampanitikan (ang ibig sabihin, ang kasaysayang itinuturo sa mga paaralan), bago isinilang ang "Dead Stars" ay mayroon lámang mga mala-maikling kuwento, mga protipong salaysay, gaya ng dagli. Maikling salaysay din ang dagli ngunit, alinsunod

sa kritisismong Amerikanisado, hindi "makabagong maikling kuwento." Kung sakali, alinsunod sa pamantayan ng Lehitimong Panitikan, isang dagli lámang ang "Pahayag."

O isang akdang sirena ang "Pahayag," isang akdang di-tula, di-tuluyan, kayâ hindi makitahan ng "tradisyong pampanitikan" ni Agoncillo. Ang "dagli" mismo ay isang pailalim na pagkutya sa naturang pag-akda, upang ipanukala na minadalî, na hindi bunga ng matamang paglilimi, at kayâ hindi dapat ituring na Lehitimong Panitikan. [Biktima ng ganitong prehuwisyo ang buong peryodismo bilang "panitikan ng pagmamadalî" sapagkat may mito na matagal at dahan-dahan ang pagsulat ng Lehitimong Panitikan, sa kabilá ng makabagong sikolohiya na maaaring tumestigo na may harayang sadyang singkupad ng pagong at may harayang simbilis ng kuneho, at sa kabilâ ng mga dakilang halimbawa mula sa higit na minadalîng panitikang pabigkas.] Gayunman, totoong isang higit na mahirap na gawain ang pagsipat sa "tradisyong pampanitikan" ng salaysay kung ikokompara sa tula. Nang simulan ko ang pagbungkal sa kasaysayang pampanulaan ng Filipinas, bagaman nahirapan ay marami akong naging katulong na sandigan. Malaking tulong sa akin ang mga panimulang talakay nina Fray Gaspar de San Agustin, Rizal, at Lope K. Santos sa tinatawag kong panahon ng unang pormalismong Tagalog sa tula. Ngunit walang ganitong paghahawan ng landas sa salaysay. Ang pag-aninaw halimbawa ngayon sa nakalipas bago ang "Pahayag" ay tila panghuhula sa mga fosil at *artifact* ng isang mitikal/mistikal na panahon sa tanglaw ng mga mapangutya't walang malasákit na pamumuná nitóng ika-20 siglo—mga pamumunáng Amerikanisado at nakahanda lámang magpahalaga sa mga katangiang katulad ng itinuro ng napag-aralang teoryang Kanluranin—gaya ng lente ni Agoncillo.

[Hinggil sa sirena, nakakíta si Rae Rival ng ganitong engkantada at inalagaan niya sa tula ang naiwan nitóng balahibong nalagas sa bagwis. Lahat kami sa workshop ng LIRA ay di-makapaniwala. Tagahanga kasi kaming lahat ni Dyesebel. At hindi lumilipad si Dyesebel. Walang bagwis ang sirena. Ngunit iginiit ni Rae na tinugis (o hinaras, mula sa *harass*) ng mga sirena ang mga tripulante sa barko ni Odysseus. Napilitan akong balikan ang aking mitolohiyang Griyego. Tama si Rae. (Sori, Rae.) Ang mga sirena ay mga babaeng tila ibon na nambibitag ng mga mandaragat sa pamamagitan ng kanilang awit. Nakatira silá sa isla ng Anthemoessa ('mabulaklak') sa kipot malapit sa Scylla at Charybdis. Ang anyong Griyego ng kanilang pangalan ay *seiren*, na posibleng mula sa *seira* ('tanikala') dahil

sa kanilang nakabibihag na kapangyarihan o mula sa *seirios* ('mainit' at 'nakapapasò') dahil sa paniwalang may kapangyarihan siláng tuyuin ang bukirin kapag tag-init. Sa Ingles, *siren* (SAY/ren ang bigkas) ang tawag sa *seiren* at iba ito sa *mermaid* (mula sa matandang Ingles na *mere* 'dagat' at *maid* 'dalaga') na babaeng ang pang-ibabâng kalahati ng katawan ay buntot ng isda. Ang problema, kinuha natin ang ating sirena sa Espanyol. Gayunman, ayon sa Real Academia Española, engkantandang babaeng may bagwis din ang orihinal na ibig sabihin ng *siréna*. Nitó lámang nakaraang ilang siglo ipinakabit ito bilang pangalan din ng engkantadang babaeng may buntot ng isda. Ang mas modernong kahulugan lámang ng siréna ang lumaganap sa ating kamalayan. Sa mga hindi nakarinig kay Dyesebel, ni hindi nga nilá alam na engkantadang babae ang sirena. Ang alam niláng sirena ay ang maingay na imbensiyon ni Cagniard de la Tour noong 1819 at popular ngayon, dahil kay Pangulong Noynoy, sa tawag na "wangwang," na isang magandang alusyon sa nakababaliw ding tunog ('nakawawangwang' na awit) ng ambulansiya, kotse ng pulisya, at SUV ng mayayabang na maykapangyarihan sa EDSA.]

Naritong muli ang "masaklap na bunga" ng ating "naugalian" (Tandaan ang hagkis ni Kalayaan laban sa kaugalian?), ng ating nakaugaliang pagkilála sa bagay-bagay, lalo na sa larang estetiko, alinsunod sa taksonomiya't gramatikang Kanluranin at ang kakambal na pagkagitla kapag lumitaw ang isang bagay na likha ng katutubong guniguni. "Milagro!" Hindi táyo iminulat sa katotohanan na maraming batis at walang iisang bukal ang haraya sa buong mundo. Hindi natin tuloy makilála ang ating sariling batis. O mas masaklap, marami sa atin ang naniniwala na wala táyong sariling batis.

Masdan halimbawa ang anyo ng alamat.

Ito ang isang pinakasinaunang anyo ng salaysay ng lahi. Ito rin ang isang unang paraan ng paggamit ng bait at katwiran; sa pamamagitan ng salaysay ay maingat na itinatanghal ang kabutihan at kasamaan, at alinsunod sa sinaunang timbangang moral ay nagwawagi ang tama at bumabagsak ang malî. Sa maraming katutubong alamat, karaniwan nang lumilitaw ang isang diwata o butihing espiritu upang tulungan ang nagigipit na bida o pawalan ang bida mula sa masamâng engkanto. Tigmak tiyak sa ganitong salaysay ang utak ni Jacinto, lalo na ang alamat hinggil kay Mariang Makiling, na tinipon at inilathala ni Rizal sa *La Solidaridad* (23 Nobyembre 1890).

Katipong-katipo ni Mariang Makiling si Kalayaan. (Kayâ kaagad natin siyáng hinarayang isang babae.) Ganito ang sumasambang paglalarawan ni Rizal kay Mariang Makiling:

> (E)ra ella una joven, alta, esbelta, de grandes y negros ojos, larga y abundante cabellera. Su color era un moreno limpio y claro, el *kayumangging kaligatan* que dicen los tagalos; sus manos y pies, pequeños y delicadisimos, y la expresion de su rostro, siempre grave y seria: era una criatura fantastica, mitad ninfa, mitad silfide, nacida a los rayos de la luna de Filipinas, en el misterio de sus augustos bosques, y al arrullo de las olas del vecino lago. Segun creencia general, y contra la reputacion atribuida a las nimfas y a las diosas, Mariang Makiling se conservó siempre virgin, sencilla y misteriosa como el espiritu de la montaña.

Titigan pang muli ang "silfide." Ito rin ang engkantadang pinagwangisan ni Rizal kay Maria Clara. Wari ngang násа isip ni Rizal si Mariang Makiling nang buháyin si Maria Clara. Ito rin ang hindi na nailarawang si Kalayaan, ang anino na may "mabining haplos," "mahinàng tinig, matamis at malungkot," na gumambala sa namimighating si kabataan. Ang pagdalaw ni Kalayaan ay halos kawangki ng mga paglitaw ni Mariang Makiling sa mga maralitang naliligaw sa gubat. Ang pagbabalik ni Kalayaan sa katwiran ay mistulang pagbibigay ng luya—na nakabalatkayong ginto—sa nangangailangan. Ang "Pahayag" ni Jacinto ay maaaring pamagatang "Ang Alamat ni Kalayaan."

May dahilan din kung bakit pinamagatang "Pahayag" ni Jacinto ang kaniyang salaysay. May pinalaganap na prehuwisyo ang mga fraile laban sa anyo't diwa ng "alamat"—likha ng demonyo, alaala ng paniwalang pagano, hindi totoo. Sa panahon ng pananakop, pinalitan ang alamat ng ibang salaysay ng kababalaghan ngunit "totoo" sapagkat mula sa Bibliya o batay sa mga búhay ng mga banal na tao. Hitik mismo ang Bibliya (at ang pasyon) sa mga paglitaw ng anghel (gaya ng tagpo sa Hethsemane). Nililitawan din ang mga apostol, santo't santa ng Simbahan, gaya ng mga nakasaad sa mga librong patula kasáma ng mga metriko romanse na inilalako sa mga palengke't patyo ng simbahan kung Linggo't araw ng pangilin.

Isang paborito ng mga padre ang istorya nina Barlaan at Josaphat na kaagad isinalin sa Tagalog ng Heswitang si Fray Antonio de Borja at nalathala noong 1708. Anak ng hari ng India si Josaphat ngunit hinulaang

kakampi sa mga Kristiyano kayâ ikinulong at pinalaki ng ama sa isang palasyo na naliligid ng kasaganaan. Ngunit inatasan ng Langit si Barlaan, isang ermitanyo, na tulungan si Josaphat. Sa pamamagitan ng himala ay nakapasok si Barlaan sa palasyo at nagkaroon ng sapat na panahon upang aralan si Josaphat sa Kristiyanismo.

Muling inilimbag ang *Barlaan at Josaphat* noong 1837. Sagisag ng patuloy na pagtitiwala sa kabuluhan nitó sang-ayon sa pananaw ng Simbahan. Kung ginamit ito ni Jacinto, masdan na isa ring kabataan si Josaphat at tila isang bilanggo ng pamimighati (at kawalan ng kalayaan), bilanggo sa isang palasyo—na isang huwad na kagandahan at kasaganaan, isang binaligtad na sagisag ng dilim. (Ang nakatutuwa, itinuring at pinaniwalaang tunay na búhay ang istorya nina Barlaan at Josaphat at ibinilang pa sa opisyal na listahan ng mga santo ang dalawa, upang lumitaw ngayon na isa lámang din itong alamat na hinango sa tunay na búhay ni Gautama Buddha.) Gayunman, ang modelo ng salaysay bilang kasaysayan, ang alamat bilang tunay na búhay, ang sinikap pakipaglaruan ni Jacinto sa "Pahayag." Si Kalayaang si Mariang Makiling ay si Barlaan ding lumitaw upang bigyan ng "liwanag" ang isang totoong si kabataan. At nagtagumpay si Jacinto na pagsanibin ang sinauna't katutubong alamat at ang Kristiyanong kuwento ng kababalaghan.

[Isang patunay ng tagumpay ni Jacinto ang nobelang *Ginto sa Makiling* (1947) ni Macario Pineda. Totoong sinundan ni Pineda si Jacinto sa pag-aaruga sa imahen ni Makiling bilang ina ng Kalayaan sa pamamagitan ng pagtitipon (ang bagong Katipunan?) ng mga magiting na anak ng bayan—na binigyan niya ng walang-hanggang kabataan—sa kaniyang lihim na kaharian sa bundok. Sa angkop na panahon, lalabas ang mga bayani ni Makiling upang pagharíin ang kadakilaan sa buong bansa. Isa si Resil Mojares sa mga milenaryong naghihintay sa dakilang pangyayaring ito.]

Ang problema natin ay hindi natin mabinyagan ang ganitong orihinal na gawain ng harayang Filipino. Hanggang ituring natin ang orihinal na isang akdang sirena. Dahil hindi nga kabilang sa mundo ng napag-aralan nating Lehitimong Panitikan.

Sirena, Barbel, Darna

Kung wala táyong impormasyon hinggil sa awtor at kasaysayan ng "Pahayag" ay bakâ isadlak natin ito sa kangkungan ng sangkatutak na kuwento ng kababalaghan noong panahon ng Espanyol. O kung ngayong ika-21 siglo ito sinulat, ihahanay natin ito sa popular na panitikang pinagkakitahan ng komiks at pelikula mulang ika-20 siglo. Sa alinmang pagkakataón, walang posibleng tatamuhing ni kaprasitong paggálang ang akda ni Jacinto sa akademya, maliban marahil sa klase ni Soledad Reyes, ni Roland Tolentino, o ni Patrick Flores sa kulturang popular, ngunit upang markahan ding Kanluranin.

[Sirena nga kayâ ang nakíta ni Rae Rival? Ni walang nag-usisa sa LIRA na bakâ aswang na lumilipad ang nalagasan ng balahibong pinulot ni Rae. Mananánggal? Ngunit lubhang bihag ng Kanluranin (Kristiyanisado't Amerikanisado) kahit ang ating guniguni ng kababalaghan. Nanghihilakbot na kuno sa bampira't táong-lobo sina Vict. V. dela Cruz, C.C. Marquez, at ibang Makata ng Armageddon noon pang dekada 60 at bago nauso ang *Twilight*.]

Narito ang bagsik ng Amerikanisasyon mula sa ika-20 siglo. Sa loob ng maikling panahon ay nairalan nitó ang dalawa sa inabutang konstelasyon ng kamalayang Filipino. Sa pamamagitan ng pormal na edukasyong gumagamit ng Ingles at sangguniang Amerikano kung hindi man gumagamit ng salin sa Ingles, ay napatingkad nitó ang alindog ng akademyang Amerikano bilang bukal at salaan ng karunungang pandaigdig. Sa gayon, nasaniban nitó ang kahit pinakaprogresibong bahagi ng liberal na kamalayang inihasik ng Propaganda at Himagsikang Filipino. Bago magsara ang ika-20 siglo, ang Ingles ang wikang tagapamagitan ng karunungang pandaigdig para sa halos lahat ng edukadong intelektuwal at maykapangyarihan sa Filipinas. Sa kabilâng dako at sa bisà ng makabagong teknolohiya sa ugnayang bayan, nalinang ang pambansa't panlasang popular na sumasamba't nananalig sa kariktan at superyoridad ng produktong Amerikano. Bago sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay parokyano na ng Hollywood at *illustrated magazines* ang Maynila at ibang lugar na may sinehan at bumibili ng *Liwayway*. Bago magdeklara ng Batas Militar ay duplikado na ng mga nausong palabas sa Estados Unidos ang *showbiz* na Filipino.

Si Dyesebel ay si Little Mermaid. Si Kapitan Barbel ay si Captain America o si Superman. Si Darna ay si Wonder Woman. Ipagmamalaki pa marahil ni Mars Ravelo ang gayong paghahambing, bukod sa maaaring nais pumuri sa halip pumuná ang naghahambing. Malakas pa rin ang bahaging relihiyoso (ibig sabihin, Kristiyano, at ibig pang sabihin, Katoliko) ng kamalayang popular. Subalit natutuhan nitóng isanib ang sarili sa lakas ng Amerikanisasyon, o taglay ng Amerikanisasyon ang galíng na itanghal ang sarili nang hindi tahasang sumasalungat sa doktrina ng Simbahan. May mga pagkakataón ng tagisan hinggil sa tabas ng damit, uri ng lip-istik, bra, seks, atbpang mumunting sigalot ngunit "hinihilot" ito mismo ng mga tagapagtaguyod ng Simbahan at ng Amerikanisasyon tungo sa maliligayang pagkakasundo. Ang mas mabigat na alingasngas (gaya ng bakla, diborsiyo, *family planning*) ay idinadaan sa katatawanan, dili kayâ'y pinagdedebatihang walang-hanggan sa kongreso, hukuman, at mga pagtitipon ng mga kagálang-gálang na anak ng bayan.

Sa kalawakan ng ganitong dominanteng kamalayan, imposibleng maging orihinal si Mars Ravelo. Maliban kung iisiping—di-normal. Kapuwa di-normal ang henyo at tonto. Ngunit muli, kung paiiralin ang timbangang Amerikanisado, mga henyo ang awtor ng *Marvel* superhero. Babagsak pa rin ang manggagayang si Ravelo sa píling ng mga tonto.

Ang mas masaklap, sa kalawakan ng ganitong dominanteng kamalayan, tinatamad (wika nga ni Rizal) ang haraya. Bakit ka maghihirap mag-iisip ng naiiba't orihinal? Higit na madalî at nagkakapera ang gaya-gaya.

Subersibo

Titigang muli ang pang-uri ni Jacinto kay Kalayaan—ang "mabining haplos," "mahinàng tinig, matamis at malungkot." Malaki ang posibilidad na hiniram niya ang mga ito sa wika ng pasyon, lalo na sa pag-imahen sa Birheng Maria at bahagi ng malungkutin salamisim. Ngunit upang retokihin, ipailalim sa subersiyon, bigyan ng bagong diwa alinsunod sa bagong adhika. Si Kalayaang "mabini" at "mahinà" ang maghuhunos na si Kalayaang taliba ng katwiran, ang wika ng mapang-uyam at mapanghimagsik. Kahit ang ganitong transpormasyon sa retorika ng pang-uri, kaipala, ay hindi maipahihintulot ng matigas at establisadong wika ng Lehitimong Panitikan. Sa kabilâng dako, ang ganitong transpormasyon at subersibong adhikang isinasagawa sa bawat titik at puwang ng "Pahayag"

ang kailangan pang bungkalin at payabungin ng pagtitig alinsunod sa pagpapakahulugang Filipino.

Hindi ito pagmamalabis. Sa halip, isang karaniwan at makatarungang tungkulin ito ng pagbása. Kailangang maging masigasig bumása sa subersiyon ang pagbása sa subersibong akda. O higit pa, kailangang higit pang subersibo ang pagpapakahulugan kaysa inaasahang subersibong akda. At higit pa, upang maging makabuluhan, higit na kailangang mag-ukol ng panahon ang malikhaing pagpapakahulugan sa subersibong adhika ng bawat akda. Mahigit sansiglo nang sinasáyang natin ang panahon sa pagbása at pagnamnam sa de-lata at xerox. Matagal nang naghihintay ang akdang Katipunero na "tapunan ng lingap."

Lumang Wika

Ngunit maaaring ireklamo ng makabagong pagbása ang uri ng wikang nakatanghal sa "Pahayag," ang literal na wikang sinauna at malayò na sa sensibilidad ng kasalukuyang madla. Saanman tingnan, isa itong "lumang wika" at ibang-iba sa wikang Tagalog ngayon. "Purista," isusumbat ng pangkating Linggwistasero sa UP na mas mahilig sa wikang lansangan at bulgar. At totoo namang napakahirap ang wika ng "Pahayag" para sa tulad nilá. Ngunit hindi silá ang madla ni Jacinto. At wala siláng tiyaga sa kasaysayan ng wika. Hindi rin silá ang inaasahan kong mambabasá ng muling pagsasa-Tagalog sa akda ni Jacinto. Hindi uunlad ang wika sa kanilang konsepto ng intelektuwalisasyon, sapagkat sa likod ng kanilang edukadong utak ay naniniwala siláng kailangang hiramin sa Ingles ang lahat ng karunungan. Ang hinala ko rin, hindi rin silá nagbabasá ng panitikan; tulad ng ibang nagmamadalî, higit siláng interesado sa pinagaan, halaw, at paraprase.

Ang totoo, may mga bahagi ng panghihinà ang aking muling pagsasa-Tagalog kay Jacinto. Hindi ko inihanap ng lumang wika ang tulad ng "idolo ng relihiyon" at "koronang ginto." Napuspos sa Espanyol and dalawang prase, maliban sa "ginto" na isang salitâng Tsino at pumalit sa sinauna't katutubo nating "bulawan." Posibleng hindi ginamit ni Jacinto ang hiram na "idolo," "relihiyon" (*religion*), at "korona" (*corona*). Ngunit hindi dahil sumuko ako sa higit na popular ngayon. Napakadalîng ipalit sa "idolo" ang sinaunang "likha," sa "relihiyon" ang "pananampalataya," sa "korona" ang "putong." Ngunit posible ring ang mga naturang hiram na

salitâ ang násа orihinal ni Jacinto. Kailangang idiin niya ang pagiging huwad ng mga ito, ang pangyayaring hindi bahagi ang mga ito ng kamalayang sinauna't katutubo. Ngayon, kung hindi man ito ang naganap sa orihinal, ang salin ko'y suplemento sa subersibong intensiyon ng akda ni Jacinto. Sa ganitong paraan, itinatanghal ng muling pagsasa-Tagalog ko ang isinagawa ring pagyurak sa dangal ng sinaunang pananampalataya sa tekstong mapanakop. Kapag binuklat halimbawa ang *Vocabulario* nina Noceda at Sanlucar, ang maraming palatandaan ng sinaunang pananampalataya doon ay tinatatakang "*idolo*" o "*supersticion*" sa pakahulugang masamâ at hindi totoo. Ang paggamit sa gayon ng "idolo ng relihiyon" at "koronang ginto" ay isang paraan ng pagtukoy sa konseptong Espanyol at sa pasalungat na pagtuturing sa mga ito bilang banyaga, huwad, at hindi nakabuti sa loob ng panahon ng pananakop, gaya ng ibig sabihin ng teksto ni Jacinto.

Siyempre, ipagbubunyi ang pangyayaring ito ng mga Linggwistasero dahil sa pag-aakalang hindi ko naihanap ng katapat na "puristang" salitâ ang "idolo," "relihiyon," at "korona." Hindi ako magtataká kung ipagtaká nilá ang aking katwiran. May haka ng pagsasalin bilang muling-paglikha. Ngunit may haka ba ng pagsasalin bilang pag-alinsunod sa hakang kalooban ng orihinal? Ano nga ba ang tungkulin at hanggahan ng pagsasalin sa ganitong pagkakataón na nawawala ang orihinal?

Samantala, ang matatawag nating "lumang wika" ni Jacinto ang isang pangunahing tuon ng saliksik sa pagpapakahulugang Filipino. Malaki sa makabuluhang bahagi nitó ang wika ng pasyon. Ang sinakop at ipinakilálang wika ng pasyon. Ang ibig sabihin, malaking bahagi ng alindog ng pasyon sa madla noon ang pagkasangkapan sa bisà at katutubong pagdalumat sa lumang wika. Napakahirap bawiin at palayain ang lumang wika sa gayong pagkapiit. Ang akdang Katipunero, gaya sa pagtatanghal sa "Pahayag," ang isang makabuluhang lagusan. Ginagamit ngunit inuusisa ng akdang Katipunero ang wika ng pasyon, dinadalisay—at napakalaki ng posibilidad na kinakasangkapan nitó ang marikit na pagtitiyap at pagtutugma ng sinauna't ng Kristiyano, ngunit nagtatanghal din ng mga siwang at guwang sa pagkakaiba ng katutubo at ng Kristiyano sa pagpapakahulugan, bukod sa nagtatanghal din sa pasyon bilang bahagi ng makinarya ng pananakop—na di-maiiwasang nagpapagunita, nagpapapintig sa kahapong bago ang pasyon, at nagpapalaya sa "nagbabágang adhika" ng himagsik. Ito mismo ang nais isalaysay noon sa madla ng "Pahayag" ni Jacinto—at naintindihan nilá—ngunit isang hiwagang hindi natin ganap na maunawaan dahil sa matagal na pagkapiit ng wika niya sa

pagkakasalin nitó sa Espanyol at dahil sa mahigit sansiglo nang pagkapiit natin sa pagpapakahulugang banyaga.

Bombilya ng Siyensiya

[Hindi ko rin pinakialaman ang *ciencia* sa salin ni Caro y Mora. Isinunod ko lámang ang ispeling sa tuntunin ngayon: "siyensiya." Bakit hindi ko ginamit ang popular nang **agham**? Dahil, kung sakaling "agham" nga ang ginamit ni Jacinto ay iba ang magiging ibig niyang sabihin kaysa pakahulugan natin sa salitâng ito ngayon. Tulad ng "katarungan" katumbas ng *justicia*, ang "agham" ay itinapat lámang sa *ciencia* nitóng ika-20 siglo. Sa gayon, tulad ng "hustisya" ay malaki ang posibilidad na hiniram din ni Jacinto ang "siyensiya" ng Espanyol at ito ang lumitaw sa nalathalang "Pahayag." Gayunman, titigan pa natin ang pangungusap ni Jacinto ukol dito. Nása bahagi itong ipinagmamalaki ni Kalayaan ang mga kabaguhang idinudulot niya sa mundo, at nabanggit niyang "*nang dahil sa akin ay umiimbulog ang diwa upang siyasatin at tuklasin ang mga hiwaga ng siyensiya...*" Ulitin natin ang "*hiwaga ng siyensiya.*" Tila talinghaga ang turing ni Jacinto sa siyensiya: mahiwaga. O lumilikha siyá ng bagong talinghaga para sa mga kababayan? Waring nais niyang ibaling ang ating diwa mula sa mga sinaunang kababalaghan at misteryo ng relihiyon tungo sa mas kapaki-pakinabang na "hiwaga ng siyensiya"—ang siyensiya bilang bagong sandata tungo sa kaunlaran. Nakatimo sa nabanggit na prase ang pangitaing pangkabuhayan ng Katipunan. O kung sakali, inaanyayahan táyo nitó upang tunghayan pa at tuklasin ang kabuuang programang pampolitika at pangkabuhayan ng Katipunan sa pamamagitan ng "Ang Bayan at ang mga (Gobyerno) Pinuno," "Ang Gumawa," at iba pang akda ni Jacinto, upang mahango táyo sa ating kamangmangan at patuloy na magmaliit sa kaniyang kinakatawang konstelasyon ng karunungan—ang karunungang Katipunero na, lingid sa ating mapangmaliit na pagbása, may mga taglay nang susog sa karunungan ng La Liga Filipina. Kung bagá, nag-iisip na siyá ng liwanag na higit kaysa tinghoy at gasera; higit pa kaysa lampara, naglulunggati na siyá ng bombilya.

Sa kabilâng dako, at kung sakali ngang "agham" ang nása orihinal ni Jacinto at nagkamalî ang salin ni Caro y Mora, may marikit na sinaunang kahulugan ito sa Noceda at Sanlucar:

AGHAM. pc. Conocer a otro por lo que es. *Naaagham.*
El conocido. *Nanagham ang Kapitan ng asal ng mga binata.*

Tumutukoy ito sa pagkilála sa katunayan, gaya sa ibinigay na halimbawa nina Noceda at Sanlucar na pagkilála sa tunay na pagkatao ng kapuwa, at matalik na kailangan upang maunawaan ang kalatas ni Kalayaan. Kailangang "maagham" ng tao ang "malîng pagsampalataya" (may pamagat na ganito ang isang akda ni Jacinto) at baluktot na pamamalakad ng hustisya upang luminaw ang katwiran at bagong katotohanan.]

Pangwakas na Pahayag

Bago ako magwakas, nais ko pang ipaliwanag na ang tinangka kong pagbása kay Jacinto ay isa ring paraan ng pagtatanghal sa lubhang napakalakas na alindog ng Amerikanisasyon. Kung tutuusin, higit pang makapangyarihan ang Amerikanisasyon kaysa epekto ng kolonyalismong Espanyol sa kamalayang Filipino. Hindi lámang nitó pinalitan ang dominanteng posisyon noon ng kolonyalismong Espanyol kundi patuloy na sinisikil at sinisiil ang natitirang puwang para sa kasarinlan ng malikhaing haraya. Pumalit ito sa wika ng kolonyalismo bilang bagong "Liwanag" ng karunungan. Sa pamamagitan ng iba't ibang makinasyon, pinalalaganap nitó ang wikang "moderno," at "global" upang mangahulugan ding "instant," "kompak," "multivalent," "superyor," "sistematiko," "komprehensibo." [Pinalitan din nitó ang ipinang-uri sa katutubo noon bilang pagano at likha ng demonyo. Sa harap nitó, ang anumang wikang katutubo ay "maligoy," "mabulaklak," "mababaw," "sinauna(!)," "lokal," "bernakular."]

Sa loob ng ganitong kairalan, napakalaking hámon at tungkulin ang rekuperasyon ng katutubong kamalayan. Noong una ko itong sipatin sa *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896)* ay naibigay kong halimbawa ang pagsuri sa wika't anyo ng pasyon. Nais kong balikan at usisain pa ang naturang pagsusuri. Ang pasyon ay supling ng kamalayang Kristiyano. Ngunit malaki ang aking hinala na nakatimo dito ang mga alaala ng kamalayang katutubo. (Balikan din ang nauna kong ganitong talakay sa seksiyong "Lumang Wika.") Ito ang magpapaliwanag sa dagliang pagkahalina sa pasyon ng sambayanang binyagan at makapagtataguyod bagaman sa paraang nagsususog sa haka ni Reynaldo Ileto sa *Pasyon and Revolution* (1979) na hinugot mula dito ang mga pangunahing dalumat sa ideolohiyang Katipunero. Nagtatagpo sa naturang akdang popular, para

sa akin, ang kamalayang katutubo at kamalayang Kristiyano ngunit sa anyong Kristiyanisado na ang alaalang katutubo.

[Kristiyanisadong alaalang katutubo?]

Nangyayari ito dahil hindi lahat ng katutubo't sákop ay binubura ng dominanteng banyaga. Bahagi ng mapaniil na gawain ng dominanteng kamalayan ang pag-alipin sa maaaring alipinin sa katawan ng sákop—pinananatiling buháy ngunit nakapailalim at sunod-sunuran sa kagustuhan ng mananakop—sa paraang inaangkin ito, binibihisang tulad ng mananakop, upang sa dulo'y mapagkamalang bahagi ng makinaryang mapanakop at gamitin para sa kapakanan ng mananakop. Sa gayong paraan isinanib (o naging Kristiyanisado) ang ilang alaalang katutubo sa banyagang anyo ng pasyon. Higit na madalî samakatwid na pangalanang "Kristiyano" ang nakatimong kamalayang katutubo sa pasyon, gaya ng ginawa ni Ileto, kaysa tawaging "Kristiyanisado" o patunayang taal at hindi banyaga ang mga ito.

Bilang proseso ng pananakop pangwika, layunin ng "Kristiyanisasyon" na tanggalan ng awtentisidad ang sákop, kahit hindi binubura, tungo sa lubusang pagtanggap sa Awtoridad ng banyaga. Sino ba sa mga mambabasá ngayon ng pasyon ang nag-iisip na mahal niya ang pasyon dahil bahagi ito ng kaniyang alaalang katutubo? Wala na marahil. Binabása nilá ang pasyon dahil silá'y Kristiyano at isang mahalaga't nakaugaliang babasahíng Kristiyano ang pasyon tuwing Mahal na Araw. [Sa Tuguegarao, ipinagdiriwang nilá ang pista ni San Jacinto tuwing Agosto 17. Alam ba niláng Polako o Polish si San Jacinto? Hindi mahalaga sa mga deboto kahit ang tunay niyang pangalan. Ipinagdiriwang siyá sapagkat isa siyáng Kristiyanong santo.]

At hindi lámang iyon. Kaugnay ng pagtanggal sa awtentisidad ng sákop ang dalawang kambal na tungkuling ipinatutupad sa ganap nang nasiil na sákop. Sa isang bandá, ang inaliping sákop ang humahamak o lumalait sa sarili, samantalang sa kabilâng bandá ay pinupuri ang Awtoridad ng mananakop. Ito ang rurok at kaganapan ng mapanakop na kapangyarihan. Ginagampanan ng sákop ang isa sa dalawa o ang dalawa nang kusa at bunga ng taos na pagtitiwala sa kapangyarihan at alindog ng sumasakop, lalo na dahil naging pangarap at mithi na niya ang imahen ng mananakop. Ang sákop mismo ang nagnanais bumura sa katutubo nitóng sarili dili kayâ'y siyá mismo ang bumubura sa mga balakid sa kaniyang

pakikipag-isa sa mananakop. Sa pamamagitan halimbawa ng pag-asam sa higit na mahusay na edukasyon at pantay na karapatang pampolitika ay naikakatwiran ng sákop sa sarili na hindi hadlang ang magkaibang lahi, kasarian, o pananampalataya tungo sa pagsasanib nilá ng pinapanginoon. Ituturing niyang pagsúlong at paglawak ng kamalayan ang pagkakaroon ng kakayahang punahin ang sarili gayundin ang kakayahang maunawaan at mapahalagahan ang superyoridad ng pinapanginoon. Na sa isang dako ay posible. Danga't malimit at karaniwang bunga iyon ng mapambulag at mapanlinlang na "Liwanag" ng pananakop. [O marahil, higit na angkop sabihing bunga iyon ng pagkabúlag ng mananakop sa kaniyang sariling ningning. Gaya ng "pagliligtas sa mga mangmang at pagano." "*Benevolent assimilation.*"] Marahas ang pananakop na pisikal at militar. Higit na marahas at pangmatagalan ang pananakop sa kamalayan at kalooban. Katulad ng nais ko ngayong ilarawang naganap na paniniil sa wika't anyo ng katutubong panitikan sa panahon ng kolonyalismo.

Isang malikhain at edukadong sákop mismo ang sumulat ng pasyong Tagalog at naging modelo ng iba pang pasyon sa ibang katutubong mga katutubong wika. Maaaring isa siyáng pari, gaya ng malimit na akalang ang bantog na si Padre Mariano Pilapil ang sumulat ng pasyong Henesis. Maaari ding taglay lámang niya ang wagas na saloobing ipaglingkod ang kaniyang talino sa pagsulat upang isawika niya ang orihinal na akdang Espanyol. Bilang sákop na Kristiyanisado, nais lámang din niyang ibahagi sa mga kapuwa Tagalog ang kaniyang tuwa sa *pasion* ng mga Espanyol. Ngunit sa kaniyang pagsulat ng pasyon ay kasangkapan na rin siyá sa pagsusúlong ng bagong pananampalataya. Ang pagpupugay niya sa kariktan ng isang akdang Espanyol at Kristiyano ay isa ring makabuluhang hakbang sa pagbura sa alaala ng orihinal na katutubong paniwala at panitikan. Kung paniniwalaan si E. Arsenio Manuel, naglahò ang mga epikong-bayan sa mga Kristiyanisadong pangkatin ng Filipinas dahil pumalit sa gamit at importansiya ng mga ito ang pasyon. Tulad ng mga babaylan at katalona, ang mga epikong-bayan at ibang orihinal na katutubong panitikan ay nataboy sa mga gubat at yungib ng sinaunang pamahiin sa kamalayan ng kolonisadong Filipino.

[Kayâ ang pagkalap ngayon ng sinauna sa píling ng Kristiyanisado ay tila pangangalaga sa isang bahay-kalinga. Natatagpuan ang mga katutubo na marumi, ulyanin, lumpo, ketongin, pulubi, at tigib sa pinsala't kapansanang dulot ng kolonyalismo. Ang mithi kong Bagong Pormalismong Filipino, sa gayon, ay tila pangangarap sa pagdating ng Apat

na Pulubi ng San Roque—ang Pasko sa pagpapakahulugang Filipino, ang pangarap ding sandali na "mabubuksan ang mga matá ng bulág, lilinaw ang pandinig ng bingi; at lulundag na tila usa ang piláy, at ang dila ng dungo ay aawit."]

Naipanukala ko na sa unahan (sa seksiyong "Lumang Wika") ang programang Katipunero bilang isang uri ng rekuperasyon sa alaalang katutubo. Ngunit nabigo ang Himagsikang 1896. Sinalakay ang kamalayang Filipino ng bagong pananakop. Paano siniil ng bagong mananakop ang panitikang Katipunero? Hindi "sinunog" tulad ng Samar. Ngunit tinaguriang "bandido" tulad ni Macario Sakay sa bungad ng ika-20 siglo at ipinagbawal na tulad ng watawat sa bisà ng Flag Law. Gaya ng pagdakip sa mga pagtatanghal ng drama simbolika. Gaya ng kasong libelong isinampa ng isang Amerikana laban kay Jose Corazon de Jesus. Ngunit pag-iral ng pasipikasyon, aktibong isinúlong ng mga paaralan ang Amerikanisasyon. Paano? Sa pamamagitan ng dibdibang pagpapaaral ng Ingles sa mga kabataan upang lumawak ang kanilang kaalaman, kaisipan, at pananaw na pandaigdig (global, ngayon). Naging matalik na kaugnay ng edukado ang pagiging Amerikanisado. Kung ang Filipinisasyon sa burukrasya ay isang paraan ng pag-akit sa mga lider at edukadong Filipino na maglingkod sa pamahalaang kolonyal, nangahulugan din ito ng unti-unting pagwawaglit ng kamalayang pambansa sa panitikan ng Katipunan.

[Kailangang isingit ko ito. Nabása ko kasi ngayong umaga, 12 Disyembre 2010, ang artikulong "Macario Sakay: Hero or Bandit?" ni George M. Hizon sa *Philippine Daily Inquirer*. (Nahahalata ang diyaryo ko tuwing Linggo.) Sinariwa ni Hizon kung paanong isininsel sa kamalayang Filipino ang propagandang Amerikano laban kay Sakay. Ang resulta nitó ay ang pelikulang *Sakay* noong 1939 na itinanghal ang bayani at lider ng Republikang Tagalog bilang bandido at mandarambong. Direktor ng pelikula si Lamberto V. Avellana at prodyuser si Carlos P. Romulo, dalawa sa ating mga Pambansang Alagad ng Sining ngayon. Tinupad ng dalawang National Artist ang kanilang edukasyong Amerikano. Nabaligtad lámang ang pananaw nilá paglabas ng pelikulang *Sakay* nitóng 1993 ni Raymond Red na gumunita sa tunay na kagitingan ni Sakay at itinanghal ang kataksilan ng mga Amerikano. Ngunit bakit kailangang isulat pa rin ngayon ni Hizon ang kaniyang artikulo? At bakit kailangang lagyan niya ng gayong pamagat? Hindi ba't magkahawig sa maraming paraan ang "Macario Sakay Hero or Bandit?" ni Hizon at ang "Bonifacio of History and Myth" ni Ocampo?]

Isang parikala naman na si Alejandro G. Abadilla, Ama ng Modernistang pagtula sa Filipino, ang pagmulan ng usig laban sa mapanlinlang na "Liwanag" ng Amerikanisasyon. Nang malathala ang kaniyang "Ako ang Daigdig" (1940), inatake itong di-tula at huwad na pamimilosopiya ng isang alagad ng pilosopiyang Kanluranin. Ngunit sa pamamagitan ng "Magsusupling Ako sa Iyong Kawalan" ay ganito ang ganting-uyam niya sa makatang kinatawan ng kairalan:

> Ang wala sa iyo
> Ay di makikita sa iyong kawalan:
> Sa kaakuhan ko ang kaliwanaga'y
> Matáng nakadilat ay walang pananaw.

Iginigiit ni Abadilla ang awtentisidad ng kaniyang kaakuhan—ang tawag niya sa taal at sarili—laban sa "liwanag" ng "matáng nakadilat ay walang pananaw," ang hungkag na liwanag ng kawalan na umiiral sa daigdig ng kamalayang Filipino. Kayâ sa isa pang tula, mananawagan siyá sa "Mutyang Dilim":

> Ako'y ilipad mo,
> O! Mutya kong Dilim—sa rurok ng iyong
> Hindi na maabot-tanaw ng liwanag ng mga panahon.

Maaaring higit na nais niyang uyamin ang komersiyalismong nakasandig sa dominasyong banyaga at sumisikil sa lunggati niyang awtentisidad. Subalit bahagi ang hinahanap niya, ang iginigiit niyang kaakuhan, ng nagpapatuloy na paghahanap sa tunay at taal na katauhang Filipino na hindi makagitaw sa maningning, nakasisilaw, at malaganap na "Liwanag" ng hiram at banyaga. Bahagi siyá ng panggigipuspos ng harayang Filipino dahil sa pagkapiit/pagkakaipit sa makinasyong Kanluranin. At maaaring hindi niya namamalayan, ipinagpapatuloy niya sa paraang sinususugan ang talinghaga ni Jacinto.

Huling-Kabit

[Dapat maging leksiyon ang naganap na pagsasalin sa Espanyol sa "Pahayag." Isang suwerte na dahil sa salin ay hindi ganap na naglahò ang akda ni Jacinto. Ngunit mistulang buháy na patay. Walang silbi kundi bilang eksibit sa museong pampanitikan. Kayâ kailangang isaling muli at sikaping ibalik sa orihinal upang muling pakinabangan ang orihinal nitóng alindog bilang akdang Katipunero. Ngunit sa kabilâng dako, bakit isinasalin naman nating lahat sa Ingles ang mga nairerekord ngayong panitikang-bayan? Sagot **1**: Dahil higit nating lunggating magkaroon ng mambabasáng global ang ating katutubong panitikan? Sinasáyang natin ang natitira nating pagkakataon na pakinabangang mabuti ang ating sarili. Bukod pa, at laban sa nabanggit na oryentasyong global, hindi natin naiisip na higit itong papansinin ng daigdig kapag napatunayang ipinagmamalaki at pinahahalagahan ng pinagmulang bansa. Sagot **2**: Dahil higit na dalubhasa sa Ingles ang ating mga mananaliksik at folklorista? Kayâ balewala para sa kanila ang *Jacintina*. Hindi rin nilá kailanman matutuklasan ang orihinal at higit na makabuluhang halaga ng paksa ng kanilang saliksik at ang potensiyal nilá bilang mga propeta ng daratal at kailangang Pasko ng pagpapakahulugang Filipino.]

[Táyo ang pumapatay sa ating mga bayani at lumulustay sa ating natitirang kasarinlan.]

Pahabol

Hindi sinasadyang nasulyapan ko hábang binubuklat si Agoncillo ang kapanganakan ni Jacinto: 15 Disyembre 1875. Kayâ nabanggit ko nang labingwalong taon lámang si Jacinto nang maging tila kanang-kamay ng Supremo. At sinasadya kong isara ang aking pagbása sa "Pahayag" ngayong bisperas ng 15 Disyembre 2010 upang ipagdiwang ang kaniyang ika-135 kaarawan. Ikinalulungkot kong ito lámang ang aking maihahayin ukol sa kaniyang kadakilaan. Wala sa isip ko ang bagay na ito. Bagaman matagal ko nang binalak sulatin ito, nitó lámang nakaraang mahigit dalawang linggo ako itinulak ng aking sipag upang dibdibin ang gawaing ito, at sa kabilâ ng dapat ko ring asikasuhing akda para sa pagdiriwang ng ika-150 kaarawan ni Rizal sa 19 Hunyo 2011. Minulto ako ni Jacinto. At hindi ako

nagsisisi kung mabigo sa aking naunang dedlayn. Alam kong maraming inihahandang pagpupugay kay Rizal sa darating niyang anibersaryo. Alam ko ring higit mong ipagtataká, giliw kong mambabasá, kung bakit tinapos ko itong una kaysa pagpupugay kay Rizal.

Ferndale Homes
14 Disyembre 2010

PAHAYAG*

ni Emilio Jacinto

Isa iyong gabing madilim.

Wala isa mang bituing nakatanglaw sa madilim na langit ng kagimbal-gimbal na gabing iyon.

Ang tahanang katatagpuan sa naturang kabataan ay natatanglawan ng isang tinghoy, na kukurap-kurap at ang liwanag ay nanganganib nang kusang panawan ng búhay.

Sa yugtong halos isuko na ng kabataan ang sarili sa matinding poot at sa pag-iisip na kahila-hilakbot at palagiang gumigiyagis sa kaniyangpuso, na waring nakabaon sa kaibuturan ngunit sapilitan nang ibinubulalas ng dibdib, sa yugtong ito niya naramdaman ang isang mabining haplos sa isa niyang balikat at naulinigan ang isang mahinàng tinig, matamis at malungkot, na nag-uusisa:

"Bakit ka lumuluha? Anong kirot o dalita ang dumudurog sa iyong puso at yumuyurak at humahamak sa iyong kabataan at lakas?"

Nag-angat siyá ng ulo at natigib sa panggigilalas: may kapíling siyá at halos apat na hakbang ang lapit, at nabanaagan niya ang isang anino na waring nababálot ng maputîng ulap ang kabuuan.

"Ay, mahabaging anino! Ang mga pighati ko'y walang lunas, walang katighawan. Maaaring kung isiwalat ko sa iyo ay sabihin mo o isipin mong walang anumang halaga. Bakit kailangan mong lumitaw ngayon upang antalahin ang aking paghibik?"

---

*Dahil sa ilang pagwawasto at paglalagay ng tuldik, maituturing itong ikalawang bersiyon ng aking muling pagsasa-Tagalog sa orihinal na teksto ni Emilio Jacinto batay sa salin sa Espanyol ni Juan Caro y Mora. Nalathala ang unang bersiyon nitó sa aking *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896)*, Sentrong Pangkultura ng Pilipinas,1993; at ikalawang edisyon, University of the Philippines Press, 1997.

"Hanggang kailan," sagot ng anino, "ang kamangmangan at ang katunggakan ay magiging sanhi ng mga hirap at pasákit ng mga tao at ng mga bayan?

"Hanggang kailan kayó makasusunod magbangon pabalikwas mula sa kabulagan ng pag-unawa tungo sa tugatog ng katwiran at adhika? Hanggang kailan ninyo ako hindi makikilála at hanggang kailan kayó magtitiwalang umasa na kahit wala sa aking píling ay maaaring matamo ang tunay at wagas na ligaya tungo sa kapayapaan ng sangkalupaan?"

"Sino ka samakatwid na nagmamay-ari ng kagila-gilalas na kapangyarihan at kahanga-hangang lumitaw at nag-aalay?"

"Ay, sa abá ko! Diyata't hindi mo pa ako nakikilála hanggang ngayon? Ngunit hindi ako magtataká, sapagkat mahigit nang tatlong daang taon magmula nang dalawin ko ang tinatahanan mong lupain at kusain ng iyong mga kababayan na sumampalataya sa mga huwad na idolo ng relihiyon at ng mga tao, ng mga kapuwa mo nilikha, at kung kayâ naglahò sa inyong mga gunita ang pagkakilála sa akin...

"Nais mo bang málaman kung sino ako? Kung gayo'y makinig:Ako ay ang simula ng mga bagay na higit na dakila, higit na maganda at higit na kapuri-puri, marangal at iniingatan, na maaaring matamo ng sangkatauhan. Nang dahil sa akin ay nalaglag ang mga ulong may korona;nang dahil sa akin ay nawasak ang mga trono at napalitan at nadurog ang mga koronang ginto; nang dahil sa aking adhikain ay nabigo at namatay ang sigâ ng "Santa Ingkisisyon" na ginamit ng mga fraile para busabusin ang libo at libong mamamayan; nang dahil sa adhikain ko'y napagkakaisa ang mga tao at kinalilimutan ng bawat isa ang pansariling pakinabang at walang nakikíta kundi ang higit na kabutihan ng lahat; nang dahil sa akin ay natimawa ang mga alipin at nahango mula sa lusak ng pagkalugamì at kalapastanganan; at napugto ang kayabangan at kayamuan ng kanilang mababangis na panginoon; kailangan ako sa bawat naisin at lasapin ng mga bayan at sa ilalim ng aking kalinga ay may ginhawa at biyaya at kasaganaan ang lahat, katulad ng idinulot ko sa Hapon, Amerika, at ibang pook; nang dahil sa akin ay umiimbulog ang diwa upang siyasatin at tuklasin ang mga hiwaga ng siyensiya, saanmang pinaghaharian ko ay napaparam ang mga pighati at nakasisinghap nang daglian ang dibdib na nalulunod sa pang-aalipin at kabangisan. Ang pangalan ko ay KALAYAAN."

Nagulilat at naumid ang kabataan pagkarinig nitó at pagkaraan ng ilang saglit ay sakâ nakapangusap:

"Sapagkat ang mga kabutihan at biyaya mo ay walang kapantay, O kataas-taasang Kalayaan! Papawiin ko ang pighati na nagpapabalong ng labis-labis na luha sa aking mga matá, na ang sanhi ay hindi naiiba sa mga pagdaralita ng aking lupang sinilangan. Kung mapagmamasdan mo ang mga alipusta, mga pangangailangan, mga kautusang dapat tiisin at pagdusahan ng aking bayan ay matitiyak na tutubuan ka ng awa at muling kakalingain sa iyong magiliw at di-mapag-imbot ngunit kinakailangang pangangalaga. Ay, ihihibik ng aking mga kapatid!

"'Ako,' sabi nilá, 'ay nagugútom,' at siyáng nagturo sa akin na pakainin ang nagugútom ay tumugon: 'Kainin ang mga labí at mga mumo sa aming masaganang mga piging, sa aming mariwasang hapag.'

"Sabi ng aking mga kapatid: 'Ako'y nauuhaw,' at siyáng nagturo sa akin na painumin ang nauuhaw ay tumugon: 'Lagukin ang inyong mga luha at ang pawis, sapagkat dudulutan namin kayó ng sapat na kalinga nitó.'

"Hibik ng aking mga kapatid: 'Wala akong damit, ganap na akong hubad' at siyáng nag-utos sa amin na damitan ang hubad ay tumugon: 'Ngayon di'y babalutin ko ang buong katawan ng patong-patong na mga tanikala.'

"Sabi ng aking mga kapatid: 'Nahalay ang aking puri ng isang *kura*, ng isang *Kastila*, ng isang *mariwasa*,' at ang hukom na matibay na haligi ng hustisya ay tumutugon: 'Ang táong iyan ay tulisan, isang bandido at isang masamâng tao: ikulong sa piitan!'

"Sasabihin ng aking mga kapatid: 'Kaunting awa at kaunting lingap,' at mabilisang tutugon ang mga maykapangyarihan at pinunòng makatwiran at mabuting loob kung mamahala: 'Ang táong iyan ay filibustero, isang kaaway ng Diyos at ng Inang Espanya: Dalhin sa Iligan!'

"Pansinin at pagmasdang mabuti, KALAYAAN; pagmasdan at pansinin kung dapat magdamdam ang aking puso at kung may sanhi ang pagluha..."

"Dapat magdamdam at lumuha," tugon ni KALAYAAN sa himig na nangungutya at ginagagad ang mapaghimutok na paraan ng pagsasalitâ. "Lumuha! Lumuha ay dapat kung ang may sugat ay walang dugong maitigis, kung ang mga sukab ay wala nang búhay na maaaring putulin, kung tinatanggap nang ang kawalanghiyaan at katampalasanan sa pagbitay kina Padre Burgos, Gomez at Zamora, sa pagpapatapon kay Rizal, ay hindi nangangailangan ng makatwiran at maagap na paghihiganti, na maaaring mabúhay sa píling ng mga kaaway, at na may mga pagmamalabis na dapat pang ipagmakaawa ng katubusan. Lumuha sa sariling tahanan, sa katahimikan at kadiliman ng gabi, ay hindi ko maunawaan. Hindi ito ang nararapat para sa isang kabataan...hindi ito ang nararapat."

"Ano ang nais, kung gayon, ano ang dapat gawin? Kaming mga Tagalog ay naugali na sa ganoon. Sapol pa sa sinapupunan ng aming ina ay naturuan na kaming magdusa at magtiis sa lahat ng uri ng mga gawain, upasala, at pagkadusta. Ano ang higit na nararapat naming gawin bukod sa lumuha? Wala na kundi ito ang naugalian ng aming pagkukusa."

"Hindi lahat ng naugalian ay mabuti," paliwanag ni KALAYAAN, "may masasamâng kahiligan at ang mga ito'y dapat iwaksi lagi ng mga tao."

Ibig sanang tumutol ng kabataan, ngunit hindi pa niya matiyak ang sasabihin at walang maapuhap na ipangungusap. Sa gayon ay nagpatuloy si KALAYAAN sa pagpapaliwanag.

"Ang ipinahayag ko sa iyo ay ang katotohanan. Walang kautusan na maaaring magpabagsak dito, sapagkat hindi maaaring ang wasto at tuwid ay maging kalaban ng wasto at tuwid, maliban kung ito ay binaluktot. Samakatwid, makinig ka. Noong unang panahon, noong ang karuwagan at pagkaalipin ay hindi pa pumapalit sa magagandang naugalian ng iyong mga ninuno, násа lilim ko ang bayang Tagalog at násа ilalim ng aking pangangalaga, at siyá ay maligaya at sinisimsim ang simoy na nagdudulot sa kaniya ng búhay at lakas ng katawan; tinatanglawan ng aking liwanag ang kaniyang pag-iisip at iginagálang siyá ng mga kalapit bayan. Ngunit isang araw, na dapat ikarimarim at isumpa, dumating ang Pang-aalipin at

nagpakilálang siyá ang kagalíngan, ang katwiran, at ang karampatan, at nangako ng luwalhati sa lahat ng sasampalataya sa kaniya.

"Dumating man siyáng nakabihis ng balatkayo ng kagandahan at kabutihan, at mapayapa at magiliw sa kaniyang mga paggalaw at pagkilos, ay nakilála ko kung sino siyá. Nabatid kong ang kaligayahan ng bayan ay nagwakas na; na ganap nang napakò sa kaniya ang kapuspalad na bayan... at inalayan siyá ng mga kapatid ng papuri at halos pagsamba...at ako ay nakalimutan at halos itakwil nang may pagkamuhi at...Umabot sa akin ang iyong mga hinagpis at natigib ako sa labis-labis na dalamhati at iyon ang dahilan ng aking pagparito. Ngayo'y dapat na akong umalis kayâ't paalam na."

"Huwag muna, Kalayaan," pakiusap ng kabataan nang mákíta siyáng tumalikod at nakahandang lumisan. "Pagbigyan mo muna ako ng kaunting panahon. Naipaliwanag mo ang mga pagmamalabis na pinagdusahan at tiniis ng aking bayan. Hindi mo ba silá maaaring kahabagan at ibalik sa iyong pangangalaga?"

"Unawain akong mabuti. Bagaman hindi mo nababanggit, walang ibang naririnig ang aking tainga at walang ibang nakikíta ang aking mga matá, sapagkat iisa ang pinagbubuhusan at dinaramdam ng aking puso at kung kayâ maagap akong dumadamay at humahanap sa mga naaapi at tuwing may naririnig na dumaraing. Ngunit walang tao na karapat-dapat sa aking pangangalaga at kalinga kung hindi siyá pumipintuho sa akin at umiibig sâ akin, at kung wala siyáng kakayahang mamatay para sa aking adhika. Maaari mo itong ipahayag sa iyong mga kababayan o katinubuang lupa."

Halos katatapos wikain ito, noon lumamlam ang sinag ng tinghoy, na pakurap-kurap ang ningas dahil sa kawalan ng langis...

Kinaumagahan, nang pawiin ng kaliwanagan ng araw ang mga lagim at karimlan ng gabi, may bagay na kumikislap sa mga matá ng kabataan na mistulang isang nagbabágang adhika.

EMILIO JACINTO

(15 Disyembre 1875-16 Abril 1899)

Tinagurian si **Emilio Jacinto** na "Utak ng Katipunan" dahil sa mga sinulat niya para sa Katipunan, kabilang na ang "Mga Aral ng Katipunan ng mga A.N.B." at higit na kilaláng *Kartilya* ng Katipunan. May ganito ring akda si Andres Bonifacio, ang "Katungkulang Gagawin ng mga Z.LL.B.," ngunit ipinasiya ng Supremo na ang hinahangaan niyang sinulat ni Jacinto ang opisyal na ikabit sa dokumento ng panunumpa ng sinumang sasapi sa lihim na kilusan. Gayunman, higit na popular at hinahangaan ang estilo ng pagsulat at matalinghagang nilalamán ng *Liwanag at Dilim*, isang koleksiyon ng mga sanaysay na tumatalakay sa mga diwaing demokratiko't kontra-kolonyalista at nagtatanghal sa pilosopiko't moral na sandigan ng isang rebolusyonaryong kapisanan. Isang bahagi na nitó, ang "Ang Bayan at ang mga (Gobyerno) Pinuno," ang tumatalakay sa mithing balangkas ng pamahalaan pagkatapos mapuksa ang kolonyalismo.

Si Jacinto ang editor ng *Kalayaan*, ang diyaryo ng Katipunan, at sa pamamagitan lámang ng unang labas ay umakit ng libo-libong kasapi. Hindi mahirap isipin na ang mga akda ni Jacinto sa peryodiko ang higit na nagpaalab sa damdamin ng mambabasá at kayâ dumagsa ang mga kasapi mulang 300 hanggang 3,000 bago sumiklab ang Himagsikang Filipino noong 1896.

Ginamit niyang alyas sa kilusan ang "Pingkian." Sa *Kalayaan*, ginamit din niyang sagisag-panulat ang "Dimasilaw." Sa mga sagisag lámang ay mahihiwatigan ang pambihirang hilig ni Jacinto sa liwanag, kung bagá, sa pagdudulot ng totoong liwanag sa kapuwa, at sa pagsalungat sa huwad at magdarayang "Liwanag."

Napakataas ng paggálang ni Bonifacio at ng ibang pundador ng Katipunan kay Jacinto, kayâ kahit napakabatà, 20 anyos lámang siyá nang sumapi, ay nahalal siyáng kalihim ng kataas-taasang sanggunian. Hinirang din siyáng tagapayo ni Bonifacio at itinuring na bunsong kapatid. Sa isang sagupaan sa Balara (násа lungsod Quezon ngayon), ginamit na kalasag ni Bonifacio ang sarili upang hindi tamaan ng punglo si Jacinto. Nadaplisan sa leeg ang Supremo.

Isinilang sa Tundo, Maynila si Jacinto at anak nina Mariano Jacinto at Josefa Dizon. Namatay ang kaniyang ama noong sanggol pa siyá kayâ ipinampon siyá ng ina sa nakaririwasang kapatid na si Don Jose Dizon. Nag-aral siyá sa Colegio de San Juan de Letran at lumipat sa Unibersidad ng Santo Tomas upang kumuha ng abogasya. Hindi niya natapos ang kurso dahil sa tawag ng pag-ibig sa bayan. Pinigilan siyá diumano ng ina, ngunit matatag niyang isinagot na: "Kailangan ng ating bayan ang mga kabataang tulad ko, Ina. Alam kong ipagmamalaki ako ni Ama kung nabubúhay siyá ngayon." Matatas siyá sa Tagalog at Espanyol bagaman higit diumanong mahilig magsalitâ sa Espanyol. Bahagi ng kaniyang mga naiwang akda ang isang tula sa Espanyol na alay sa kaniyang ina.

Nang pataksil na patayin si Bonifacio sa Cavite, ipinagpatuloy ni Jacinto ang pakikibáka laban sa mga Espanyol. Gayunman, tulad ni Heneral Mariano Alvarez ay hindi siyá sumáma sa hukbo ni Heneral Emilio Aguinaldo. Nasugatan siyá sa isang labanan sa Laguna at nabihag. Ginamit niya ang talino upang makaligtas. Nagkataóng hawak niya ang sedula ng isang espiya ng mga Espanyol at nagpanggap siyá na siyá ang espiya. Nang makalaya, bumalik siyá sa Maynila at doon nagpagalíng. Ngunit hindi niya matanggihan ang anyaya ng mga Katipunero sa Laguna, kayâ muli siyáng lumabas sa larangan. Dinapuan siyá ng malarya at namatay sa Majayjay, Laguna sa gulang na 24—isang huwaran ng mandirigmang intelektuwal para sa pambansang kalayaan.

Tinagurian si **Emilio Jacinto** na "Utak ng Katipunan" dahil sa mga sinulat niya para sa Katipunan, kabilang na ang "Mga Aral ng Katipunan ng mga A.N.B." at higit na kilalang *Kartilya* ng Katipunan. May ganito ring akda si Andres Bonifacio, ang "Katungkulang Gagawin ng mga Z.LL.B.," ngunit ipinasiya ng Supremo na ang hinahangaan niyang sinulat ni Jacinto ang opisyal na ikabit sa dokumento ng panunumpa ng sinumang sasapi sa lihim na kilusan. Gayunman, higit na popular at hinahangaan ang estilo ng pagsulat at matalinghagang nilalamán ng *Liwanag at Dilim*, isang koleksiyon ng mga sanaysay na tumatalakay sa mga diwaing demokratiko't kontra-kolonyalista at nagtatanghal sa pilosopiko't moral na sandigan ng isang rebolusyonaryong kapisanan. Isang bahagi na nitó, ang "Ang Bayan at ang mga (Gobyerno) Pinuno," ang tumatalakay sa mithing balangkas ng pamahalaan pagkatapos mapuksa ang kolonyalismo.

Si **Virgilio S. Almario**, ang sumulat ng pagpapahalaga sa "Pahayag" ni Emilio Jacinto, ay isang pangunahing makata't kritiko sa Filipinas. Kilala siyá bilang Rio Alma sa pagtula at hinirang na bigyan ng Gawad Pambansang Alagad ng Sining (*Order of National Artist*) noong 2003. Ang pagsusuring ito ay bahagi ng kaniyang pagbuo ng isang bagong balangkas sa kasaysayang pampanitikan ng Filipinas na naiiralan ng pambansa at makabansang pagtanaw at pamantayan. Una niyang tinalakay ang kabuluhan ng mga manunulat ng Katipunan sa kaniyang aklat na *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896)*. Muli niyang idinidiin ngayon dito ang napakahalagang tungkulin ng akdang Katipunero bilang kawil sa panitikan ng Propaganda at sa nabuong makabagong panitikan mulang ika-20 siglo. Hindi mabubuo ang diwa ng Himagsikang Filipino bilang pinakadakilang yugto sa kasaysayang pambansa kung hindi isasaalang-alang ang sinulat nina Bonifacio at Jacinto.

University of Santo Tomas Publishing House
España, Manila